# 24 SIGNS OF SUMMER
# (c) jonaxx

**Please visit: www.jonaxxstories.blogspot.com**

**24 Signs of Summer After Story: Remembering Summer** soon

# Thank you for reading!

**/* Message from author */**
**sorry for the typos and wrong grammars...**
**it is unedited. it is originally written in notepad.**
**/* Thanks */**

*PLEASE DO NOT REDISTRIBUTE AND DO NOT CLAIM THIS AS YOUR OWN.*

May alam ba kayo kung paano ko sisirain ang buhay ko sa loob lang ng tatlong araw? Masyadong maiksi yun, alam ko pero kapag long-term na ang nangyayaring depression at pagiging buang mo eh magagawa mong sirain ang buhay mo sa loob lang ng ganun ka iksing panahon.

Akala ng lahat na sira na ang buhay ko, pero nagkakamali sila, mas may isisira pa ito at yung talagang total life destruction ang mangyayari.

Sa debut ko ang springboard ng lahat.

March 22, the debut.
March 23, the judgement day.
March 24, the total destruction.

At matatapos ito sa isang nakakalokang pangyayari.

FIRST SIGN~

It started on my birthday. Sunday night. March 22. 18th birthday.

"Pag birthday mo na, ibig sabihin malapit na ang summer!" Sabi ni Gette. Ang long time bestfriend ko.

DEBUT. Bonggang bongga ang nangyaring debut ko. Oscars ang theme at glamorous ang mga bisita. Mas lalo naman ako.

"You came, Gette. Thank you." I traced her arms. Nakakapit ito sa isang guwapong lalaki at mukhang eto na nga ang sinasabi niyang si Rico na boyfriend niya.
"Syempre, Arianne."

Inasikaso ko na rin ang ibang guests ko.

"Summer!" Tinawag ako ng mga classmate ko.
"Yes?" Lumapit ako sa table nila.

Sa table nila, makikita mong nag lalampungan sina Lauren at Kevin, si AJ naman eh text ng text, si Tim naman ay naglalaro sa mga bulaklak, Bianca and Nicole are talking about someone. Gossips.

"Kilala mo yun? Si Gette?" Tanong ni Nicole sa akin.
"Oo. why?" I glanced at Lauren and Kevin. PDA.
"OMG. You know what? She's a whore... Inagaw niya ang bf ng kaibigan ko. My god!" Parang siya ang inagawan.
"Ahhh."
"OMG. Look at Aliyah and Nadine." Sabay turo nila sa dulo ng red carpet.

Kararating lang ng dalawa kong pinsan, ang gaganda at ang sisexy.

"Grabe, masyadong revealing ang soot. Talagang b1tch."

Umalis ako sa table nila. Mga buwisit. Kanina si Gette na bestfriend ko, ngayon ang mga pinsan ko? Siguro ang susunod ako? O baka naman ako ang nauna?

Kung nagtataka kayo kung bakit naging kaibigan ko parin sila kahit ganun na lang ang sumpa nila sa mga iba pang kaibigan ko, eh tanungin mo na lang ang course ko. Wala akong magagawa dahil masyado kaming magkasamang lahat at kailangan kong makihalubilo sa kanila. At yung mga pinsan kong iyon na tinawag nilang b1tches ay upperclassmen naming malakas uminom, mga mga HOT boyfriend, at partayyy girls.

Kasalanan ko ba kung nasa bloodline na namin ang ganoon dahil kahit ako, fan ng party.

"Kamusta ka na? I knew Dave isn't worth it!" Sabi ni Gette sa akin pagkatapos ng debut ko.
"Yeah. She knows that. Pati na rin si Kevin at AJ." Sabat ni Aliyah - pinsan ko.
"Lahat naman sila di worth it eh."

Oo. Walang worth it.

Okay, let's get it started.
My first boyfriend and first love is that Kevin - na nakikipaglampungan sa gilpren niyang si Lauren. Classmate ko si Kevin simula high school at siya nga ang pinaka unang lalaking pinagnasahan ko. Hanggang 6 months lang kami niyan.
My second boyfriend. Siya ang naging panakipbutas ko. Pero guess what? HE CHEATED on me. Sino? Si AJ! Yung may katext kanina sa table. Kung sino ang linigawan niya habang kami? Isang nerrrrddd and cheap na babaeng schoolmate din namin. Syempre, mahal ko na si AJ nun kaya ang sakit-sakit ng nangyari.

Move on.

My third boyfriend. And the most controversial one. Siya ang nagtrigger ng lahat. Siya ang nagpasikat sa pangalang Arianne Summer Romero sa school namin. Siya rin ang dahilan kung bakit isang semester akong wala sa katinuan. Pati na rin ang pagiging subject of issues ko sa school namin at pagtutuligsa sa akin ng mga fans niya. Yes, fans! Ang boyfriend kong isang teen idol na may mga show sa TV at showbiz na showbiz. Isang buwan pa lang ang nakakalipas simula ng ideny niya ako sa harap ng Philippine Television para sa ka loveteam niya. Sobra sobra pa naman ang pang-aaway ng fans nila sa akin.

Sinasabi nilang sana daw mamatay na ako para masaya na ang DaveLindsay loveteam. Ang sama talaga kaya inaway ko sila. Makikita niyo, kayo ang mabibigo! Pero sa huli? Si Dave pa ang lumaglag sa akin? Nang tanungin siya ni Boy Abunda kung sino si Summer Romero sa buhay niya eh sinagot ba naman ni Dave na di niya ako kilala? WALANG HIYA.

"Gumawa ka na kasi ng standards mo para di ka na magkamali. Tsss." Sabi ni Nadine.
"Oo nga."
"Kasalanan ko ba kung madali lang talaga akong naiinlove."

Nakatatlong boyfriend na ako. At lahat sila sineryoso ko. Lahat sila, iniyakan ko. Pero sino kaya sa kanila ang worth it?

Habang nag-iisip ako kung sino nga ang worth it.

March 23.

"Summer! You failed all your subjects this sem!" Agad dumiretso sa kwarto ko si Mommy na kararating lang galing US. "Why did you fail them all? Puro ka kasi party...party! Palagi mong inaasikaso ang pagboboypren mo! So, anong nanyari ngayon? HA?"

I failed all my subjects this sem. Told yah, I'm crazy.

March 24. 2am.

"Let's celebrate! Yuhoooo! Naibagsak mo lahat ng subjects mo!" Nasa loob kami ng bar kasama ang dalawa kong pinsan na si Nadine at Aliyah.

Ginawang katuwaan ng dalawang pinsan ko ang pagbagsak ko.

"Gette, ewan ko kung uuwi pa ba ako sa bahay namin." Humihikbi ako habang nakikipag-usap kay Gette sa cellphone.
"Ano ka ba. 2am na ah? Sabihin mo nalang sa mama mo na aayusin mo next sem."
"Gette, sabi niya kailangan ko raw ng break. Titigil na raw ako sa pag-aaral."
"BREAK! Babalik ka lang sa school pag maayos na, nukaba!" Sabi ni Gette.

OMG.

"Gette. Talk to ya later."

Tumayo ako't mukhang ang gulo ng earth. Parang nahihilo ako.

"Summer, 'you okay?" Tanong ni Kevin.
"Ba't ka andito?" Weird. Hindi naman `to pumupunta sa mga bar eh.

The next thing I knew is that he was kissing me. What the hell?

"Summer!" Tumigil ako't nakita ko si Lauren. Umuusok ang ilong at parang papatay ng tao.
"Lauren," Agad tumakbo si Kevin kay Lauren at nag explain. Pero mukhang di ito pinakinggan ni LAuren.

Sinampal ako ni Lauren at, "Sinasabi ko na nga ba! You're one of them." Sabay turo sa mga pinsan kong nasa table namin. Hindi naman nila napansin. "Napaka desperada mo na para pati si Kevin eh inaagaw mo. Palibhasa iniwan ka ng mga boyfriend mo eh. And my gosh, I know you're still in love with him!" Sabi ni Lauren habang mangiyakngiyak.

Sinampal ko rin siya. Sinampal niya ulit ako.

"Tama na, Summer. You're drunk!" Sabay awat ni Kevin sa aming dalawa.

Oh, yeah.

"Alam kong in love ka parin kay Kevin hanggang ngayon, Summer. Kitang kita ko sa mga mata mo ang pagiging insecure pag magkasama kami kaya wa'g mo ng ideny!" Kumuha siya ng isang drink sa isang table at binuhos sa akin.

Hinila ko na agad ang buhok niya ng walang pag-aalinlangan. Kakabuwisit!

"Tama na!" Inawat na kami ng lahat ng tao doon.

Ano ngayon kung first love never dies nga?

Siguro totoo ngang once you loved a person, no matter how long it had been, there will always be some love left.

Pero siguro din masyado akong deperada dahil sa masaklap na sinapit ko kay Dave. EWAN KO.

Pero ang pinakamasamang nangyari sa gabing `to - nakarating pa kay mama at papa ang nangyari sa bar. Oh great.

SIGN 1~

"Wa'g kang mag-alala, my cousins the owner of that resort." Sabi ni Aliyah sakin.

"Manang Alicia will be watching over you in Sortee."

"Wa'g kang mag-alala Summer, sigurado akong mag eenjoy ka sa Sortee. Maganda dun!"

Panay ang kombinsi nila sa akin na maganda ang islang pupuntaha ko. At bakit ako pupunta doon? HA~ Dahil kailangan ko raw ng break. Okay. Alam kong maganda `tong ideya ni mama dahil summer at talagang dapat akong mag beach. Kaya lang, hindi to two months eh! 8 months ako dun at posibleng hahaba pa.

Ayaw ko kasing sa US kasama si Ate at Kuya dahil baka maging for good na ang pag stay ko dun dahil pati si Mama at Papa eh sasama. Dun na lang ako sa Sortee. Di bale na kung isla lang yun doon at maaring walang signal pero atleast diba, Pilipinas parin.

"Yeah, magtatrabaho ata ako dun."
I heard Gette laughed. "Ows? Kaya mo naman kaya yun?"
"Oo naman, sisiw lang yan. Ang problema ko eh baka mamatay ako dahil sa boredom dun."
"Sayang naman noh, saan nga pala ang tour ng classmates mo this summer?"
"Boracay at Palawan. Kahit na di ako pupunta ng Sortee, di rin naman ako makakasama sa kanila eh dahil binagsak ko nga lahat ng subjects ko last sem."

Yun nga ang nangyari. Nasa bus pa lang ako di na ako makahinga dahil masyadong boring. OH NO!

Tumitingin ako sa labas ng bus habang nakikinig sa iPod ko. I glanced at my phone.

"Message!"

T`was from Kevin: Sorry last night. Are you okay now?

I stared blankly at my phone and tried to delete it. But I just couldn't.

May 289 messages siya sa phone kong hanggang ngayon eh di ko pa na delete. Eto ang mga piling messages na galing mismo sa kanya simula nung kasagsagan ng Dave-break-up moments ko. He comforted me and I leaned on him.

I sighed.

*It's down to this... I've got to make this life make sense... Can anyone do what I've done. I missed life, I missed the colours of the world... Can anyone go where I am.*

I leaned on the mirror.

*'Cause now again I've found myself... So far down, away from the sun. That shines into the darkest place.*

"Yeah, I've got to make this life make sense." Kinuha ko ang ballpen ko sa bag at isang maliit na notebook.

I need to list my standards. Hanggang dito ba naman, iniisip ko parin ang lovelife ko? Syempre, dahil ang root cause ng depression ko't pagkasira ng life ko eh dahil sa lovelife na yan.

Kaya ngayon, I've gotta live by my rules! I know that in one way or another, it's my fault because I gave in to love. Hinayaan ko ang sarili kong masira na lang dahil sa pag-ibig na yan. Kaya ngayon, bibigyan ko ng limitations ang sarili ko. I need signs that will help me identify the person who deserves me.

I sighed deeper, "Ano ba naman `tong mga pinaggagagawa ko? Syempre... impossible naman kung may isang taong makakagawa sa lahat ng signs na gagawin ko?"

AJ? Tsk. Dave. I don't know. Kevin? ... I don't know either.

TAMA! IMPOSSIBLE KUNG MAY TAONG MAKAKAGAWA SA LAHAT NG SIGNS NA IYON KAYA KAILANGAN KO SIYANG I-IMPLEMENT PARA MAGING IMPOSSIBLE NA SA AKING MALOKA ULIT SA ISANG LALAKI! At

dahil walang makakakuha sa signs na yun, di na ulit ako maiinlove! I WON'T BE INLOVE AGAIN! FOR SURE. I promise!

Hinila ko ang stroller bag ko.

"Buwisit! Ang bigat. Ba't ba kasi ako lang mag-isa?" Hinila ko ng padabog ang stroller ko hanggang sa umabot na nga ako sa barkong maghahatid sakin sa Sortee.

Huminga ako ng malalim and then I made the sign of the cross.

Number 1. I wrote.

Teka, ilang signs? 20. Hindi, 24. 24. March 24, the worst day of my life.

Inisip ko na ang mga pinakaweird na pwedeng mailista ko. 24 signs na magtuturo sa akin sa lalaking para na talaga sa akin at di ako sasaktan. Kung sasaktan niya man ako, makakabawi parin.

Later on, I realized that 24 is just... uh... too much. Pero ganun pa man, inubos ko parin ito. "Mas imposible, mas maganda. Mas marami, mas sigurado." Sabi ko sa sarili ko.

White sand. Mainit. Walang buildings. At malayo sa sibilisasyon. I don't know if I'll love this place or just plainly hate it.

*POOOOOOOOOOOOOOOOOOT~!*

"Ay pooootangineeeh!" Sigaw ko habang hinabol ang hat kong galing Taiwan.

Nahulog ito't linipad ng hangin dahil sa buwisit na... ford expedition... na humarang sa daanan ko... O baka naman ako ang humarang sa daanan nun? AH!

OMGEEE~! My hat wassss.... namatay! Nasagasaan ng buwisit.

"AHHHH~! Shuckkks!"

"Miss, is this yours?" Lumabas siya sa expedition at kinuha ang kawawa kong hat.

He handed my poor little hat to me. I can smell his scent... ANG BANGO NIYA kahit mejo malayo pa siya. And the song in my iPod goes like this, *Because i can't sleep til you're next to me. No i can't live without you no more. Oh i stay up til you're next to me ...*

NO! My hat's from Taiwan and his fcuk`n car hit it!

SIGN 2~
Summer: Sinong Lex?

"Uh, yeah, actually." Agad kong binawi ang hat.

He's taller than Kevin. Mas gwapo pa kay Dave. At halatang mayaman dahil sa soot at sasakyan. Pero hindi bagay sa kanya. Ka-age ko lang yata `to pero ganun siya maka-asta't makapanamit.

"Sorry," Tumingin siya sa paligid.
"Uh~ Yeah!" Sabi ko. "Okay LANG! HINDI naman `to galing Taiwan." I said.
"Ahh~. Sarcasm?" Tumaas yung isang kilay niya at para bang matatawa siya.

IWAN KITA RIYAN!

Pumara ako ng tricycle. My god, isa lang ata ang taxi sa islang `to dahil isa lang ang nakita kong dumaan.

"Uhmmm, sa Sortee Beach Club, po." Sabi ko habang papapasok sa tricycle.
"Uh... Malayo yun eh." Sabi ni mamang driver. "Di po ako aabot dun."

Umalis na ang tricycle.

"Stooopid."

Nakita ko yung lalaking nakabunggo ng hat kong naka tingin lang sakin. He is crossing his arms while leaning on his ford expedition.

"Mama naman eh, nung klaseng lugar ba `to." Tiningnan ko ang cellphone ko't nakita kong kakalowbat niya lang.

"Miss, Sortee Beach Club? Turista ka ba?"

Tiningnan ko siyang mabuti. Alam kong gwapo ka pero allergic na ako sa mga gwapo ngayon at di na ko pwedeng makipagclose kahit kaninong lalaki dahil masyado ng sira ang life ko at wala ako sa lugar para i-entertain ang mga lalaki. Kapal ko talaga, eh di naman yan nanliligaw o ano. MAN-HATER!

"Oo.-" Sabi ko nang di ko man lang siya tinitingnan.
"-Naka check-in ka sa Sortee Beach Club, pero walang sumundo sayo?" Tanong niya na parang nagdududa.
"Actually, di ako nakacheck-in or whatever. Magtatrabaho ako dun."

He looked at me from head to foot.

"Magtatrabaho ka?"
"Oo! Bakit ba? Ikaw? Sino ka ba? Turista ka ba?"

Umalis ako sa harapan niya. Nakakainis naman kasi, minamaliit yata ako.

"Miss~" Di ko siya pinansin. "Miss~"

Naglakad parin ako at naghanap ng tricycle na AABOT dun.

"Miss~" Hinawakan niya ang braso ko kaya nang humarap na ako sa kanya, sinapak ko na ng dala kong hat.

"OUCH~, Ano bang problema mo?"
"Ako dapat ang nagtatanong sa'yo niyan eh!"

Baka rapist `to, in disguise lang!

"Bitiwan mo nga ako!" Hinampas ko ulit siya.

Saka niya lang binitiwan ang braso ko.

"Okay, okay. Fine!" Sabi niya.

"Gusto ko lang naman sabihin sa'yo na naiwan mo yun!" Sabay turo sa stroller kong naiwan ko nga sa kinatatayuan ko kanina. "Ngayon, galit ka pa? Kung galit ka dahil nasagasaan ko yan na HINDI galing Taiwan. Eh babayaran ko yan o kung gusto mo bilhan kita ng isang libong ganyan para matahimik ka."

I'm speechless. Ginalit ko ata siya. OMGEEE~!

"Are you Summer Romero?" Bigla niyang tinanong sakin pagkatapos niyang dumungaw sa isang kapirasong papel na hinagis niya rin sa dagat pagkatapos basahin.
"O-Oo."
"Pumasok ka na sa sasakyan ko. Pinakuha ka ni manang Alicia sakin. Maraming tao sa resort ngayon kaya di niya maiwan ang trabaho niya, ako na lang ang kumuha sa'yo." Kinaladkad niya ako papasok sa sasakyan niya.

Nang nakapasok na ako sa sasakyan niya. "Kung ayaw mong sumama sakin, you're free to leave."

Bumaba ako sa sasakyan niya ng walang pag-aalinlangan.

He stared at me, surprised.

"Ha~, bahala ka diyan!" Sabi niya. He looked totally pissed.

"Bahala ka rin."

Umalis na siya't nakatunganga ulit ako sa street. Umiihip pa ang hangin at papalubog na ang araw. MY GOD! Paano ako makakasigurong pinadala nga siya ni Manang Alicia at hindi siya masamang tao? HMP.

Ilang sandali ang nakalipas, may nakita akong taxi. SA WAKAS.

"Manong, sa Sortee Beach-"
"Manong, di na po~" Sabi ng isang boses sa likuran ko.

Lumingon ulit ako't nakita ko ulit ang pagmumukha ng lalaki kanina.

"Ako na ang maghahatid sa kanya." Sabay turo sa Black Ford Expedition ulit.

"Opo, Sir." At umalis ang taxi.

"Ano ka baaaa~ Stupido! Minsan lang dumadaan ang taxi dito-" He handed me his phone.

And,

"Hello, Summer! Di kita ma kontak! Nag lowbat ka ba? Si Manang Alicia mo `to."
Narinig ko ang boses ni manang Alicia na nag-alaga sakin simula nung nagkamalay na ako sa mundong `to.
"Ah, eh. Opo." Lumingon ako sa lalaki at nakatingin lang siya sa sunset.
"Pasensya ka na ah. Na busy ako eh. Sumama ka na lang kay Sir Lex!"
"Sinong Lex?" Tanong ko.
"Yung may-ari ng cellphone na yan. Nukaba! Bilisan niyo't gumagabi na."

LEX? Lex Luthor?

SIGN 3~
Summer: WHATTTT?

Nagdidrive siya ng isang kamay lang ang nakahawak sa manibela. Parang tinatamad.

Ang sarap sapakin. Dapat nga makipagkwentuhan siya sakin ngayon kasi ganun lagi ang ginagawa ng iba sa akin eh. Di siguro tumalab ang beauty ko?

"Ikaw pala yung alaga ni manang Alicia noon?" Tanong niya.
"Oo. Ikaw? Sino ka ba? Turista? Or waiter, perhaps? O kaibigan ka kaya ni Manang?"

Katahimikan. Ay nako, pigilan niyo ako, di ako pinansin ng bruhong `to!

Ilang sandali ang nakalipas, nakatingin na lang ako sa labas at namamangha lang sa tanawin. Ang ganda dito pero bakit hindi sikat?

"Uh, Sorry nga pala kanina." Sabi ko. "Akala ko kasi masamang tao ka, like magnanakaw, kidnapper, rapist..."
"-Rapist?" Napalingon siya sa akin habang napabuntong-hininga.
"Sorry-"
"Sorry saan?"
"Yung... alam mo na... nasapak kita ng-"
"-na di galing Taiwan?" Sabi niya.

Inaaway niya ba ako? O baka naman gusto niya na talaga ng away? Kakainis huh! Alam kong kasalanan ko, pero bakit ganyan siya?

"Don't worry, I'll pay for that." Sabi niya sakin habang nakatitig parin sa daanan at naramdaman kong mas lalong bumilis ang takbo namin.

Galit siya. Oh my.

"Di naman ako naniningil eh! Makakabili naman siguro si mama ulit ng ganun." HA~! Kala mo ha. May pera kami noh.

Pero di na siya nagsalita hanggang sa dumating na kami sa nasabing resort. Anong klaseng lalaki ba `to?

"Summer!!!" Sigaw ni manang Alicia habang yinakap ako. "Sir, salamat po ah." Sabi ni manang sa nasabing Lex.

Nabigla ako nang nakita kong ngumiti yung Lex kay manang at para bang di siya nabadtrip.

"Walang anuman po yun." Sabi ni Lex.
"Sir, kelan po magsisimula si Summer?" Tanong ni manang Alicia.

And again, Lex stared at me from head to foot.

Omy gosh. Don't tell me he is... the what?

"I'll think about it." Sabi niya.

Hindi man lang siya nagbigay ng kahit anong ekspresyon sa mukha niya nang tingnan niya ako.

"Okay po~, salamat Sir Lex!"

So, what? He's the what here?

"Wa'g kang mag-alala Manang Alicia, iniisip ko lang po kung saan siya bagay sa resort. And, uhmmm... manang, drop the 'sir'..." he smiled.

While he's talking, I realized that maybe he's the son of the owner of this resort or maybe the manager, eh? OMY! Nag flashback sakin lahat ng ginawa ko sa kanya kanina.

"...for now, she can stay here for free if she wants too."
"HEHE. Okay, Lex. Salamat."

He waved at nagpunta kung saan. Suplado namannnn sa akin. At sa akin lang talaga huh? Nakita kong bumati pa siya sa ibang turista at receptionsist, pero isnab sakin?

Mehn, insulting. Siguro nga malas ako sa lalaki. Maraming nabibighani sa akin pero in the end sinasaktan lang ako. At etong isang `to kakasimula pa nga lang binabalewala na ako? HMP

"Summer!" Sigaw ni Manang.
"Po?"
"Anong ginawa mo dun? Bakit mukhang badtrip yun?"
"Ha? Badtrip siguro sakin, sa inyo hindi. Tsss."
"Yun nga eh! Nukaba~ Ayusin mo yung pakikitungo mo dun."
"Anak ba siya ng may-ari ng resort na `to?" Tanong ko.
"Siya ang may-ari ng resort na `to."

Natigilan ako. How the hell...

"Tsaka, magpakabait ka sa kanya kasi siya yung magbabantay sayo dito kasi kailangan ako sa farm nila."
"WHATTTT?"
"Oo. Sinabi ko na `to sa mama mo't pumayag naman siya. Sinabi na rin ni Aliyah kay Sir Lex na pupunta ka dito."

WHAAAT? Yung tinutukoy ni Aliyah na pinsan niya na may-ari ng resort na `to eh ang Lex na yun?

NAKAKAHIYA NAMAN! Boss ko pala siya pero ganun ang nangyari kanina? OOOOOOH NO!

SIGN 4~
Summer: Again, no offense.

*KRIIIING*

"Kakabwusit naman, sana pala hinayaan kong nakapatay ang phone ko."

Nagising ako sa ingay ng cellphone ko. Ang sarap pa naman ng tulog ko dito sa kwartong binigay sakin ng Lex na yun.

"Hello~"

No one's on the line?

"Hello? Sino ba `to?"

Bumangon ako't nakita kong ang numero ni Kevin ang nasa linya. It's still 8pm.

Then I saw a note on my bed:
Pumunta ka na lang sa beach cafe. binayaran ko na ang kakainin mo.
pag may problema ka, tawagan mo lang ako o sabihin mo kay Sir Lex. Nasa farm lang ako.
wa'g kang gumala kung saan-saan o makipag-usap kahit kanino.
wa'g ka ring uminom, alalahanin mong alaga parin kita.
si sir Lex na ang magbabantay muna sa'yo, magpakabait ka diyan.
-Manang Alicia

"Summer."
"K-Kevin?"
"Are you okay now?"

Oo nga pala. The sapakan was still as fresh as this island. Kaninang umaga nangyari ang sapakan at isang oras lang ang tulog ko bago ako pinalayas ni mama sa bahay at pinadala dito.

"Yeah. Ba't ka tumawag?"
"I'm sorry." Sabi niya.
"Yeahhh, sira na rin naman yung buhay ko diyan - I mean - sira na ang buhay ko kaya mabuti na rin yun, pandagdag."

I can't tell him I'm somewhere far. At, abah okay din dito ah? May signal din pala?

"Wa'g mong sabihin yan, Summer."
"Kev, let's accept it. I sucked at school, messed up with my boyfriend, and what, betrayed my friend?"
"You did not betray her." Sabi niya.

Natahimik ako.

"I betrayed her... I'm still in love with you."

Oh yeah, Kev then that's great! I went outside my room. Lumabas na rin ako sa Accomodation Block at ngayon nakikita ko ang colorful lights na nasa sea shore.

"Kevin~"
"Summer, nag-usap kami kagabi ni Dave."

Dave's name resounded on my mind. Okay, kitang kita sakin na talagang komplikado ang love life ko. Out na si AJ pero may dalawa pang natitira.

"Kaya daw kayo nag break dahil sa akin."

Speechless.

The truth is... kaya ako na-deny ni Dave sa The Buzz noon dahil nakikita niyang mas palagi kong kasama si Kevin sa kanya. Ang pinakapinagseselosan niya ay si Kevin lang at wala ng iba. Kaya lagi kaming nagtatalo dahil palagi rin naman siyang busy kaya di ko siya masyadong nakakasama.

"Totoo ba yun?" Tanong ni Kevin.
"Kevin, let's forget about everything okay?" Sabi ko.

Ayoko na talaga. I've had enough with all these things. In fact, gusto ko ng magpakamatay dahil masyado ko ng nasira ang buhay ko. At ngayon, ayaw ko na talagang gumawa ulit ng makakapagpasira pa nito.

Being in love fucked up everything in the past. At si Kevin lang sa lahat ng mga ex ko ang di ko pa nakakalimutan - so avoiding him would be the best for me.

"Summer, if you're still in love with me, why don't you tell me? I am still in love with you too."

Ewan ko pero parang kinurot ang puso ko nang narinig kong desperado na ang boses niya.

Pinatay ko ang cellphone ko't tinapon sa pinakamalapit na basurahan.

I didn't even noticed that my tears fell. I've got to be serious with my life now.

"Ang alam ko... worth 20 thousand `to?" Napalingon ako sa nagsalita.

Sir Lex? Este... LEX!

Binawi ko ang cellphone ko. Pinunasan ko na rin ang luha ko bago pa niya mapansin.

"Ba't mo pinulot?" Buti hindi nadumihan ang Cellphone.

Seryoso ako sa pagtapon nun at seryoso na rin ako sa pagbabagong buhay ko.

"Ba't mo tinapon?" He smiled. Yes, he smiled?
"Luma na..." T`was a lie. At alam kong alam niya.

Naglakad ako papuntang cafe na sinasabi ni Manang. Nang nakapasok na ako doon, bumili ako ng pampatulog ko. Di ako ginugutom at sigurado akong di ako makakatulog.

Uupo na sana ako sa isang table kaso puno na ang lahat. Anong klaseng remote island ba `to? Ang daming turista?

"Pwede dito." Napalingon ako sa Lex na nakaupo na sa isang table. May pagkain na rin para sa kanya. Ang bilis atang makapwesto ng mokong? Sa bagay, siya naman ang may-ari.

Pag-upo ko, saka ko pa lang napansing iba ang inuupuan niya at mukhang reserved na talaga para sa kanya. Sa bagay ulit, siya naman ang may-ari.

Umupo na ako sa harap niya... this is weird but, whatever.

"Di ka ba kakain?"
"Di na." Uminom ako ng nasabing 'pampatulog'.
"Ilang taon ka na ba?" Tanong niya habang tinitingnan akong umiinom.
"Legal na ako kaya pwede na ako nito."
"Kung pinsan ka ni Aliyah, maaring kahit nung di ka pa legal, eh umiinom ka na."
"Excuse me, sana di ka maoffend pero... can you mind your own business?" Sabi ko habang tinatawag ang waiter para mag-order pa ng mas maraming alak. "Kumain ka diyan, iinom ako dito... that's it!"

Nakatitig lang siya sakin nang nakangiti.

"Again, no offense."

"Hmmm, okay." He smiled again.

Bakit nag-iba ulit ang ihip ng hangin ngayon? Kanina lang eh badtrip `to sakin at ngayon, mukhang di nagalit.

SIGN 5~
Summer: Excuse me.

"...Tapos ayun... nag break kami." Ewan ko kung bakit ko sinabi sa kanya lahat ng problema ko, siguro kailangan ko lang talaga ng makakausap sa mga sandaling ito.

Something shined from his ears. Kaya hinawakan ko ang tenga niya.

"Eh? You have an earing? Ngayon ko lang napansin." Sabi ko.

Nahawakan niya rin ang kamay ko, "Yeah~"
Inalis ko agad ang kamay ko sa tenga niya.

He's just staring at me at di ko na nababasa ang ekspresyon niya dahil umiikot na ang paligid ko sa paningin ko.

"Binagsak ko lahat ng subjects ko for last sem kaya eto ako ngayon, pinalayas sa bahay. Ngayon, kailangan ko pang magtrabaho para lang makakain sa lintik na islang `to." Sabi ko habang sumasandal sa mesa.
"Ba't mo naman kasi sineryoso masyado yung mga yun? Wala ka bang pakealam sa buhay mo?" Tanong niya.
"IKAW! Di mo kasi alam yung feeling ko nun eh. Ikaw siguro wala kang sineryosong babae? Kaya nga ngayon- pssssttt..." Tinawag ko ang waiter. "Isa pa!" Sabay taas ng kamay.

Binaba ni Lex ang kamay ko.

"-Wa'g na!" Sabi niya sa waiter.
"Hoyyy!"
"Andami mo ng nainom." Sabi niya at seryoso ang mukha niya.
"Ah basta, kakabwuisit kayong mga lalaki kayo! Sinisira niyo ang buhay ko. Kaya ngayon? Ayoko ng makipagkaibigan sa kahit sinong lalaki. At ikaw? Tsss. Pareho ka lang sa kanila - mga panira! Kaya... ngayon, alam mo? Gumawa ako ng listahan..."
"Tama na..." Sabi niya.
"Listahan ng mga signs. Ay, di ko nga pala dapat sinasabi yun sayo... Ah okay lang, kasi impossible naman yun at tsss... impossibleng impossible."

Ewan ko kung bakit pero binuhat niya akong bigla.

"Ano ba. Bitiwan mo ako! Ibaba mo ako!"
"Tumahimik ka nga diyan!"
"RAPIST!"
"Tahimik sabi!" Nabigla ako dahil malakas na masyado ang boses niya pero masyadong kalmado na parang ako din eh napapakalma.

"Humanda talaga kayong mga lalaki kayo, maghihigante ako't sasaktan ko kayo ng todo-todo!"

*BLUWAAAA~~!*

Nagising na lang akong bigla na nasa kwarto na ako. Bumangon ako't naramdaman ko agad ang sakit ng ulo ko. Hang-over? Ano bang nanyari kagabi?

Ahhh, ang huling naaalala ko eh binuhat ako ni Lex at binanggit ko sa kanya ang tungkol sa signs!

Agad akong bumangon at tiningnan ang bag ko kung andun pa nga sa lalagyan ang notebook na sinulatan ko nito. Andun nga! I sighed.

"Ba't ko naman maiisip na ninakaw niya `to? Loka!" I laughed at myself and reviewed the signs.

24 (impossible) signs
1. may sports car siya.

okay, una pa lang masyado ng demanding!

2. he'll chase me with his sports car.

continuation?

3. masusukahan ko siya.
4. papagalitan ako sa sobrang pag-inom.

mas simple, pambawi sa mga nauna.

5. mapuputulan ako ng takong na kasama siya.

like, this would happen?

6. kinanta niya ang kantang gusto ko.
7. he'll dance with me (sweet music).

uh-oh.

8. He'll gimme a heart-shaped chocolate.
9. He'll give me three roses.
10. he'll kiss me on the rain.
11. he'll introduce me to his parents.
12. pasado ako sa at least tatlong subjects sa panahong kilala ko na siya.
13. aaminin niya sa aking mahal niya ako - of course, before I do.
14. he'll cook for me.
15. he'll cry in front of me.

mejo masakit na sa isipan `to.

16. inakbayan niya ako in public.
17. he gives me a balloon.
18. He'll take a picture of me.

simple ulit.

19. tatanggapin siya ni mama at papa.

pinakamahirap.

20. ililibre ako sa isang mamahaling restaurant ng kahit anong gusto ko.

as in.

21. he'll catch me when i fall.

literal or not!

22. he'll choose me over another girl.

of course!

23. may earing siya.

para cool!

24. kapag pinunasan niya ang luha ko kapag iiyak ako.

Of course, mangyayari ang lahat ng ito bago ko siya sasagutin o bago maging kami. Impossible, these signs.

Napabuntong-hininga ako't ininda ulit ang sakit ng ulo ko.

"Oo nga pala. Di pa ako kumakain, ginugutom tuloy ako."

Lumabas ako ng Hotel at pumunta ulit sa cafe nang nasalubong ko ulit si Lex.

"Ahh... Pasensya na nga pala kagabi ah?"
He stared at me na para bang may utang ako sa kanya.
"Salamat na rin sa paghatid sa akin sa kwarto." Kasabay kaming naglakad patungong Cafe.
"You're welcome. Uh... hmmm" Tumawa siya nang nakita niya ang soot ko.
"Bakit?"
"Wala. Narealize kong ako lang pala talaga ang sinukahan mo, walang bahid ng suka ang damit mo eh."
"Nakuuu, sorry ah."

Umupo na kami sa loob ng Cafe, magkasama ulit kaming dalawa.

"Uh, kelan ako magsisimula?" Sabi ko habang sinusubo ang pagkain.
"Idunno. Pag iisipan ko pa. Don't worry. Your stay here for 1 week is free."
"Huh? Ayoko ng ganyan, magkakautang na loob ako sa'yo. Tsaka, wa'g mo ng pag-isipan nukaba!"

He stared at me blankly. LOL.

"Well, anyway... Kung ayaw mo... Wala na akong magagawa." Tse! Suplado parin nito. Kala ko magkaibigan na kami.
"Kung ayaw ko, di ka naman makakabayad hindi ba?" Sabi niya.
"Makakabayad ako noh, marami pa naman sigurong resort dito. Doon na lang ako magtatrabaho sa kanila, duh!"
"Lam mo? Ang arte mo. Hindi ka ba natatakot na di kita tanggapin dito sa resort ko dahil sa ugali mo?"
"Duh! Kung ayaw mo sa ugali ko, anong koneksyon nun sa pagtatrabaho ko? Di naman ang ugali ko ang gagamitin dun eh." I rolled my eyes.

Yes, I know I'm talking to my boss. HMMM, sinasabi kong magbabagong buhay na ako pero di ko parin pinapanindigan. So, I guess I'll start it with uhhh avoiding guys? Yes! Avoiding guys.

Kumain na lang siya at di na pinansin ang huling sinabi ko. Tinitigan ko siya habang kumakain.

Yes, Summer. Avoid boys! And the guy in front of you is a boy. You should definitely avoid him.

"Oh my gosh!" Napatingin siya sakin, surprised. "Oh my gosh!"

OH MY GOSH! Sinukahan ko siya? It's one of the signs right? RIGHT?

"What?" Sabi niya habang nakatitig sakin.

My jaw dropped.

"Excuse me."
"Hey, what's wrong?!"

I left him without a word. At habang tumatakbo ako papalayo sa kanya, na realize kong dalawang signs agad ang nakuha niya in less than 24 hours! Uh-oh, this is dangerous!

SIGN 6~
Summer: Excuse me.

Ugh, ginugutom na ako. Naglakad ako pabalik ng hotel. Pagkatapos niyang kumain doon, saka lang ako kakain? Ano ba naman `tong nangyayari sa akin o. Hindi naman siguro problema yun diba? Possible din namang makuha niya ang kahit dalawa hanggang limang signs at hanggang doon lang yun. Bakit nagpapanic na ako dahil nakuha niya ang dalawa? Iniiwasan ko na siya kahit dalawa pa lang yung nakukuha niya? Tsssk, mali yun eh-.

Linagay ko ang kamay ko sa noo nang nakapasok na ako sa hotel.

"Excuse me, miss." May lumapit sa aking babae.

Mukhang receptionist ata ng hotel. I think she's in her early twenties and she's wearing the uniform of the hotel.

Tumigil ako sa paglalakad at humarap sa kanya.

"Ikaw ba yung binuhat ni Sir Lex kagabi?"
"Oo. Bakit?" Ako naman yun di ba? Wala naman sigurong iba.
"Sino ka ba? At bakit parang linalandi mo si Sir Lex?"
"E-Excuse me?" Parang gusto kong tumawa.

Siguro girlfriend niya `to?

"Ang alam ko magtatrabaho ka rin dito sa resort na `to. Bakit kailangan mo pang mag check-in sa hotel na `to at sa tabi pa ng kwarto ni Sir Lex!" Sabi niya at mukhang nagiging hysterical.
"Sandali, sandali... Kung ano man yung iniisip mo, nagkakamali ka. Kahapon lang kami nagkakilala ng Sir Lex mo't..." Don't wanna involve myself in anything like relationships anymore. "oo, magtatrabaho ako dito. MAGTATRABAHO. Hindi makikipag landian."
"Mabuti na yung nagkakalinawan tayo..." Lumingon siya sa paligid at sinaway ang mga babaeng empleyado din ng Hotel na nakikinig sa usapan.

Mukhang kinaiinisan ang babaeng kaharap ko dito ah.

"Ang feeling naman, di naman sila ni Sir...." Sabi ng isang may dalang feather duster.
"Hoy! Anong sabi mo?" Sigaw niya.

Umalis naman agad ang mga babae at nagpatuloy sa gawain.

"Di naman pala kayo ng Sir mo~" I laughed. HEHE. SIR...
"Shut up!" Sinigawan ba naman ako. "Sa bagay, ba't naman magkakaroon ng interes si Sir sa'yo eh mukhang may gatas ka pa sa labi."
"Huh? Bakit? Anong interes ng Sir mo? Yung mga gurang?" I rolled my eyes.
"Aba't talaga naman noh? How dare you call me that."

Cat fight? Oh no~ not again.

"Tinawag ba kitang ganun?"

She crossed her arms, "Ang mga gusto niya ay yung mga may pinag-aralan tulad ko, at di yung mga tulad mong... ilang taon ka pa?"
"I'm 18 and legal... ngayon ko lang nalamang gusto niya pala ng mas matanda sa kanya."

Natigilan siya.

"Huh? Mas matanda sa kanya? Sir Lex is already 24! I'm just 23. At ikaw? Di ka pa ata nakatapos ng high school eh-."

Whaaat? He's... He's 24? 24... that number. ERRR.

"Andito ka lang pala." Sabi ni Lex na para akong nabilaukan ng narinig ko siya. "May problema ba, Kate?" Tanong niya sa receptionist.
"Ahhh. Err, wala po."

"Excuse me." Umalis ulit ako.

Lumabas na ako ng Hotel para bumalik sa Cafe. I am hungry. I need food.

"Summer!"

Let's just pretend that I didn't really hear him. LALALA~

"Summer!" Hinawakan niya ang braso ko. "Anong problema mo?" Hinarap niya ako.
"W-Wala..."

I can't look at him. Yeah! Wala! Nag iinarte lang naman ako kasi nakuha niya ang dalawang signs agad. Well, I do know that I can't avoid him. It would be weird.

"Wala!" I laughed. "Sumakit lang ang ulo ko. HEHE. Kanina..."
"Tssss. Akala ko pa naman kung ano na... Lika na, sasamahan kitang kumain sa Cafe."
"Hu-Huh?"

Nauna na siya sa paglalakad.

Oh geeez, yeah. Mabait na naman siya?

May mga babaeng dumaan na ngumingiti sa kanya't ngumiti din siya sa mga iyon.

Hindi. Talagang mabait siya. Maybe I had the wrong first impression of him. SIGH.

SIGN 7~
Summer: Nahh.

He didn't have sports car and he will never be at school with me. That's two things I know for sure na hindi niya makukuha sa 24 signs. YEAH, right.

Sinubo ko ang kanin. Ang sarap pala ng pagkain dito. Ang sarap sanang lumamon ng lumamon kaso nakakailang naman kung nasa harap ko `tong misteryosong `to.

"Uh, you are 24 years OLD?" Sabi ko habang uminom ng tubig.
"Oo." He smiled. "Bakit? Kala mo teenager?"

Muntik na akong mabilaukan.

"Ahh. Di naman. I just thought-"

Tumaas ang kilay niya at hinihintay ang dugtong ko.

"-you're younger."

Kumain ulit ako at tumingin sa paligid.

"Dami palang turista dito ano?"
"Yeah."
"Pero bakit di `to masyadong popular?"

Nagkibit balikat siya.

"Uh, magkano ba yung stay ko sa hotel na yun at babayaran ko..."
"It's free." Sabi niya.
"Tsss. Mahal ba ang accomodation dito? Mababayaran ba ng sahod ko ang isang gabi ko sa hotel niyo?"
"Uhhmm, depende kung anong trabaho."

Tinitigan ko siya't mukhang nagdadalawang isip siya.

"--hindi."

I sighed.

"What? Kung ganun, saan ako pupulutin neto? Malayo ba ang bahay nina Manang sa resort na `to?"
"You can stay here for free."
"Wha-"
"Ang sabi ni Aliyah, magtatrabaho ka para may kainin ka dito, hindi para may tuluyan ka. Libre na ang hotel fee mo."
"HA?"

Magkarugtong pala ang mga buhay namin dito sa resort na `to. GRRR.

What a stuuupid idea.

"Gusto ko sanang ako na ang magbayad ng lahat ng gastusin ko dito. Why do I have to rely on you..."
"Okay... Okay... I know what you're saying. Wa'g kang mag-alala, wala yang kapalit. And you are not relying on me."

Napakamot ako sa ulo ko.

"Kelan nga ulit ako magsisimula?"
"Next week."
"Saan ako magtatrabaho?"
"Ikaw... kung saan mo gusto."

KUNG SAAN KO GUSTO? Oh yeah! Tumayo ako.

"Saan ka pupunt-"
"HEPHEP... Wa'g mo kong sundan."
"Hindi kita susundan, tinatanong ko kung saan ka pupunta."
"Idunno." I glanced at him. Tumatayo siya't ayaw nga talaga ata akong lubayan. "I just don't want you around with me." I know that hurts. That won't hurt. LOL

Hinalughog ko ang resort MAG-ISA. Barbecue girl, ice cream seller, bantay ng pedalo hire, at kung anu-ano pang mga trabaho ang nakita kong papasukan.

I'm actually thinking if I could be a LIFEGUARD! hahaha. Oo, gusto ko yan. Since marunong naman akong lumangoy, kaya ko yan. Bukas, pupuntahan ko ang headquarters nila at mag-aapply. Pero kung may bar dito, pwede na rin ako dun... waitress. Diba?

Naglakad ako pabalik ng hotel nang nakita kong may bar nga. Gabi na kaya bukas na siya, syempre... papasok ako sa loob. Let's see what it looks like.

This bar is OMG, first class! Lahat ng tao mukhang mayayaman at turista. Ang ganda dito super... may DJ pa at ang ganda talaga.

Tiningnan ko ang uniform ng mga waitress. Not bad. Ang soot nilang skirt eh maiksi, pero mas maiksi parin ang soot ko ngayon kaya kayang kaya ko dito.

"Excuse me, have we met before?" May umupo sa tabi kong mejo matandang foreigner.
"Uhh, hehe, no, I think we haven't."

"Waiter... give her a Martini." Sabi ng foreigner sa waiter.
"Uh, thanks." Linapag naman agad ng waiter ang martini sa harap ko.

The foreigner leaned towards me, "So, how old are you?"

Grabe, tumindig lahat ng balahibo ko nang nakita kong masyado na siyang malapit sa akin at hinahawakan pa ang baywang ko.

"Uh, I'm 18." Ininom ko ang Martini.

Pero syempre, di ko inubos kasi balak kong buhusan siya nito pag may hinawakan pa siyang iba sa akin.

"Oh, you're still 18? Do you have a boyfriend?"
"Nahh."

Ngumisi ang foreigner habang tinitigan ang mga labi ko.

*The way you look at me... The way you touch me... The fire in your eyes... Swear it makes me shiver inside...*

Kukunin ko na sana ang baso ng martini para ibuhos sa kanya nang naramdaman ko na ang hininga niya sa pisngi ko pero...

"Excuse me, Sir..." Napatingin ang foreigner sa nagsalita.

Nanlaki ang mga mata ko nang nakita kong nakatayo si Lex at nakatitig sa foreigner na para bang babalatan niya ng buhay.

"If you don't mind... I...-"
"You are her boyfriend?" Tanong ng foreigner. "She said she had no boyfriend..."
"Ahaha. Of course, she doesn't have a boyfriend." Sabi ni Lex habang sumulyap sakin.

Kinalas ko ang kamay ng foreigner sa baywang ko.

"I'm her husband."

HUH?

"Oh. I'm sorry... I didn't-"

Tinitigan ni Lex ang foreigner at nakikita ko sa mukha niyang pinipigilan niya ang sarili niyang manuntok. Pero sa mukha niya ngayon, mukhang di niya kayang pigilan ang sarili niya kaya kinaladkad ko siya papalabas sa bar.

SIGN 8~
Summer: So-Sorry, Lex.

"Ba't mo hinayaan ang sarili mo doon?" Sigaw niya ng nakalabas kami.

Now I'm feeling the aura of the other Lex. Yung naghatid sakin dito sa resort na `to.

Sinundan mo ba ako?

Look, I want to ask that pero parang nagka El Niño sa throat ko't ayaw lumabas ng mga salita. Kaya nakatingin lang ako sa kanya.

Hinead-to-foot ulit ako.

"Ganyan pa ang soot mo. Paano kung wala ako dun kanina?"

Napabuntong-hininga siya't mukhang galit na ulit sakin.

"Ayos ka lang ba?" Hinawakan niya ang magkabilang braso ko't tinitigan ako.

Ba't ang bait niya?

"Uh. Oo naman!" Sabi ko.

Binitiwan niya ang braso ko at tumango.

"Kumain ka na..." Tinalikuran niya ako at naglakad papuntang Cafe. "Sumabay ka na sa akin."

Okay, Summer... he's kind because you're his cousin's cousin. Binilin ka sa kanya... and all that. Don't be amazed with his gentleness or anything, got that?

"Uh, salamat nga pala." Sabi ko habang tahimik kaming kumakain.

Tumango siya at nagpatuloy parin sa pagkain. No comment?

"Uhhh, iniisip konggg..."

Tinitigan niya ako pagkatapos niyang pinunasan ang bibig niya ng panyo.

"...doon sa bar magtrabaho?"

Muntik na niyang mailuwa sa akin ang tubig na iniinom niya.

"Doon?"
"O-Oo."
"HAH, di mo ba nakita ang nangyari kanina?"
"E-Eh... Maganda doon eh."
"Di pwede." Sabi niya.
"Pero bakit? Sabi mo kanina okay lang kahit saan?"
"Kahit saan, wa'g dun!"
"Pero kung hindi doon, saan pa?"

Tinitigan niya na naman. Para siyang tigre na sinasabi sa isang pusa na mas malaki siya kaya dapat akong sumunod sa kanya.

"Okay... Okay... Maghahanap na ako ulit."
"Good."

Good ka diyan!

Nakita kong may mga babae ulit na turista ang kumaway kay Lex at tumitili. Pero di ata nakita ni Lex dahil patuloy parin siya sa pagkain.

"Lex,"
Tumingin ulit siya sakin.
"Well, may girlfriend ka na ba?"

Mr. Mysterious.

Tinitigan niya lang ako, "Bakit?"
"Nagtataka lang ako kasi mukhang masyadong babaeng nagkakandarapa sayo dito."
"Wala."
"WALA?"

Sa gwapo nito? Syempre, mejo masyado siyang misteryoso, suplado (? di naman!), uhhh how can I describe him? Supladong gentleman?

"Ex?"
"Isa."
"Isa?"

Ngumiti siya, "Why are you interested?"
"Ah. Wala lang-"

Tinitigan niya ako.

"Wala lang?"
"Wala. Napakamisteryoso mo kasi."

My gosh, isang beses lang siyang nagkagirlfriend? Sa gwapo niyang yan at sa dalawampung-apat na taon siyang nabuhay sa mundong `to?

Bigla siyang kumuha ng tissue at pinunasan ang mukha ko. Dahil masyado akong nabigla sa ginawa niya, nasapak ko ang kamay niya. Tumilapon ang tissue.

"Uh-Oh. So-Sorry, Lex."

Tumayo siya at pinulot ang tissue.

"Sorry. Sorry talaga."

Tahimik ulit siya at umupo pabalik sa upuan niya. UGH! Great, Summer. Siguro masyado mo na talagang kinacareer ang pagiging manhater o baka naman talagang nagkakaroon na ng psychological effect and lahat ng mga nangyari sa akin noon kaya naapektuhan ang mga muscles ko.

Oh my gosh. Bakit di siya nagalit? Dapat pagalitan niya ako dahil nasaktan ko siya physically? Nagagalit lang ba siya pag napapahamak ako?

"Why are you silent?" Tanong niya habang binabasa ang mukha ko.
"W-Wa-"
"Good evening, Sir!" Napalingon kami sa isang babaeng naka uniform ng uniform sa hotel.

T`was the receptionist. Pinandilatan niya ako.

"May mga papers po kayong due today na hindi niyo pa po napipirmahan." Ngumiti pa ang babaita. "Kanina pa po daw kasi kayo hindi nakikita eh."

Don't tell me... no way! Sinundan niya ba ako simula kanina? Napasubo ako ng isang kutsarang kanin.

"Hmmm, okay." Ngumiti siya sa receptionist. "Babalik ako sa hotel, maya-maya."

Tumango ang receptionist.

"Pagkatapos kumain ni Summer."

Napainom ako ng tubig. NYETA! Bakit ganito? Anong pinaggagagawa at pinagsasasabi niya't parang ano... ewan? Ano `to? May gusto ba `to sakin? OR WHAT?

SIGN 9~
Summer: Okay, then~

What pain does it bring to Lex if I work on that bar?

"Miss. Anong ginagawa mo dito?" Tanong ng isang lifeguard nang nakita akong nakatayo sa harap ng pintuan nila. 7:00am pa at sinigurado kong tulog pa ang Lex na yun nang nagpunta ako dito.

"Uhh, Ako nga pala si Summer." Naglahad ako ng kamay.

Nagshake hands kami.

"Ako si Rocky." Ngumiti siya.

"Gusto ko sanang mag apply. Gusto kong maging life guard."

Dumating pa ang ibang mga lalaki at pumasok sa loob ng headquarters.

"Sino yan?" Sigaw ng isa at nakangisi pa.
"Mag aapply daw siyang lifeguard." Sagot ni Rocky.

Tapos, bigla na lang silang nagdagsaan sa harapan ko't pinakilala ang mga sarili nila. Puro lalaki. Ni hindi ko na naalala ang mga pangalan nilang lahat dahil sa dami nila.

May binulong ang nasabing Rocky sa mga kasamahan niya't nagsialisan sila sa harapan ko.

"Kung gusto mong mag-apply, kailangan kong makita kung gaano ka kagaling lumangoy." Sabi niya habang tinuturo ang hotel pool.
"Huh? Ikaw ba ang, uhm, in charge or something?"
"Oo."

Inakbayan niya ako papalabas ng headquarters nila.

"Wa'g kang mag-alala, kung di mo kayang lumangoy simula dito patungo roon," Tinuro niya ang malayong dako ng pool. "Sasagipin kita."

Tinanggal ko ang kamay niyang nakakapit sa balikat ko.

"Okay!" Umamba akong tatalon na at lalangoy pero...
"Ooooppps!"
"Bakit?"
"Lalangoy ka sa soot mo?" Sabay tingin sa t-shirt at shortpants kong kagabi ko pa soot-soot.

"Ahhh. Bakit?"

He made a face.

"Aww. Okay. I'll change!"

Syempre, dala ko na agad ang two piece ko. Pasensya na. Talagang TWO PIECE ang dala ko di ko naman kasi ine-expect na magiging lifeguard ako sa islang `to.

"Pwede na?"

"WHOAAA~" Narinig ko ang hiyawan ng mga lalaki sa head quarters nang nakita akong naka two-piece.

Okay, they are guys. Wa'g lang sana akong bastusin.

"Uhhhm, yeah!" Sumipol pa si Rocky at di pa ako sinesenyasang lumangoy na. "Teka, uh, ganito. Ihahagis ko itong sampung piso. Kailangan mong kunin ito at dalhin pabalik sa akin."
"O-Okay!"

Hinagis niya sa gitnang bahagi ang sampung piso. Agad akong lumangoy. Naghiyawan na ang mga lalaki at parang nagchicheer sa akin.

Ang hirap naman nito. Kung mag loko ang muscles ko baka malunod ako dito dahil masyadong malalim. Umahon ako pero di parin nakukuha ang sampung piso. Sa pangalawang subok ko nakuha ang sampung piso at lumangoy ako pabalik sa kanila.

Tinulungan pa ako ni Rocky sa pag-ahon.

"Veryyy good."

Nang kinuha niya ang sampung piso sa kamay ko, parang may bumulong sa aking manyak itong Rocky dahil sa paghaplos niya sa kamay ko.

"At, uh...." Tiningnan niya ang dibdib ko.

BASTOS. I wanna slap him pero I want to hear his judgement about my swimming skills first.

"Wow."

Ang tagal! Giniginaw na ako sa two piece kong `to.

Nabigla ako nang may yumakap sakin nang tuwalya.

"S-Sir!"

Sir?

"You shouldn't fool around here." Sabi niya kay Rocky at yinakap ako gamit ang tumalya.

Kinaladkad niya ako papalayo sa kanila at papuntang Accomodation Block.

"Lex!" Sigaw ko nang nairita na ako sa hawak niya sa akin - hindi gentle.

Patuloy parin ang pagkaladkad niya sa akin. Yung foreigner kagabi nakasalubong pa namin at panay ang tingin niya sa akin kahit may tuwalya ako.

YES, I'm hoooot. NYEEE~-

"What are you doing?" Sigaw niya nang nakarating na kami sa ROOM niya.
"Galit ka?" Tanong ko nang nakita ko siyang pabalik-balik sa paglalakad at mukhang GALIT na GALIT talaga.

Inayos ko ang basang buhok ko. Hinagis niya sakin ang isang t-shirt.

"Eww." Sabi ko nang nakita kong malaki ito sa akin.

Syempre, sa kanya yun pero anong ibig niyang sabihin? Na sosootin ko `to.

"Like I would wear this?" Sabay tingin ko sa kanya.

Plano ko sanang pumunta na lang sa kwarto ko't magbihis ng damit ko pero tinitigan niya ako ng mga titig na parang tigre ulit siya at pusa lang ako. And this time, pwedeng daga lang ako.

"Okay, then~"

Napipikon na ako sa lokong `to ah!

SIGN 10~
Summer: Great, thanks!

"Anong ginagawa mo dun?" Tanong niya kahit nakatalikod siya sa akin habang sinosoot ko ang T-shirt niya.

Ang laki ng kwarto niya ah? HMMM

"Tapos na." Sabi ko nang naisoot ko na.
"Anong ginagawa mo dun?" His tone was harsher. Nakaharap na siya sa akin ngayon.
"Uhmm, nag-aapply ako dun. Lifeguard... uh, tanggap nga yata ako eh kasi nagawa ko yung gusto nilang gawin."
"TANGGAP?" Sigaw niya.

"B-Bakit?"

Galit na naman siya.

"Hindi ka tatanggapin dun!"
"Anong hindi?" Pati ako nagagalit na.

"Tingnan mo nga yung soot mo kanina?" Pataas nang pataas ang tono ng boses niya. "Sa tingin mo, anong mangyayari sayo kung di ako dumating dun?"

Natahimik ako dahil galit ako at ayaw kong magsalita dahil baka mawalan na ako ng preno at mag-away pa kami dito.

"Summer! Bago ka pa lang dito at di mo pa kabisado ang pasikot-sikot! Bakit di mo sinabi saking mag aapply ka dun?"

Mejo naramdaman ko na ang pagbaba ng mga luha ko sa mga mata ko. Nakakainis lang kasi eh. Alam ko kung ano ang ibig niyang sabihin. Wala namang pwedeng magpaiyak sa akin sa mga sinabi niya kaya nga ako nagtataka kung bakit ganito. Agad kong pinunasan ang luha ko.

"Para malaman mo, di tumatanggap ang headquarters ng babaeng lifeguard."
"Huh?"
"Oo! Ibig sabihin nun, pinagkatuwaan ka lang ng mga lalaki doon. Nagbihis kapa niyan!"
"Eh di mo naman kasi ako sinabihan eh!"
"Yun nga. Paano ko sasabihin sayo kung di mo naman pinaalam sa akin?"

Tumayo ako at naglakad papalapit sa kanya.

"Yun naman pala eh! Edi mag wa-waitress na lang ako sa bar!"

"Hindi mo parin ba naiintindihan?" Sigaw niya.

Napaatras ako.

"Hindi ka pwede sa bar na yun."
"Bakit?"
"Ano ka ba? Damsel in distress ka lagi pag ganun ang trabaho mo. Hindi ako andito para bantayan ka."

Punyetik. Oo nga naman!

"Edi wa'g mo akong bantayan? Sino ba kasing nagsabi sayong babantayan mo ako dapat? Hindi kita kailangan para bantay ko." OMG, a complete loss of job opportunities, Summer. You're still ruining your life here! "Kaya ko ang sarili ko."
"Kaya? Kung di kita nakita kagabi at kanina, sa tingin mo anong nangyari?"

Biglang bumukas ang pintuan pagkabanggit ni Lex sa huling salita.

Nanlaki ang mga mata ng receptionist nang nakitang nagtatalo kami. "So-Sorry, sorry po. Kumatok ako, ihahatid ko na lang to mamaya." Sabay pakita sa mga papers.

Mga papel galing sa isang receptionist? O baka naman may lihim silang relasyon nun? Kung anu-ano na lang ang pumapasok sa utak ko.

Sinarado ulit nang receptionist ang pintuan.

"Sa tingin ko, Lex, nasampal at sumalubsob na sa damuhan ang mga mukha ng mga lalaking yon. Dumating ka pa kasi!" Sabi ko.
"Ha? You're unbelievable. You should be thanking me for that. You've never thanked me." Umiling siya.
"Ok then, thanks, Lex. Ano sa tingin mo ang buhay ko sa isang syudad? Doon mas maraming manyak, mas maraming nambibiktima, at mas maraming bar... pero ano? Nakaya ko naman ah? AT WALA KA DUN HAH!" Sabi ko.
"Okay, okay! Sorry ah. Sorry kasi ginawa ko ang mga yon sayo. Sana pala di na lang kita sinagip sa mga yon." Tinalikuran niya ako.

No. Hindi yan ang punto ko. Nakakainis naman! He missed my point.

"Ang ibig ko lang namang sabihin eh... na, kaya ko na ang sarili ko. Wa'g mo na akong bantayan."

Umupo siya. Masyadong intimidating ang mga tingin niya sa akin. Hinihinaan ko na nga lang ang boses ko ngayon para di na masyadong mag-alab yung mga usapan namin at magkataasan ulit ng boses. I'm swallowing my pride now, as in!

"Oh yeah! Wa'g kang mag-alala, di na kita babantayan at di na ako makekealam sa'yo!" Sa tonong naiinis parin.

Inhale. Exhale. Swallow your pride again, Summer.

"Di naman yun ang ibig kong sabihin...-" Ano nga ba ang ibig kong sabihin? "-ang sabi ko, eh di mo na kailangang bantayan ako. Wa'g ka nang mag-aksaya ng panahon-"
"Kaya nga, diba? Sabi ko nga! Ano bang sinabi ko?" Walang pinagbago sa tono.

Kaya pati ako, sasabog na rin.

"Ano bang problema mo? Nakakainis ka naman!" Sigaw ko. "Akala ko pwede ako kahit anong trabaho?"
"Ewan ko sayo. Wala na akong pakealam. Diba nga ayaw mong sagipin kita? Sana pala pinabayaan na lang kita. Femme fatale pala yung sinagip ko, nagkukunwaring babaeng may problema para makaakit ng mga lalaki. Ganun diba?" He looked away.

Nagmadali akong lumapit sa kanya at sinampal na. TOTAL EMPLOYMENT DESTRUCTION, Summer.

"Alam mo, Lex? Badtrip ka! Akala ko mabait ka."

Di parin siya tumitingin sa akin pagkatapos ko siyang sampalin.

"Alam kong nakekealam ka lang sakin dahil I'm your cousin's cousin. Wa'g kang mag-alala, di tayo magkadugo kaya di susunugin sa impyerno ang kaluluwa mo kung pababayaan mo ako."

Hinubad ko sa harapan niya ang t-shirt na binigay niya at pinasoot sa akin.

"Eto na ang sayo! Wa'g mo na ulit tulungan ang babaeng nagkukunwaring damsel in distress para makaakit ng lalaki niya ah?"

Aalis na sana ako...

"And oh, may nakalimutan akong sabihin sayo. Buti na lang at nag-away na rin tayo at pinakita mo rin sakin yung tunay mong ugali - na nang iinsulto. Matagal ko ng gustong sabihin sayo na I'm damned with your presense. I hate boys. And you're not an exemption. Kasi parepareho lang kayo."

Nagwalk-out ako palabas ng kwarto niya nang naka two piece ulit. Naabutan ko pa ang ibang empleyado sa labas na parang naghihintay sa paglabas ng kahit isa saming dalawa ni Lex. Di ko malaman ang ekspresyon nila. Wala naman ang receptionist dun kaya di madadagdagan ang pag-aalburoto ko. Tiningnan nila ang soot ko.

"Anong nangyari? Woww, sinagip ka ulet ni Sir. Kakakilig." Nakangiti pa ang isang empleyado at mukhang excited sa ikikwento ko.

Sadly, hindi ako showbiz na tao. "Sound proof ba `to?" Sabay turo sa mga dingding.

Tumango silang lahat. Kaya pala di nila narinig.

"Great, thanks!" Agad akong pumasok sa kwarto ko.

I sighed. Great Great Great, Summer. Papalayasin kana dito.

SIGN 11~
Summer: its number 18

"UGGGHHHHH~!" Kung pwedeng punitin ang kumot ko, kanina pato nagkagutay-gutay.

Okay, what will I do? Nag-away kami ni Lex, kahapon. At wala akong kahit ni katiting na planong mag sorry sa kanya. OVER MY DEAD AND DECAYING BODY. That guy almossst called me a b1tch. Sinabi pa niyang nagpapa-as if akong may problema para lang makaakit ng lalaki. How good is that? Ibig sabihin, iniisip niyang peke yung mga sinabi ko sakanyang problema ko way back home? Ibig niya bang sabihin na sinabi ko lang sa kanya ang mga iyon dahil gusto kong maakit siya sa 'kawawang' side ko?

"This is... damn!"

Lalabas na ako ngayon. Di tulad kahapon na buong araw akong nagkulong. Anong gagawin ko ngayon? Ang kapal ng mukha kong tumitira dito ng libre. Pero mas makapal ang mukha niya dahil sa mga sinabi niya sa akin. Hinding-hindi ko talaga siya papatawarin. Kahit medyo nakokonsensya ako sa mga sinabi ko kahapon sa kanya, di ko parin palalampasin ang sinabi niya saking nagkukunwari ako. Wala akong pakealam sa kanya.

First time kong masabihan ng 'nagkukunwari' daw ako. At... para makaakit pa ng lalaki ha? Grabe, nakakainsulto yun sakin.

*397 messages received*

Ngayon ko lang nacharge ulit ang phone ko simula nung pinatay ko `to sa tawag ni Kevin.

Maraming text messages si Kevin. May text din si Dave. Lahat din ng friends ko dun eh tinitext na ako tungkol sa summer classes. Tinatanong nila ako kung bakit wala ako sa first day ng klase nila. Mga ungas, syempre... bumagsak ako. Natanggap ko rin ang mga death threats ni Lauren. Sabi niya sisirain niya raw ang image ko.

Lauren:
Summer, where are you? Aren't you enrolling for summer classes?
O baka naman nahiya ka na sa pagsira sa relasyon namin ni Kevin?
Kung nasaan ka man ngayon, sana namatay ka na sa pagsisisi sa ginawa mo.
I'll make sure you won't have a face anymore in our school.

30 messages na ganito ang laman. Isang message lang ang natanggap ko galing kay mama. Tig dadalawa naman sa dalawa kong pinsan. Yung ibang message galing sa di ko kilala.

Tinapon ko ang cellphone ko malapit sa unan ko. Lalabas ako ngayon at... maghahanap ng trabaho? Di na pwede, titigil na ako sa paghahanap. Bahala na si Lex diyan. Mukha niya.

Kinuha ko ang digital camera. I'll take pictures of me before I get outta here. Baka bukas, bumalik na ako sa syudad sayang naman.

Syempre. Wala akong kilala dito at ayaw kong mang-abala ng ibang turista. Nasa harap na ako ng sea shore. Ayan, para makita nilang maganda ang dagat at maputi ang sand dito. Humanap ako ng bato o kahit anong pwedeng paglapagan ng digital camera at makapicture ako kahit timer lang.

5... 4... takbo. 3... 2... pose. 1...

Limang beses kong inulit `to sa iba-ibang pose.

At sa pang anim?

POSE.

"Ano bang ginagawa mo?" Kinuha ni Lex ang camera.

Di ko na naitsura ang pose ko.

"Sige na. Pose ka na... Ako na ang mag ti-take ng picture."

Tumayo lang ako. No smile. No pose.

"1... 2... 3... smile!!!"

Binaba niya ang camera pagkatapos niyang i-click.

"Ba't di ka ngumiti?" Sabay tingin niya sa kuha ko sa camera.

Oh shet.

Linapitan ko siya at binawi ang camera sa kanya.

"Kumain ka na ba?" Tanong niya.
"Don't talk to me like nothing happened." Nag walk-out ako at sinundan niya naman ako.

"Alam ko, I'm sorry. I didn't mean to..."

Tumigil ako sa paglalakad para harapin siya.

"Yeah, right. Saan mo nga pala ako gustong magtrabaho? Para makapagsimula na ako at maibigay ko na sayo ang buong sweldo ko." Tanong ko.

He smiled. May pa smile-smile pa siyang nalalaman eh hindi ko siya patatawarin. Promise. I said, OVER MY DEAD AND DECAYING BODY. Di ko siya patatawarin kahit na mejo nakokonsensya ako sa sinabi kong pawang katotohanan naman.

Ngiting-ngiti parin siya. Ako naman, para paring byernes-santo ang mukha.

"Pinapatawad mo na ba ako?"

I know this is awkward. Humihingi na nga ako ng trabaho sa kanya ako pa ang hindi nagpapatawad. Pero I don't care.

"Honestly? Hindi. At ikaw na ang bahala kung tatanggapin mo ko sa trabaho o hindi. No hard feelings kung hindi."
"Tatanggapin lang kita kung papatawarin mo ako." Sabi niya habang ipinapakita ang mga matang nagbabanta at nang ba-blackmail.

"Uhm ganun ba?" I smiled fakely. "May pera pa naman ako, pauwi. Maybe I'll pack my things up..."

Tinalikuran ko siya.

Pag talikod ko, grabe. Nanggigil ako't nagngingitngit sa inis. Isipin niyo, smile lang siya nang smile na parang walang sinabi kahapon? Binlackmail pa ako? Makaalis nga dito... nakakabwusit pa dahil may isang sign na naman siyang nakuha.

Nang nakapasok na ako sa kwarto, tinitigan ko ang notebook ko.

"So its number 18! He took a picture of me." I sighed.

I really really need to get out here. I GET DAMNED EVERYTIME HE IS AROUND AND HE'S COMPLETING THE SIGNS. LOL. ang OA ko, tatlo pa lang. Pero, basta, di ko siya patatawarin kaya aalis na lang ako.

SIGN 12~
Summer: This is not happening!

*tok-tok-tok-tok*

Liniligpit ko ang mga gamit ko nang may kumatok.

"Sino yannnnn?" Sigaw ko. Nanggagalaiti ako sa bawat bigkas ko ng titik.

*tok-tok-tok-tok*

"Bwusittt. Nag-iimpake ako."

Huminga ako ng malalim at lumapit sa pintuan. Kung sino man `tong nasa labas ng pintuan, kukutusan ko talaga `to.

"ANO?" Sigaw ko habang nakikita si Lex na nakatayo sa harap ng pintuan.

Mukha niya ay nagsusumamo at may dala-dala pang sangkatutak na white rose.

"Ano?" Huminahon ako kahit di ko naman talaga gustong huminahon.

It's just that, he is calming.

"Summer, I'm... sorry." Huminga siya ng malalim.

Kahit na guiltyng-guilty na ako. Grabe parin ang tulak sakin ng pride kong mas matayog pa sa mga tala sa langit.

Pilit kong inaalala ang mga masasakit na mga salitang sinabi niya sakin. Ang pinakaunang pagkakataong sinabihan ako ng ganun ng isang lalaki.

"Oh yeah? You're sorry."

Tumingin siya sa loob. He spotted my stroller. Nakita niya rin ata ang mga nagkalat kong damit.

Kaya agad kong kinuha ang mga roses na dala niya. At hinampas ko sa mukha niya. Ang ibang mga roses eh nagkalat na sa sahig at nasira na. Nagkalat ang mga petals sa sahig.

Sinarado ko ang pinto at sumandal na lang ako sa pintuan. Napabuntong-hininga ulit ako.

"OMG. OMG! Hinampas ko yung roses sa kanya!"

Nailagay kong palad ko sa noo ko.

"Shett. Sheeet. Sorry."

Binuksan ko ulit ang pintuan para sana habulin siya kung saan man siya nagpunta at humingi ng dispensa, kaya lang nakita ko siyang nakatayo parin doon sa kinatatayuan niya kanina.

Napanganga ako't, "Oh my God!"

Nakita kong may dugong umaagos galing sa noo niya. Nakatayo lang siya tulad ng ginawa niya kanina habang ang mga roses naman ay nakakalat parin sa sahig.

"Oh my God. This is not happening!" Sabi ko habang di parin makapaniwala sa mga dugong nakita ko galing sa noo niya't nasa pisngi nya at nagka-stain narin pati ang soot niya.

Nagdadalawang isip pa ako sa gagawin ko. Pero narealize kong ako ang may mali.

"Pumasok ka muna."

Hinawakan ko ang braso niya para sana hilahin siya sa loob ng kwarto ko pero tinitigan niya ang mga kamay kong naka hawak sa kanya.

"S-Sorry.... Uh, pumasok ka muna."

Binitawan ko ang braso niya. Tinulak ko siya papasok ng kwarto. This is not happening. Gush!

Kumuha ako ng first aid box. At syempre, ginamot ko na agad ang sugat niya. Grabe, pinagpawisan ako sa paggamot sa sugat niya. Bukod sa nakakaintimidate siya, nahihirapan din ako sa pag-alala sa mga atraso niya.

"Sorry."
"You're not forgiven."

OMG. He turned the tables.

"Hey, this is unfair." Sabi ko habang tinitigan ko ang mga damit kong nakakalat.
"Alam mo bang pwede kitang kasuhan ng Physical Injury?"

Sa mukha niya ngayon, natatakot akong seryoso siya.

"I'm still... minor-" Syet, kaka-18 ko lang pala.

Tumaas ang kilay niya.

"Makukulong ka."

Oh my... My life at its worst.

Gusto ko sana siyang sigawan ng 'sige, ipakulong mo ko.'. Kaya lang, I can't afford to lose my life again here.

Napabuntong-hininga ako at pilit pinaypayan ang sarili sa kamay ko.

"Okay, now, I'm sorry. And... what?"

Tinitigan niya ang mga damit ko, "Are you trying to run away?"

"NO~!" Agad kong sinabi. "Babayaran kita."

Nakataas parin ang kilay niya sa mga damit ko. Kaya linapitan ko ang mga damit at binalik sa closet.

"See, I'll work here. And pay you. Promise." Sabi ko.

Tumango siya at tumayo. Pinilit ko ring ngumiti sa kanya.

"Your smile is fake."

BWUSIT.

"Okay, if you don't want me to be fake. Can I not be friend with you?" Sabi ko.

Yung mukha niya ngayon parang may halong pagtataka at pagkatuwa? Para kasing natatawa siya.

"Coz... totoo yung sinabi ko noon, talaga."
"Okay. You are damned with my presence."

Tumango ako habang nakatayo siya sa pintuan. Papalabas na siya.

"Sure. Pero di ako makakasigurong kahit di tayo friends, eh, wala yung presence ko."

SIGN 13~
Summer: Okaaay.

"Buti sana kung sa restaurant na lang ako nagtrabaho. May nalalaman naman ako sa culinary, bakit dito pa?" Bulong ko habang liniligpit ang mga unan.

Housekeeping? Geeez, ampanget ngtrabaho ko. Minsan boring. Kasi naiilang ang manager naming utusan ako dahil sa koneksyon ko kay Lex. Lagi ko ngang pinapaalala na galit si Lex sa akin kaya pwede niya akong alilain, kaya lang madalang talaga ang utos niya.

Sumandal ako sa sangkaterbang unan at kumot sa loob ng laundry room.

Two weeks na ako dito pero parang ang tagal-tagal ko na. I sighed. Ang boring naman. Kinuha ko ang cellphone ko sa bulsa ko nang narinig ko itong nagri-ring.

"He-Hello?"
"Summer."

Shucks. It's Kevin.

"Kevin, bakit?"
"Asan ka ba? Bakit laging out of coverage ang phone mo? Di ka na nagpapakita at di mo pa nirereplyan ang text ko."
"Uh." Lagi kong pinapatay ang phone ko, ngayon ko lang ginising ulit dahil boring ang trabaho ko. "Kasi... I'm out of the town. Basta... I'm on a vacation." Sabi ko.
"Asan ka?"
"Sa... uhm. Basta."
"Asan ka, pupuntahan kita. Boracay ba?" Tanong niya na parang desperado na talaga.

Hindi ako nagsalita.

"Summer, wala si Dave dito. Di siya nagsummer classes. Magkasama ba kayo?"

Syempre, artista na yun. Nung huli kaming nag-usap eh sinabi niya sa aking baka titigil muna siya o baka lumipat siya ng paaralan.

"Huh? Hindi..."
"Kailangan kitang makausap."
"Nag-uusap naman tayo ah?"
"Hindi ganito... gusto kong malaman kung may nararamdaman ka pa sa akin..."

Natahimik ako.

"Kevin... I'm restarting my life." Sabi ko. "Aayusin ko muna ang sarili ko..." Napabuntong-hininga ako.
"Alam ko... Kaya nga gusto kitang makita dahil gusto kitang tulungan. Isa ako sa dahilan kung bakit ganito ang nangyari. Sorry. I'm sorry because I still love you."

Mga limang segundo akong hindi huminga at naramdaman kong hindi rin huminga si Kevin. And yes, I still love him too. Kaya lang, di tama ang panahon ngayon.

"I love you too, Kev."

Binaba ko ang cellphone ko.

"Hah! Kita niyo na, Sir..."

Nabigla ako nang nakita ko si Lex at yung receptionist. Narinig nila ang pinag-usapan namin ni Kevin?

"Di siya nagtatrabaho ng maayos, nagtetelebabad lang!" Sabi ni Kate. "Kanina ko pa siya napapansing dungaw nang dungaw sa cellphone niya."
"Ganun ba?" Sabi ni Lex.

Nakatitig lang siya sa akin habang mukhang kinakampihan ang Kate na yun.

"Alam mo bang bawal ang cellphone sa trabaho?" Tanong niya.

Promise, magwo-walk out ako dahil galit tong si Lex sa akin kaya may 99 out of 100 possibility na mag-aaway kami dito.

"Ay. Di ko alam eh." Sabi ko kay Lex.
"PWes, ngayong alam mo na, ineng... itabi mo na yang mamahaling celpon mo. Nagpapasikat pa kasi... may patelebabad-telebabad ka pa at 'I love you too'..."

Bago ko sila nalagpasan, hinila ko ang iilang strands sa buhok ng Kate na yun. Grabe, gigil na gigil na talaga ako sa kanya. Pasalamat siyang mejo di ako warfreak ngayong araw na `to.

"Aray. Abaaa!"
"Summer!" Sigaw ni Lex.

Nasa hallway na ako nang tumigil ako sa paglalakad dahil sa pagtawag ni Lex.

"Ayusin mo ang trabaho mo, maraming darating na bisita ngayon."

Tinalikuran ko siya pagkatapos kong marinig ang sinabi niya.

"Okaaay."
"Tsaka...-" Lumingon ulit ako kay Lex.

Lumapit siya sa akin.

"Akin na yung cellphone mo. Baka masira ulit ang buhay mo dahil sa love na yan~" He chuckled.

Matatawa kaya ako o ma iinis? O matutuwa? Ewan. Kahit ano man yung nararamdaman ko, gusto ko paring ipakitang hindi ko gusto ang kahit ano kaya pinandilatan ko siya pagkatapos kong ibigay ang cellphone ko.

Agad tumakbo si Kate sa kanyang area dahil dumami ang dumating.

"Andyan na pala ang mga bisita eh... Mag linis ka na ng kwarto..." Sabi ni Lex.

Natigilan ako at tiningnang mabuti ang mga bisita. Lumingon ulit si Lex sa akin nang naramdaman niyang di ako kumibo.

"Dave~?"

Nakita kong nakatingin si Dave sa akin at mukhang nabigla sa nakita niya.

SIGN 14~
Summer: Yun yun eh.

Nakatitig ako sa kanya habang pinipilit kong ngumiti at batiin sana siya. Plano ko ring kumaway kung mapansin kong nakita niya ako.

Huli ko siyang nakita nung break-up namin. Galit siya sakin non, at ganun din ako sa kanya. Pero sabi niyang okay na daw siya noong nagti-text ulit kami. Hindi nga lang siya dumalo sa debut ko dahil busy siya. Last usap naman namin through texting eh sinabi niyang baka lumipat siya ng school.

Napapanis na ang smile ko nang nakita kong papunta sila malapit sa akin.

"Summer..." Tinawag ako ni Lex pero ayaw ko paring lubayan si Dave.

Linagpasan ako ni Dave kasama ang ibang bisita at yung ka loveteam niyang si Lindsay.

"Dave!" Tinawag ko siya.

Lumingon naman siya, pero hindi nakangiti.

"Hi!" Sabi niya.
"Hello!" Panay ang ngiti ko ulit. Ano yun? Di niya ba ako nakilala? Sa bagay, humaba ang buhok ko. "Uh, kamusta?"

Tumigil siya at mukhang dito lang banda ang room niya. Ang mga kasama niya naman ay patuloy parin sa paglalakad.

"Ah. Okay lang. Ba't ka nga pala nandito?" Tanong niya.
"Ahhh, kasi-"

Tumingin siya sa likuran ko. Kaya napatingin din ako. Si Lex pala yung tiningnan niya. Nakatayo lang kasi ang kumag at nakikinig sa usapan.

"Ahhh, siya nga pala si Lex. May-ari ng resort na `to." Sabi ko.

Tumango si Dave. Hanggang ngayon, hindi pa siya ngumingiti.

"Uh, ganun ba?" Sumulyap siya kay Dave. "Tuloy muna ako, Summer ah?" Tinalikuran niya ako.

He's sooo different. Noon, kapag nakikita niya ako, parang naeexcite siya. Ngayon, parang ang cold na niya. Sa bagay, hindi na kami. Pero kahit noong hindi pa kami, lagi niya naman akong binabati pag nagkikita kami. Sooo weird.

"Is that one of your EXes?" Tanong ni Lex galing sa likuran.

Napabuntong-hininga ako. I remembered Dave shouting at me. Bakit lagi mong kasama si Kevin? I'm busy, but I still find ways to be with you and yet you're always with him! I HATE YOU! I don't know you anymore.

My palm landed on my face. Nakikita kong nagsho-shoot sina Dave sa malayo. Tapos na ang trabaho ko at gumagabi na. I want to talk for him even for a lil while. Syempre, gusto ko siyang kamustahin.

Kaya lang mukhang matatagalan pa itong shooting nila. Mag-iisang oras na silang take nang take sa isang scene lang. Lagi kasing nagkakamali si Dave.

"Mukhang nagtatampo pa siya sayo..."

Lex can be sometimes, no he's always, annoying. Umupo siya sa tabi ko.

"...mukhang mahal ka pa niya." Dagdag niya.

Tiningnan ko siya.

"Baliw ka ba?"
"Lalaki ako, kaya alam ko kung anong magiging reaction ko kung makita ko ang ex kong mahal ko pa."

Pinandilatan ko si Lex, "Nga pala... Ba't ka andito?" I did tell him that I didn't like him around me.
"I don't know." Nagkibit-balikat siya habang ngumingiti.

I really really really don't know why I don't want him around! Natatakot ako na parang naiinis.

"Ba't ba ayaw mo sakin? Parang kumukulo ang dugo mo pag andyan ako? Wala naman akong ginagawang masama ah?"
"Yun yun eh. Wala kang ginagawang masama. Pacute ka nang pacute at lagi kang mabait." Sabi ko ng wala sa sarili.

"CUUUUTTTT ULEEEET!!!!" Sigaw ng director nina Dave. "Dave, why can't you get this right? Pagod ka ba? The kissing scene should be the next thing..."

Tumayo ako para tingnang mabuti ang nangyayari sa set nila. Tiningnan ako ni Dave sa malayo.

Oh my goodness. Nararamdaman kong mahal pa niya ako.

SIGN 15~
Summer: pupuntahan ko na lang muna siya

"Summer, kasi... this is the first time I saw you since our break-up." Sabi ni Dave habang naglalakad kaming dalawa sa sea shore. "Mejo... di naman sa, mahal parin talaga kita... " He sighed.
"Uh... Oo, naiintindihan kita..." I sighed too, pero habang bumubuntong-hininga ako, nakikita ko si Lex sa malayo at mukhang sinsadyang mag sight-seeing malapit sa amin.

Binalewala ko na lang si Lex.

"I'm sorry." Sabi niya.

Tumigil kami sa paglalakad.

"I've been blaming you for our break-up. Kahit alam kong may kasalanan talaga ako."
Hindi ko alam kung paano ako rereact, kaya tumango na lang ako.
"I denied you in front of the TV, pinahiya kita-" He paused.
"Dave, tama na. Let's just forget about it so we can be friends again." Sabi ko.

Tumango siya.

"So, kamusta na? And uh, bakit ka nga ba andito? Di ka ba nagsummer class?" Tanong niya.
"I failed all my subjects last sem so... Tsaka, ayaw ko kasing sumunod kina ate at kuya sa abroad. Kaya pumayag na lang ako na dito i 'rehab'." I chuckled.
Tumango si Dave, "Kelan ka naman babalik?"

"Uh, babalik? Hindi ko pa alam eh. Sabi kasi ni Mama na baka talagang dito muna ako, babalik lang daw ako pag marealize ko ng kailangan ko na magseryoso."

He stared at me for a while.

"Kamusta na kayo ni Kevin?" Tanong niya.
"So, you heard that?" I sighed. Umabot pa talaga sa kanya ang balita tungkol sa amin ni Kevin doon sa bar.
"Oo. Nagbreak sila ni Lauren, hindi ba?" Di ako nagreact. "Mahal mo pa ba si Kevin?"
"Honestly, hindi naman talaga nawala yung pagmamahal ko kay Kevin. He's my first love. Don't get me wrong, I loved you Dave-"
"Alam ko, Summer." He smiled. "I felt it... Kaya lang, di ko matanggap na si Kevin pa ang naging ganyan mo ka mahal na kahit ilang taon na ang nakalipas eh hindi mo parin siya makalimutan. Di ko alam pero-"

Close kami ni Kevin since high school. At alam kong kahit noon, mainit na talaga ang dugo ni Dave kay Kevin, at ganun din si Kevin sa kanya. Hindi sila magkasundo kaya normal lang ang sinasabi niya ngayon. Noong nalaman din naman kasi ni Kevin na kami na ni Dave eh di niya rin nagustuhan.

"... Hindi naman kami eh. Tsaka, pagbumalik ako dun, I'm not sure if I can give him another chance."
"Huh? Akala ko ba, mahal mo siya?"
"Oo. Yun yung nararamdaman ko ngayon. Pero I want to restart my life already. Ayoko ng magloko. I don't want to engage my self in a relationship again, baka masira ko ulit ang buhay ko. Gusto ko ng magseryoso."
"Awww." He stared again.
"Bakit?"
"Mukhang nagmature ka na at magmamature ka pa." He smiled.
"Sawa na ako sa skipping-classes dramas at pumasok ng lasing. Tsaka, di na muna siguro ako magboboyfriend." I laughed. "Nga pala, seryoso na ba talagang lilipat ka?"
"Oo. Kailangan eh, dahil sa trabaho."

Tumango ako.

"Ilang araw nga pala kayo dito?" Tanong ko.
"Aalis na siguro kami bukas o sa makalawa. Maiksing scenes lang kasi yung kailangang i-shoot dito..."

"DAVE!!!" Sigaw ng kasama niya.

Binalewala niya.

"O, Dave... tinatawag ka na. Baka maghahapunan na kayo." Sabi ko.
"Oo nga. Naghapunan ka na ba?"
"Hindi pa eh."

"Sumabay ka na lang samin?!"
"Huh? Wa'g na, nakakahiya naman. TSaka, baka tanungin lang nila kung sino ako."
"Hindi okay lang, Summer."

Lumingon ako sa kinatatayuan ni Lex at nakita ko siyang nakatayo parin doon. It's past 9:00pm, hindi pa ako naghahapunan. Ginugutom na ako. Pero pakiramdam ko di tamang sumama ako kay Dave, baka maging komplikado pa ang sitwasyon para kay Dave.

"Ahhh." Dave sighed. "Hinihintay ka ba niya?" Sabay tingin kay Lex.
"Huh? Di naman..." Tumingin din ako kay Lex. And he's looking this way.
"Mukhang swerte ka dito ah. Bait ng boss mo." Sabi ni Dave. "Hinihintay ka."
"Uhhh." Now that he mentioned it. Mukhang may feeling akong hinihintay nga ako ng kumag na ito. "Sige, pupuntahan ko na lang muna siya ah, Dave."
"MMMMkay! See you around, then! At hihintayin ko ang pagbabalik mo sa school."

Umalis na siya at pinuntahan ko si Lex.

Ang lalaking ito talaga. Ano kayang nasa isip niya? He's the most dangerous person for me right now. I need to avoid guys and yet he keeps on stalking me. At di lang yan, kinukuha pa niya yung mga signs. Tinatarayan ko na nga pero ayaw parin akong lubayan.

SIGN 16~
Summer: NOH?

Habang papalapit ako ng papalapit kay Lex, lalo ko siyang naamoy.

"Huh, that scent again." Bulong ko sa sarili ko.

Ang bango niya talaga. Pero habang nakikita ko siyang tumitingin sa malayo at parang nagpapa as-if na hindi niya ako nakitang parating, napagdesisyonan kong lagpasan siya. Nasisilaw din ako sa earing niya, kaya di ko na lang siya tiningnan.
At yun nga, nagawa ko siyang lagpasan ng walang kahirap-hirap. Hindi niya kasi ako pinansin kaya di ko rin siya papansinin.

Pero, sino ba ako para di lumingon kung, "Summer~, kumain ka na ba?", tatanongin niya ako ng ganun?

Tumigil ako at hinarap siya.

"Hindi pa. Bibili na lang ako ng cup noodles or anything. Wala akong ganang mag-heavy meal." Sabi ko.
"Ganun ba?" Natigilan siya at nag-isip.

Tatalikuran ko na sana siya pero, "Saan ka naman bibili?"
"Kung saan meron..."
"Ako rin."

Tumaas ang kilay ko.

"...bibili din ako ng cup noodles."

Napasinghap ako, "Saan ka naman bibili?""
"Kung saan meron..."

I sighed.

LEX, ARE YOU JOKING??? Takte. Nakakasakit na siya ng tiyan ah?

Hinayaan ko na siya sa kanyang mga gagawin. Nagpatuloy ako sa paglalakad. Binalak ko ring lumabas sa resort at bumili sa isang sari-sari store sa labas dahil masyadong mahal ang mga bilihin sa kanilang convenient store.

"Saan ka ba bibili?" Tanong niya habang sunod nang sunod sakin.
"Diyan lang..." Sagot ko. "IKaw?"
"Diyan lang din..." He chukled.

Tumigil ako sa paglalakad at hinarap siya.

"Lex, are you trying to irritate me or what?"

Tinalikuran ko ulit siya at naglakad patungong sari-sari store.

"May cup noodles po ba kayo?" Tanong ko.
"Dalawa po~" Sabat ni Lex.

KUmuha naman agad yung batang bantay ng sari-sari store.

"Lex, you are irritating."
"Bakit?"
"Kanina, hinihintay mo ko no? Ngayon, sumunod ka, ginagaya mo pa ang binibili ko, at forget it, I'll pay my own noodles." Nakatunganga ang bata sa harap naming dalawa dala-dala ang cup noodles.
He laughed. "Oo nga! Pay your own noodles, akin naman yung dalawa eh. Bumili ka ng sayo."

Tumawa pa ng bahagya ang bata.

"Bata, bigyan mo nga ng isa si ate, gutom na yata eh."

HARUUUUUUUUJUSKOOO. Napahiya ba ako?

Kinuha ko agad yung noodles, binayaran at nagmadaling umalis. Half running na ako, para di na masundan ni Lex. Pero para akong sinakluban ng langit at lupa nakita kong tumakbo talaga siya para maabutan lang ako.

"LEX! ANO BA? GUSTO MO BA NG AWAY TALAGA?" Sigaw ko sa harapan niya.
"Huh?"
"WHY ARE YOU DOING THIS?"

Sa inis ko sa gwapong pagmumukha niya, naitapon ko sa kanya ang cup noodles. Syempre, sa dibdib niya lumanding at nahulog na. Walang injured dito dahil di naman destructive ang plastic. Sorry gwapo. Kinakabahan lang kasi ako sa mga pinaggagagawa ko.

"Manyak ka siguro no? Naaning ka sa beauty ko kaya sunod ka ng sunod sa akin no? Wa'g ka ng magkaila! MANYAK NA BOSS! MANYAK! MANYAK!" Sigaw ko sa harapan niya.

Pinagtitinginan na kami ng ibang tao pero wala na akong magagawa dahil masyado na akong napapraning sa Lex na `to.

"Ano wala kang masabi? May gusto ka siguro sakin no? Crush mo ko no? NOH?"
"Oo, crush kita." Pinulot niya ang nahulog na kawawang cup noodles at binigay sakin.

SUSMARYOSEP. Wala yun sa signs diba? Yun ang una kong inisip. Napasinghap ako at parang gusto ko na talagang manakit ng tao.

"Ano? SINUNGALING!" Sabi ko habang kinuha ang binigay niyang cup noodles.
"HAH! Tinawag mo kong manyak, tapos tinanong mo ko kung crush kita, ngayong inamin ko naman, inaakusahan mo akong sinungaling? Ano ba yan, I can call my attorney, LIBELOUS."

NO~ I don't believe you.

SIGN 17~
Summer: Ha. Uh, Okay.

Panay ang punas ko sa mesa ng reception hall kahit maagang maaga pa. Mabuti na yung maaga para maaga ko ring matapos ang trabaho ko. Para naman akong maid dito. Anyway, wala namang nakakakilala sakin. Ah, yeah, si Dave. Nag shooting ata sila kasi ang agang umalis.

I sighed.

That Lex is getting into my nerves. Kung kelan ako nananahimik sa islang ito, saka naman siya sabat ng sabat sa life ko. At ang gagang ako, naniwala naman sa sinabi niya kagabi? No way! Kitang kita mo sa balat ng kumag na yun na chickboy siya noong kapanahunan pa lang niya. May earing and all that. Evil smile, hot body, mysterious effect, mayabang na pananamit, at mabulaklak na dila - walang duda - chickboy nga ito noong highschool at college pa siya. Di ako naniniwalang isa lang ang naging GF niya. Syempre alibi niya yun para paimpress sa kagaya kong binabansagan niyang 'prey'. Oo, ako siguro ang susunod niyang bibiktimahin.

In speaking of the devil, nakita ko siyang kakagising pa lang. Nangalumbaba siya agad sa mesang linilinisan ko at humarap sakin.

"Good morning!" He grinned.
"Tanghali na." Sabi ko.

Errr, ba't ko ba siya kinakausap?

"Nakatulog ka ba sa sinabi ko?"

Natigilan ako sa pagpupunas.

"Ba't naman ako di makakatulog? Di ko naman yun dinibdib." Pinandilatan ko siya.
"Ow..."

Natahimik siya.

"Nga pala, tanggal ka na dito." Sabi niyang bigla.
"Whoaaa! Bakit?"

Siguro dahil di ko pinansin yung sinabi niya kagabi no?

"Sa cafe ka na magtatrabaho."
"Huh?"
"Wa'g na dito, kasi lagi kang nalilipasan ng gutom. Sa Cafe ka na dahil libre ang pagkain dun sa mga nagtatrabaho, di ka na bibili ng cup noodles." Tumayo siya ng maayos.
"Tsaka ayokong nalilipasan ka ng gutom, baka pumayat ka lalo, mas mabuti na yung tumaba ka na lang nang tumaba."

Grabe, nagtindigan lahat ng balahibo ko.

"Magsisimula ka na ngayon. Iwan mo na yang basahan diyan at sa Cafe ka na." Dagdag niya.

Umalis siya papuntang Cafe at mukhang magbi-breakfast na.

HAH? Eh inagahan ko nga dito para matapos yung trabaho ko tapos magtatrabaho ulit ako sa cafe? My golly.

Umalis na ako dun at lumipat sa nasabing Cafe. Mukhang alam naman ng manager nila na lilipat ako dun. Nagutom tuloy ako dahil sa mga pagkaing nakita ko.

Nasa loob din pala sina Dave at mukhang kakatapos lang ng taping nila.

"Summer, kumain ka muna dai. Baka malipasan ka ng gutom." Sabi ng manager.
"O-Opo. Thanks!"

Nakakabigla dahil binigyan niya ako ng isang tray na maraming pagkain. Okay, ganito siguro dito sa Cafe kaya binalewala ko lang. Nakita ko ang table ni Lex na siya lang mag-isa ang kumakain at para bang hinihintay pa akong lumapit sa kanya para makapagsimula na siya. Kaya lang, kumaway si Dave sa akin at, "Summer, dito ka na lang. Walang nakaupo dito."
"Okay!"

Linapag ko ang pagkain sa table niya.

"Thanks. Asan yung mga kasama mo?"

Mabuti na `tong ganito, para ma testing ko kung magselos ba ang mokong na yun.

"Ah, nagsho-shooting pa sila. Kay Lindsay naman na part ngayon. Wala ako sa part na yun eh."
Tumango ako at nilantakan na ang pagkain.

Grabe, umaga pa lang pagod na ako dito. Sinulyapan ko si Lex, kumakain naman siya peacefully.

"Kelan nga pala kayo aalis?" Tanong ko.
"Mamaya siguro."
"Ahhhh. Hmmm," Sinulyapan ko si Lex. Wala paring reaction.

Edi wala! As if namang umaasa akong may reaction siya.

"Boss mo yun diba?"
"Ahhh, oo. hehe."

"Nag-away ba kayo o... pinagalitan ka ba niya?"
"Hindi naman... B-bakit?"
"Kapag nakatingin ka sa kanya, tumitingin siya sa malayo o sa pagkain niya. Pag di ka naman nakatingin, nakatingin siya sayo."

ACK~!

"Ahhh. Ha?"

Nagkatinginan kami ni Dave.

"Uh, Dave... paano mo malalamang may gusto ang isang lalaki sa isang babae? I mean, crush." Tanong ko.
"Hmmm, it actually depends on the guy. Depende kung anong klaseng lalaki siya. Bakit?"

Oo nga! Anong klaseng lalaki ba si Lex? Wala naman akong alam eh. Mag i-isang buwan pa ako dito at ganun din ang pagkakikilala ko sa kanya. Pero, kung sinasabi niyang crush niya ako - well, maybe dahil nagandahan siya sa akin? Yes. Siguro ganun lang yun. Sumulyap ulit ako sa table niya pero hindi ko na siya nakita.

"Summer, why?" Tanong ulit ni Dave.
"Ha? Ah.. eh..." I paused then looked around. Nakaalis na si Lex. "Wala lang. Hehe. Uhm, sige Dave, magtatrabaho muna ako."

Tumayo ako at nagsimula ng magtrabaho sa Cafe.

So, what was that again? I don't really know what kind of guy that Lex is. Ba't ko ba siya iniisip? Eh mukhang di nga niya ako iniisip eh. Hanggang sa natapos na ang buong araw, ganun parin ang nasa isipan ko.

Naabutan ko si Lex na nagpapahinga at nakaupo lang sa buhangin habang tumitingin sa malayo - sunset. Tumigil ako sa likuran niya, di ko alam kung magsasalita ba ako o ano. Why am I even here?

"Umalis na ba yung mga nagshooting?" Tanong niyang bigla.
"Uh, mamayang konti." Sagot ko.

Tumango siya at tahimik ulit. Naiinis ako dahil masyado siyang tahimik ngayon.

"Oi, Lex!" Sabi ko.
"Hmmm?" Lumingon siya sakin.
"Nagkabalikan kami ni Dave." Sabi ko. HEHE. Wala lang.
"Di nga?"
"Oo. Kanina. Hmmm." Ngumisi pa ako habang umupo sa tabi niya.

DI MAN LANG SIYA NAINIS OR WHAT? WTH? So what naman diba Summer?

"Kala ko ba inaayos mo ang buhay mo?" Tanong niya, seryoso.
"Oo. Kaya nga... hehe"

Tinitigan niya ako. Tinitigan ko na rin siya. Linapit pa niya ang mukha niya sakin. AYYYIEEE. Ang bango niya at ang gwapo pa. Hahalikan niya ako?

"Summer!"

Natigilan kaming dalawa ng narinig namin si Dave na tinawag ako.

Patay, baka mabuking ako.

"Dave!" Agad akong lumapit kay Dave.

Kakapit sana ako sa braso niya kaya lang biglang naglahad ng kamay si Lex sa kanya. Nag shake hands si Lex at si Dave.

"So you're her boyfriend. Nice meeting you-"
"Huh? Kaibigan lang kami-"

ACK~! Buking nga. Tinitigan ako ni Lex at nag-iba na naman ang ekspresyon ng mukha niya.

"Owww. Sorry." Sabi ni Lex kay Dave. "Excuse me."

Bago umalis si Lex may binulong siya sakin, "Sayang, binalak ko pa namang mabuti kung paano kita aagawin in just 3 minutes." He chuckled after.

ANOOO? ANONG KALA NIYA SAKIN? Ganyan ka dali makuha? 3 minutes? Excuse me. 1 year akong linigawan ni Kevin at Dave!

Huh?

Pataaaaaay! Ang init ng pisngi ko't parang kinikilig ako. He's so unpredictable. OH NOOO! Bakit ganito na lang ako ka apektado? Baka crush ko na rin siya? NOOO! Di ako pwedeng magkagusto sa isang lalaking hindi ko pa gaanong kilala at mas lalong di ako pwedeng magkagusto ng kahit sinong lalaki ngayon.

"Summer? Aalis na nga pala kami."
"Ha. Uh, Okay."

Ha? Anong sinagot ko kay Dave? AHHHH! Wala na ako sarili. That LEX!!!!!!!! Grrr.

SIGN 18~
Summer: Tungkol kay Lex.

Hay. Akala ko tapos na ang trabaho ko, kaya lang kahit ganitong gabi na, naatasan parin akong mamili ng kung anu-anong wala namang koneksyon sa cafe na iyon. Papunta ako sa department store ng resort. Mejo maliwanag ang department store at malaki. Ngayon pa ako makakapasok dito sa halos isang buwan ko dito. Papalapit na ako nang bahagya akong napaatras dahil nakita ko si Lex.

Ba't nga ako aatras? As if may atraso ako sa kanya. Hmmmp. Nagpatuloy ako sa paglalakad.

Easy lang, Summer. Hindi ikaw ang may crush sa kanya, siya ang may crush sayo kaya tama na yang paghuhuramentado mo.

Anong may crush siya sayo? So, naniniwala ka? Loko lang yun, gaga~!

*BOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOOG!*

"Arayyy!"

Nabungo ako sa isang hindi malamang bagay. PESTE, may malaking salamin pala ang department store na itech? Ang sakit ng ilong ko, parang nabali ata. Shucks! Hinawakan ko't ininda ang sakit. Patay, mamumula ito. HUHU.

Narinig kong may tumawa sa likuran. Lumingon ako para makita na si Rocky the manyak lifeguard ang humahalakhak at parang napahiya ako. Hahayaan ko na lang sana pero...
"Anong tinatawa-tawa mo diyan?" Kinwelyohan ni Lex si Rocky.

Nakakaawa na nga ang itsura ni Rocky dahil mukhang napatawa lang naman talaga siya sa itsura ko pero agad naman sineryoso ni Lex.

"So-So-Sorry po."
"Mag-ingat ka sa mga tinatawanan mo ah!" Sabi ni Lex ng hindi parin tinatantanan ang kwelyo ni Rocky.

Kinindatan niya pa ako nang nakita niyang nagkasalubong ang kilay kong tumitingin sa kanila. Napailing ako at pumasok sa loob.

"Wala akong time sa mga pambobola mo, Lex." Bulong ko sa sarili ko.

Pagkatapos kong mamili ng kung anu-ano. Nakita kong nakaabang si Lex sa labas ng department store.

"Kamusta ang ilong mo?" Tanong niya habang tinitingnan akong may dalang sangkatutak na mga pinamili.
"Okay lang." Sabi ko. Cold, as usual.

Kinuha niya ang pinakamalaking supot. Bwusit, nagpapaka gentleman ulit ang kumag.

"Wa'g na." Binawi ko.

Tinangka niyang kunin ang dalawa.

"Wa'g na!" Pasigaw na sabi ko. "Kaya ko na!"
"So? Anong gusto mong mangyari, hahayaan kitang dalhin ang mabibigat na bagay na yan at panoorin na lang?" Tanong niya.
"Edi wa'g mo kong panoorin! Pwede bah?"

Pinilit niyang kinuha ang dalawang supot. At dahil ayaw kong mapunit ang supot, hinayaan ko na lang siyang kunin ito.

Napasinghap ako.

"Okay! Since, nagvolunteer ka, ikaw na ang maghatid niyan sa Cafe at babalik na akong Hotel at matutulog na." Evil talaga. Imagine? Boss ko, pero inuutusan ko?
"Mmmkay. Good night, then." He smiled.

OH GOD! Is he crazy? Ba't ngumingiti pa siya't hindi pa nagrereklamo e kitang kita na na pinagsasamantalahan ko na siya. Balak ba niyang magpa-slave sa akin?

Nagsimula na siyang maglakad patungong cafe. Ako naman, hindi parin makagalaw at naguguluhan parin sa taong iyon. Oh God. I really need to be enlightened!

"Summer!" Napalingon ako kay Manang Alicia nang nakita ko siyang kakapasok lang sa resort at mukhang bibisita.
"Manang!" Sigaw ko, with excitement.
"Si Sir Lex ba yun? Malayo pa lang ako nakikita kong mukhang nagtatalo kayo't binigay mo sa kanya yung mga supot, ano ba yun?"
"Huh?"

BINIGAY? I think t`was 'kinuha'.

"Uh... Wala po yun." Sabi ko nang naglakad kami patungong Accomodation Block. "Ba't po kayo andito?"
"Ah, tinitingnan lang kita. Narinig ko kasi kay Sir na nagpunta daw dito yung ex mong si Dave Ramos. Nakaalis na ba?"

"Opo. Kanina."
"Nagkabalikan ba kayo?" Tanong niya.
"Di naman po."
She sighed. "Hayyy, akala ko pa naman. Bilin talaga kasi ng mama mong hindi ka muna magboboypren at wa'g raw kitang hayaang mapalapit sa kahit sinong lalaki."
"Huh? Eh, wa'g kayong mag-alala, kahit ako mismo, walang plano sa ganyan. Panggulo."

Habang papalapit kami sa Hotel, sumulyap ako kay Lex at parang nagkaproblema siya sa dala-dala niya.

Lilingon din sana si Manang kay Lex, "Manang!" Agad kong kinuha ang atensyon niya.
"Ano?"
"Uh. hehe. May mga itatanong lang sana ako..."

Naku, pag nalaman niyang inutusan ko yung pinakamamahal nilang Sir Lex dito eh baka magrally lang sila sa harapan ko't ako pa ang magiging masama sa harapan nila. At pa'g nalaman nilang nagpauto si Lex sa akin dahil crush daw niya ako, mas lalo akong paaalisin dito dahil kay mama.

"Tungkol saan?"
"Tungkol kay Lex."
"Ha? Bakit? May gusto ka sa kanya? Di ka raw pwedeng magka-"
"Manaaang, di naman po ganun. Pramis, di ako magboboypren. Promise!" Tinaas ko pa ang kanang kamay ko.

I have the 24 signs. Hindi ko pa iyon nakakalimutan. Seryoso ako sa mga yun at susundin ko talaga yun ng walang pag-aalinlangan.

"Sure ka ba?" Nakangisi si Manang ng tanungin niya ito.

Nangangati na rin ang dila ko at parang atat na akong magtanong tungkol sa misteryosong Lex na yun.

SIGN 19~
Summer: Uh-Oh... Uhmm...

Umupo kami ni manang sa sofa sa reception hall. Di rin daw kasi siya magtatagal dahil may gagawin pa siya sa farm.

"Mabait na mabait na mabait si Sir Lex. Paborito ko nga siya eh dahil ang bait-bait niya."

Pagtungtong ko ng highshool, lumipat na si Manang Alicia - siguro kina Lex siya lumipat kaya niya kilala.

"Uh, kasi... manang, Uh... chickboy po ba siya?"

Nakita ko ang pagkabigla sa mukha ni Manang sa tanong ko.

"Bakit? Linigawan ka ba niya-" Ngumisi siya.
"Hindi po!"
"Bakit?"
"Kasi... ibang klaseng dumiskarte."
"Ah. Ganyang na talaga siya. Mabait at gentleman."

Sabi na nga ba. OA lang talaga kung iniisip kong kakaiba ang treatment niya sa akin.

"Kaya lang naiinis yan pag binabalewala. Ang totoo, mejo may pagka chicboy nga siya. Pero hindi naman yung tipong marami siyang pinapaiyak na mga may gusto sa kanya. Yung nagpapacute lang sa mga babae."

Dinig mo yun, Summer? GAGA! Ganun lang yun, seryoso.

"Naiinis pag binabalewala?"
"Oo. Sanay kasi siyang sa kanya lahat ng atensyon."

Tumango ako.

"Uhhh, puro naman yan puri. Ano bang bad side niya?"

Bahagyang napatawa si Manang.

"Bakit?"
"Wala lang."
"Hmmm, nagkakagusto ka na ba kay Sir?"
"Hindi po! Naiinis nga po ako dun eh. Kaya lang wala akong mapagsabihan ng sama ng loob dito dahil wala naman akong kilala."
"Ano ba yung kinaiinisan mo sa kanya?" Tanong ni Manang.
"Ah. Masyado po siyang makulit at mabait. Nakakainis."
Tumawa si Manang, "hmmm. Ang alam ko, ma-pride si Sir Lex at mejo hindi mejo, talagang ayaw niya ng binabalewala siya."
"Ha? Ma-pride at binabalewala?"
"Oo. Talagang ma-pride siya. Kaya nga lagi namin siyang tinatawag na 'Sir' eh. Baka kasi ma-apakan namin yung pride niya."
"Ah... Huh?"

Pero di ko naman siya tinatawag na sir ah?

"Uh... talaga bang ma pride siya? Nauutusan niyo na man po siya diba? Like yung sinundo ako nung pagdating ko dito?"
"Hindi. Nagvolunteer siya na sunduin ka dahil sa dami ng trabaho ko. Kaya nga mabait siya eh."
"Ganun po ba..."

Eh inutusan ko siya kanina diba? Pumayag naman siya. Di naman mukhang na hurt yung ego or pride. Hmmm.

"Kaya nga isang beses lang siyang nagkagilpren kasi di siya marunong manligaw at dahil ma pride siya. Ayaw niyang inaaming may gusto siya sa isang babae. Mabait nga siya kaya maraming nagkakagusto sa kanya."
"Kung ganun, ang swerte nung ex niya!" Sabi ko.

Mejo naguguluhan parin ako dahil baliktad ang mga sinabi ni Manang sa mga nakikita ko ngayon kay Lex. Ayaw ba talaga niyang umamin sa mga nagugustuhan niyang babae? Bakit umamin siya sakin? Ibig sabihin ba nun eh di totoo yung sinabi ni Lex sa akin? AY EWAN KO.

"Swerte talaga. Kaya lang kahit ang bait-bait ni Sir, yung babae mejo maraming naging boyfriend at may pag ka..." Nag-isip pa ng mabuti si Manang at tiningnan ako. "... kagaya mo."
"Kagaya ko?"
"Oo. Yung gabi na umuuwi sa bahay at kung saan-saan pumupunta."

Ayun naman pala. Siguro naaalala niya yung ex niya sa akin.

"Noon yun nung nag-aaral pa sila. Pero kahit ganoon yung babae, mahal na mahal niya si Sir simula pa noon. Hindi nga lang siya pinapansin ni Sir, pero mahal talaga nung babae."
"Huh? Paano naging sila?"
"Hindi ko nga rin alam eh. Basta ang alam ko, magkaibigan na yung mga magulang ni Sir at ni Ma'am Kyla."

So the ex's name is Kyla.

"Ahhh, ganun po ba. Ba't naman po sila nagkahiwalay?"
"MUkhang may ibang lalaki ata yung si Ma'am Kyla eh. Pero di ako sigurado."

Panay ang pag-iisip at pag-eexplain ni Manang sa akin habang may nakita akong pumasok na napakagandang babae sa hotel. Sa sobrang ganda niya, nandiri na ako sa sarili ko. TOMBOY! haha Dumiretso ang babae sa mga kwarto. witweeew. Pag laki ko, sana ganyan din ako ka ganda at professional ang dating.

"Akala ko po ba mahal niya po si Lex?"
"Ayy ewan ko ba. Tanungin mo na lang si Lex. Ay, wa'g na lang pala... baka magalit yun pag-itanong mo."

"Bakit po, mahal niya pa po ba si girl?" Tanong ko.
"Di ko rin alam kung mahal niya pa rin si Ma'am Kyla, eh anim na taon kaya silang nagsama."

Manang, paano kung sinabi niya saking crush niya ako?

Syempre, Summer. Gaga ka kung itatanong mo yan kay Manang. At gaga ka na dahil iniisip mo pang itanong.

"Excuse me,"

Napalingon si Manang Alicia sa babaeng nagsalita at nagtanong kay Kate sa reception hall.

"Asan si Sir Lex niyo, Kate?" Tanong nung babae.
"Uh... Well." Pinandilatan ni Kate ang babae, pero mukhang cool parin ang magandang babaeng idol ko na. "Ewan ko, wala ba siya sa kwarto?"
"Pumasok na ako eh. Pero wala."
"Uh, tanungin mo yung babaeng yun." Sabay turo sa akin.

Lumingon ang magandang babae sa amin at wala akong masabi, talagang ang ganda niya.

"Summer, asan daw si Sir Lex." Sigaw ni Kate sakin.
"Uh-Oh... Uhmm..." Grabe, speechless ako. Ganda niya.

Pero bago ako makapagsalita, naunahan na ako ni Manang Alicia, "Ma'am Kyla, ikaw po pala yan!"

NAKANANG PALAKA. In speaking of the... dev-angel-devil? IDK.

SIGN 20~
Summer: I dunno.

"Uh, hi-hindi ko alam."

Lumapit si Kate sa akin at... "Nga pala ma'am Kyla, eto nga pala si Summer."

Tumaas ang kilay nung Kyla at mukhang nagtataka kung ba't ako pinapakilala.

"Uh, Ma'am, alaga ko po siya noon." Singit ni Manang.
"Aww. Nice meeting you!"

Naglahad siya ng kamay.

Umalis naman si Kate at halatang na dismaya.

"Nice meeting you too."

Sa mga puntong ito di ko pa alam kung ano ang mararamdaman ko.

"Manang! Kamusta na po?"

Nagpatuloy sa pag-uusap si Kyla at si Manang Alicia.

"Ahhh, sa farm na po pala kayo?"

Grabe, Out of Place ako dito. Naisipan kong maglakad-lakad na lang muna sa lobby.

"Summer!" Tumindig ang lahat ng balahibo ko nang narinig at naamoy ko si Lex.
"L-Le-Lex!" Hindi ako makatingin sa kanya.

He sighed deeply.

"Nahatid ko na."
"Ba't natagalan ka?"
"Nag-usap pa kami ng manager mo, may day off ka rawng tatlong araw."
"Huh?"
"Oo. Sinabi niya..."

"Lex!"

O. WADAPAK. Ngayon ko lang naalala yung Kyla andito pala.

Wala akong magawa kundi magtaas lang ng kilay habang nakatingin si Lex sa Kyla na iyon.

"Kyla!"

"Ohhh, what a sweet reunion." Bulong ko.

Napatingin si Lex sakin. Narinig niya? Oi, di ko yun sinadya ah! At di ako nagparinig!

Pero bago siya makapagreact sa bulong kong sana sa sarili ko lang, yinakap na siya ni Kyla.

"Lex! I missed you!" Sabi ni Kyla gamit ang isang sweet na boses na tamang-tama lang sa mukha niyang mala anghel.

"Bumyahe ka? Gabi na ah?"

Nagharap ang dalawa.

"Summer, alis na ko ah. Paki sabi kay Sir at Ma'am." Bulong ni Manang sakin.
Tumango ako.

Unti-unti kong linalayo ang sarili ko sa dalawang nagrereunion at nagkakamustahan. Nasulyapan ko namang panay ang titig ni Kate sa kanilang dalawa at napailing na lang ako.

"Uhh, Summer!? Asan ba yun..." Sabay lingon ni Lex sakin.
"Huh?"
"Nga pala Kyl, eto nga pala si Summer."
"Ahh~ Yeah! Pinakilala na siya sakin ni Kate kanina. Alaga siya ni Manang Alicia diba?"
"Oo-"
"Such a beautiful girl, naaalala ko ang sarili ko 5 years ago. Ilang taon ka na ba Summer?" Ngumiti pa siya sakin.
"I'm-"
"18! She's eighteen." Sabat ni Lex.

Tumango si Kyla.

"Uh... Excuse me."

Please let me escape.

Umalis na ako at grabe, half-running na ulit ako.

"Summer!" Tinawag pa ako ni Lex. "Wala kang pasok bukas ah! Baka makalimutan mo. Tsaka, tatlong araw yan."

WHATEVER! Pupunta ako bukas at sisiguraduhin ko.

Lumingon ako sa kanila at naabutan kog nagpatuloy sila sa kanilang pag-uusap.

"Oist, Summer!" Tinawag ako ni Kate.
"Whut?"
"Anong pinag-usapan nila?"
"I dunno."
"Naku, yung ingratitang yon. Haliparot yun noon eh, nagbago yon dahil kay Lex." Nakikipag-usap siya sakin habang tinitingnan ang dalawa. "Unfortunately, di siya gusto ni Lex... Pasalamat siya't magkaibigan yung mga magulang nila ni Lex kaya napilitan yon!"

HUH? NAPILITAN? Napatingin ako sa kanilang dalawa ulit.

Kyla was holding Lex's arms.

"Sabihin mo nga... do you think Lex likes you?" Tanong ni Kate sakin ng seryoso.
"No~!"
"Really?"
"Oo!" Nakakunot na ang noo ko pagkatapos kong sagutin ang pagdududa niya.
"Kung ganun ba't ganun siya ka concern at interesado sayo?" Bulong niya. "Ba't parang mas ganyan siya say- NEVER MIND!"

Pinandilatan ako ni Kate.

ANO? CONTINUE!
LOSER!

Ba't nga ba ako curious? Hmmp! Makabalik nga sa kwarto...

"Okay! Kukunan mo ulit ako ng room, tulad ng dati? Ba't di pwedeng sa room mo na lang para tipid?" Kahit malambing ang boses ni Kyla, narinig ko parin ang pagtaas nito.
"I mean... okay, pero yung sa tapat lang ng room mo ah?" Huminahon ulit siya.

Tapat ng room ni Lex? Eh room ko yon eh!

EVERYONE IS CONTROLED BY THAT LEX, even his ex-girlfriend. And almost everything in this tiny island. So, gawan niya ng paraan yang pag iinarte ng ex niya kung talagang ayaw niyang umalis ako sa tabi niya.

HAAAA? Ano yooown Summer? Kala ko ba anghel yong Kyla, ba't nag-iinit na ang dugo ko ngayon?

SIGN 21~
Summer: AWWWW SURE!

Napahinga ako ng malalim pagkatapos kong ilublob ang buong katawan, pati ulo, sa bath tub. Matutulog ako ng maaga ngayong gabi, I don't wanna be disturbed by anyone.

"I don't believe in love anymore." I sighed. "Ridiculous."

Kakabasa ko pa lang sa 24 signs. And yes... I don't believe in LOVE anymore, pero naniniwala ako sa mga signs na yun.

*KRRIIIIING*

Narinig ko ang cellphone kong nagri-ring kaya umalis ako ng banyo. Nakatuwalya lang ako at syempre, underwearssss.

"Hello?"
"Summer, ba't ngayon mo lang sinagot? Halos buong araw akong tumatawag sayo ah." Sabi ni Kevin. "I'm missing you so much."
"Kevin... Let's move on. Please move on."

Naramdaman kong biglang bumukas ang pintuan ng kwarto ko. Paglingon ko naman sa pintuan, biglang nahulog ang tuwalya ko.

Binuksan nung pumasok ang ilaw ng room ko.

"Oh! Ikaw pala-" T'was Kyla.
"Kyla! Sabi ko, may nakacheck-in na diyan!" Sigaw ni Lex sa labas.

Hindi makatingin ng diretso si Kyla sakin. So what kung naka bra't panty lang ako? Babae ka naman ah? Tsss. LOKA talaga ako. Pinatay ko ang cellphone ko kahit di pa ako nagpapaalam kay Kevin.

"Kyla... Si Summer ang-" Pati si Lex na bigla ding pumasok eh na tigilan ng tingnan ako.

I sighed. MGA GAG0!

"Sorry." Sabi ni Lex.

Pinulot ko ang tuwalya at linagay ko na lang sa shoulders ko.

"Ngayon ko lang nalamang pwede pala kayong maging akyat-bahay." Linapag ko ang cellphone ko sa mesa.

Ginamit ko na rin ang tuwalya para patuyuin ang buhok ko habang ang dalawa naman ay parang istatwang nakatayo malapit sa pintuan.

"Uhmm, I'm sorry. Kinuha ko yung duplicate keys. Kala ko kasi nagsisinungaling si..." Tinakpan niya ang mga mata ni Lex. "... Lex. I'm sorry, Summer."

"Awww, how sweet..." Binulong ko ang sarcasm na `to sa sarili ko. "Ahhh, I mean... It's okay!" Ngumiti pa ako.

Kinaladkad niya si Lex papalabas ng kwarto.

"Sorry, Summer? NYENYE~" Ginaya ko ang boses ni Kyla habang pinapatuyo ang buhok ko.

I stopped.

"HAY! Ano na ba tong nangyayari? Ba't ako naiinis sa Kylang yaon? I can't be jealous!"

I sighed. Grabe, indi pwedeng ganito na lang. Di pwede noh!

At dahil sa pagdadamdam ko sa bagay na hindi ko pa malaman kung ano na ba talaga, eh nakatulog na ako.

"AYYYY!" Sigaw ko.

Muntik na kasing mahulog ang platong linilinisan ko. Maaga ulit ako sa trabaho at nagbabakasakaling maaga na rin akong matapos, di tulad kagabi.

"Oi dai, diba sinabi ni Sir Lex na wala kang duty ngayon?" Sabi ng manager namin.
"Ahhh-"

"Andito ba si Summer?" Malayo pa lang, narinig ko na agad ang mala anghel na boses ni Kyla.

"Yes?" Agad ko siyang hinarap.

Kasama niya si Lex. Nakataas na ang kilay ni Lex nang nabaon ang mga mata ko sa kanya.

"May trabaho ka ba?" Tanong ni Kyla.
"Wala siyang trabaho... day off niya ngayon."
"Uhh. Yeah. Wala naman."
"Ahhh."
"Bakit? Anong gagawin niyo ngayon? Pwedeng sumama?" Sumulyap pa ako kay Lex at tiningnan ang ekspresyon niya.

Ewan ko pero napangiti ang kumag habang tumitingin kung saan saan. Hinawakan naman ni Kyla ang braso niya pagkatapos nilang marinig ang sinabi ko.

"Uhhh. Mag vi-videoke lang sana kami." Sabay turo sa videoke room ng restaurant.
"Oohh! Okay lang bang sumama?" I smiled and evil smile.

Tumingin si Kyla kay Lex, "Okay lang ba?"

Nagkibit balikat si Lex. Kung ayaw niya, eh sabihin niya na lang! Madali naman akong kausap eh. Pero sa puntong ito, di ko kayang umurong. Ayokong umurong. Pakapalan na ng mukha ang labanan dito at wala akong pakealam kung anong maging reaksyon ng dalawa.

"O sige... Sumama ka." Kyla smiled. "Para masaya." She glanced at Lex.

Sumunod ako sa kanilang dalawa kaya lang biglang tumigil si Kyla...

"Uhhh. Pwede favor?" Hinintay niya ang sagot ko.
"Uhm sure!"
"Pwede uhm, dalhan mo kami ng... dalawang halo-halo, juice, ano pa ba...? Hmmmm-Mamaya na lang ang iba." She smiled.
"AWWWW SURE!"

Tumalikod na ako bago ko pa maipakita ang pinaka panget na ekspresyon ng mukha ko. AYYYY! At talagang sinabi pang 'mamaya na lang ang iba', ibig sabihin lang nun eh marami pang susunod. Si Lex naman, mukhang natutuwa sa biglang pagbabago ng mga reaksyon ko at hinahayaan ang pag-iinarte ng ex niya. NAKUUUU!

Humanda yung Kyla na yun, dapat may ma achieve si Lex na isang sign ulit para maging akin na siya. WAHAHAHAHA.

LOL. SUMMER! NUKABA! Pero, hindi eh. Talagang... nakakainis. HAAAAAAAAAAAAAA~ Hindi ko na alam kung anong nangyayari sa akin. I'm not in lurveee! I don't believe in love anymore. I'MMMM JUST... INSECURE!? Eto ang unang pagkakataong na associate ko ang sarili ko sa word na insecure!

Ay ewan! Basta... HUMANDA SILA! HUMANDA SI LEX, gagawa siya ng sign sa ayaw't gusto niya. HUMANDA SI KYLA, pababagsakin ko siya.

SIGN 22~
Summer: Talagang di ko yun sinadya.

"Humanda na talaga yung Kyla." Sabi ko sa sarili ko habang nanginginig na sa gigil ang kamay ko.

Pumasok ako sa loob ng videoke room at naabutan kong kumakanta si Kyla.

Linapag ko ang mga dala ko sa table. At talagang sinadya kong magbuhos-buhos pa ng juice sa harapan ng dalawa para masabuyan ko ng juice si Kyla. HA HA HA. I'm the evil witch!

"AHHHH~!" Sigaw niya ng nakamicrophone nang nagtagumpay ako sa mga evil plans ko.

Agad tumayo si Lex para tumulong sa pagpunas sa basang-basang dress ni Kyla.

"S-Sorry." HAHAHA >:D
"Awwww. O-Okay lang."

Nakatayo ako habang nag pa-pa-as if na nagpapanic habang pinapanood ang dalawa na nagtutulungan sa pagpunas ng damit ni Kyla.

"Naku... Sorry talaga."

Sumulyap si Lex sakin kaya todo ang pagbibigay ko ng nakakaawang ekspresyon.

"Ikaw? Na basa kaba?" Tanong ni Kyla sakin habang tinitingnan ang damit ko.
"Hi-Hindi naman..."
"Summer, kunan mo nga ng damit si Kyla sa kwarto niya." Sabi ni Lex sakin, seryoso.
"Hu- owkaaay."
"Wa'g na, Summer~!" Singit ni Kyla. "Okay na `to Lex, di naman ako masyadong nabasa eh. Okay lang, Summer. Wa'g na."
"Okay!"

I smiled secretly. Pero unti-unting napawi ang ngiti ko nung na rerealize na mukhang nagmomoment ang dalawa habang nakatingin ako sa kanila.

"Ui... Ehemmm. Sinong susunod na kakanta?" Tanong ko.

Umayos silang dalawa at halatang di parin comfortable dahil sa nangyari.

"Hindi naman kumakanta si Lex eh."
"Haaaaa?"
"Yep... Kaya, ikaw ang susunod."

Naguguluhan ako ngayon.

Una, naiirita na ako sa kabaitang ipinapakita ng Kylang eto. Alam kong di niya naman alam na sinadya ko yung kanina, pero dapat nabadtrip na siya ngayon dahil dun.
Pangalawa. For God's sake, I'm targeting '6. kinanta niya ang kantang gusto ko.' Paano niya kakantahin ang gusto ko kung di naman talaga siya kumakanta? At mukhang bad trip pa siya dahil sa nagawa ko.
Pangatlo. Paano ko nga ba naisip na gawing milestones at goals ang 24 signs ko? Lechugas.

"Ha? Okay~ Then... Ang kakantahin ko ay... Constantly."
"Wowww! Nice choice." Sabi ni Kyla.

Tsss. Naiirita na ako sa kabaitan ng babaitang ito.

Sumulyap ako kay Lex at nakapangalumbaba siya habang nakatingin sa akin kaya mejo naintimidate ako.

"L-Lex, ikaw... gu-gusto mong kumanta? O di ka siguro marunong kumanta noh?" Ngumisi ako kahit na kinakabahan.

Di siya sumagot. O M GEE. He's angry again? Ganyan ang mga mata niya pag galit siya sakin.

"Whoa, wait. Tinawag mo ba siyang 'Lex'?" Tanong ni Kyla.
"O-Oo."

Tiningnan ni Kyla si Lex, "Kelan mo pa hinayaang tawagin ka ng employee mo ng 'Lex' lang?" Tanong niya.

Nagkibit balikat siya.

"Uhhh. Bakit? Uhhh, is there any problem?" Singit ko.

Nagiging epal na ata ako dito.

Hinintay ni Kyla ang sagot ni Lex pero talagang di siya sumagot.

"So... Anyway, yeah... Constantly ba yung title ng kakantahin mo, Summer?"
"Oo." Weird.
"Summer... Kumuha ka ulit ng juice dun. Naubos yung juice dito dahil binuhos mo kay Kyla." Sabi ni Lex.

ACK~! Hindi ako gaga para aminin yan no!

"Lex~ Don't act like that!" Sabi ni Kyla.
"Okay lang yun... Sorry ulit. Talagang di ko yun sinadya." Matinding acting na hindi tumalab kay Lex.

Kinuha ko na yung mga baso ulit at umalis na ng walang pasabi at walang tingin-tingin sa kanila.

Now, I don't know if my plans worked. Bakit pa kasi may pa plano-plano pa akong nalalaman eh.

"Constantly, you’re on my mind. Thinking about you all the time. I can’t sleep no matter what I do. I just keep on thinking ‘bout you."

Tumindig ang mga balahibo ko nang pagdating ko ay kumakanta na si Lex. Manghang-mangha si Kyla habang pinapakinggan si Lex at pinapanood.
Pero mas lalo akong mukhang nakuryente nang nakita ko ang eksenang linagay ni Kyla ang ulo niya sa shoulders ni Lex.

Sumulyap si Lex sakin at naabutan niya pa akong nakatitig kay Kyla at parang dinaramdam ang eksena ng dalawa. I looked away.

6 years ang relationship nila. I've known him for, what, a month? I can't defeat that. And honestly, I think I'm beginning to long for Lex's attention.

SIGN 23~
Summer: Naaw.

OKAY! Alam kong mejo may violation ako dun sa isang yun. Kasi talagang sinadya ko yung paghamon kay Lex para lang makanta niya. Pero who cares? Wala naman sa rules na di pwedeng sadyain ko ang mga moment at ba't ba pinoproblema itech eh ako lang naman at ang konsensya ko ang magkalaban?

Ano pa ba ang kailangan niyang ma achieve na sign? Tsaka... pag na achieve niya naman lahat, anong mangyayari sa akin? Paano kung maachieve niya yun lahat pero yung Kyla paring yun ang mahal niya, sorry na lang ako? ARGH!

So what about these things? Ano bang nangyayari sakin at bakit ko iniisip ang ganito? Unang una, I can't fall in love. Pangalawa, ayaw ko sa Lex na yun. Pangatlo, ba't parang gusto kong maging hobby ang pakikipagkompetisyon kay Kyla?

OH COME ON! I'm sooooo confused!

"Miss na miss ko na ang white island." Sabi ni Kyla habang hinahawakan ang hat niya sa ulo niya.

Eh kamusta na kaya yung akin na galing Taiwan? Tsss.

Nandito kami sa yate ng Sortee Beach Club. Minsan tuloy gusto kong magtanong kung may sportscar ba si Lex.

"Ganun parin naman yung itsura. Wala masyadong pinagbago." Sabi ni Lex.

Out of place ako dito. Usapang matatanda ang nangyayari eh.

Tumayo si Kyla sa edge ng yate. Titanic-style kumbaga.

"Natatandaan mo ba Lex? Nung tayo pa... Ganito lagi ang ginagawa ko?" She smiled.

Napasinghap ako at tiningnan ang asul na dagat. Mahulog ka sana para maiwan ka na dito!

"Mag-ingat ka, Kyla." Yun lang ang sinabi ni Lex.

She spread her arms. Titanic ang dating.

"Lex, tulungan mo siya o. Yung sa Titanic!" Sabi ko kay Lex.
"Hayaan mo siya, ganyan na talaga yan."

"AHHHH~!"

Nakita kong tumalon ng sabay ang tatlong dolphin at bumagal ang takbo ng yate.

"Kyla!!!"

Nahulog na rin si Kyla gaya ng wish ko. Nabigla ata siya sa mga dolphins.

Na stuck ako sa iisang ekspresyon pagkatapos kong puntahan ang crew at ipatigil ang yate. Dala-dala ko kasi ang mga tuwalya habang pinapanood na yinayakap ni Kyla si Lex.

"Sorry." Kyla cried.
"Sabi ko naman sayo na mag ingat ka kapag ganun diba?" I heard the frustration inside Lex's voice.
"Hindi kasi ako sanay na di ka katabi pag ginagawa ko yun."

Napasinghap ako't parang ang sarap tadjakan ang dalawa. Bakit puro bayolente ang mga naiisip kong gagawin?

Inabot ko ang tuwalya kay Lex at hindi parin tumitigil si Kyla sa pag-iyak.

At sa inis ko sa eksena, umalis na ako sa harapan nila ng walang imik.

Okay, now, breath! Magyo-yoga na muna ako. Mejo na stressed ako sa dami ng iniisip ko. Wala akong inisip hanggang sa nakarating na kami sa nasabing white island.

Okay naman, mukhang abandonadong isla na may mga caves and all that. Badtrip nga kasi ang daming fleas sa dagat. Kung di lang sila maliliit eh kinutusan ko na sila.

"Ahhhhwch!" Sigaw ni Kyla.

Yun naman pala, nakagat ng flea. Heller, nakagat na ako ilang beses simula kanina pero di naman ako sumigaw ng ganoon. Pathetic. HUUUU. Natatakot na ako, ba't ba ang init talaga ng ulo ko sa kanya? Gusto ko na ata si lex eh.

"Ang ganda nung islang yun ano?" Tanong ni Lex sa akin nung papauwi na kami.

Nakatingin lang ako sunset sa harapan ko habang dinadama ang hangin.

"Yeah. Nasaan si Kyla?"
"Ayun, natutulog." Sabi niya.

Lumingon ako sa kanya at nakita kong wala siyang t-shirt. LOL. I traced his abs... tulo-laway na afterwards. LOL. I looked away. Pinandilatan ko ang kawalan.

"Did you have fun?" Tanong niya at umupo sa tabi ko.

Lumayo ako ng konti sa kanya.

"Fun? HAH." Sumulyap ako sa kanya.

Nakita ko ulit ang mga mata niyang parang binabasa ako.

"So... di pala marunong lumangoy si Kyla andddd... she's kinda lampa?" Sabi ko para mejo mainterrupt ang mga titig niya.
"Oo."
"Awww. She SUPPEEEER needs a man like you." Sabi ko. "Ba't di kayo nagpakasal?" Tanong ko.
"Bata pa namin nun. Ba't kami magpapakasal?" Sabi niya.
"Anong bata? Right age na yan no." Sabi ko kahit mejo masakit sakin.
"We were 20 that time."
"20?"
"Oo. Twenty."
"Anong twenty? Diba 6 years kayo?"

His eyes looked sharper.

"Three years lang kami. Hey, did you try to research about us?" Sabi niya.
"Naaw." Deny ko.

Anong 3 years? Sabi ni manang, 6 years daw!

"If you want to research about me, why not ask me directly?"
"Research about you? Hell no. Yun ang narinig ko kay Manang. Di ako nagtanong or whatever."

"Okay." Tiningnan niya ako.
"What? Di ka naniniwala?"
"Wala. I just thought, you might want to hear some things about us."

SIGN 24~
Summer: Ba't mo naitanong?

My GOD! Grabe, umiral ang pride ko.

"Naaaw. Para saan pa? Wala naman akong pakealam sa inyo." Sabi ko.

Tumawa siya ng napakalakas. Nabigla ako sa reaksyon niya sa sinabi ko.

"Sige... Sasabihin ko sayo."

Loko. Sabi ko, wala akong pakealam sa inyo.

Nakatingin lang ako sa sunset ng mabuti at nagkukunwaring hindi interesado sa sinasabi niya.

"Tatlong taon kaming mag-on ni Kyla. Naging anim sa lahat ng tao sa paligid dahil sinekreto namin ni Kyla ang break-up namin."
"Bakit?" Tinitigan niya ulit ako with evil smirk pa. "I... mean...-"

Shucks, mahalata pa na interesado ako.

"-dahil magagalit ang parents ko kapag nalaman nilang nag break na kami. At mas lalong magagalit ang parents ni Kyla pag nalamang nag break kami dahil nahuli ko siyang nakipaghalikan sa isang lalaki."
"Na-Nakipaghalikan?"

Naalala ko ang case ni Lauren at Kevin.

"Oo. I didn't like the thought of it..." Sabi niya. "My girlfriend, kissing another guy."
"Bakit? Kasi mahal mo siya, o kasi naapakan ang pride mo."
"Both."
"Masyadong matayog ang pride mo. At masyadong mababaw ang pagmamahal mo." Sabi ko.

Oi! Matino yung sinabi ko ah.

Tinitigan niya ako.

"Oo, alam ko."

"Lex! Iniwan mo naman ako." Sabi ni Kyla galing sa likuran.

Ay ang ganda na ng usapan namin, umepal pa. Grrrr.

Iniwan ko silang dalawa. Di bale na si Lex, as if naman. ARGH! Hanggang dito ba naman, may lalaki ulit akong mugugustuhan? GEEEZ. Kakaiba pa `to dahil masyado akong nagiging desperada.

"Lex, the party is on Wednesday!" Sabi ni Kyla nang papapasok silang dalawa ni Lex sa kwarto niya.

Kakarating lang namin galing sa white island at di ko alam kung bakit bigla na lang silang nagtatalo.

"I can't." Sabi ni Lex.
"Lex! Hinihingi na ng mama at papa mo ang pangalan ng fiancee mo! Hanggang ngayon parin ba... dinadamdam mo parin yung nangyari? C'mon, I've been rebounding for four years now and still?"

Sumandal ako sa pintuan nila at linapit ko ang tenga ko sa loob. Ano bang pinag-uusapan nila?

"Kyla, wa'g mo kong madaliin."
"Lex! Minamadali ba kita? Eh apat na taon yung binigay ko sayong time ah?"

Ay. Usapang matatanda. I chuckled.

"Lex, I've been loving you since then. Tiniis ko kahit ilang beses mo kong sinaktan. Sumugal ako at pumayag akong maging girlfriend mo kahit di mo naman talaga ako linigawan dahil gusto lang ng mga magulang natin. Iniwan ko ang lahat ng mga ginagawa ko noon para lang sumabay sa pagiging Mr.Perfect mo. Sumugal ako kahit alam kong di mo naman ako mahal. Sa ikalawang taon ko lang narinig sayo ang mga salitang 'I love you', it took you that long Lex. Pero ba't ang bilis mo ata akong nakalimutan?" Narinig ko ang hikbi ni Kyla.

Ano `to? Drama na! Patay. Masama ba ang nakikinig sa mga usapan ng iba?

"Kyla, tama na... Let's move on." Suminghap si Lex. "Okay? I don't love you anymore."

Tumahimik. As in... Sobrang tahimik.

"-Kyla!" Sigaw ni Lex.

Narinig ko ulit ang hikbi ni Kyla.

Oh my, did she plant a kiss?

"Lex! We'll end up with each other... Alam kong alam mo yun."
"Hindi, Kyla." He sighed.

*TOOOOG~!*

Patayyyyy! Lagoooot! Naabutan ako ni Kyla na nasa labas at nasa posisyong nakikinig sa pinag-uusapan nila.

Nakita na rin ako ni Lex.

NOOO! I did not hear everything. HA HA. >:D

"Excuse me." Namumugto ang mga mata ni Kyla at umalis na siya. LOL. Alis na rin ako ah! LAGOT! Di naman siguro masyadong halata na nakikinig ako sa usapan kanina.

Hinila ni Lex ang braso ko.

"What? I-I... I'll sleep na!" Sabi ko sabay turo sa kwarto ko sa harapan ng kwarto niya.

His earing shined again.

"Summer, kailangan bang ma achieve lahat ng signs para mahalin mo ang isang tao?" Tanong ni Lex sakin, seryoso.
"Ha? Ba't mo naitanong?"

Oo nga? Kailangan ba?

SIGN 25~
Summer: mali eh.

"Paano mo nalaman ang tungkol sa signs?"
"Binanggit mo sakin nung lasing ka."

Napailing ako.

"Nabasa mo ba?"
"Hindi. Kaya nga tinatanong kita ngayon kung kailangan pa ba yon."

Hindi ako nagsalita.

"Kung kailangan pa yon, akin na~" Sabi niya.
"Anong akin na? Yoko nga!"
"Of course... You wont need the signs to fall in love." Nag-isip siya.

Ano bang mga pinagsasabi niya. Napansin kong nakahawak parin siya sa braso ko.

"Summer, alam kong mabibigla ka sa sasabihin ko. At eto ang pinakaunang pagkakataong may sasabihan ako neto..."

Nakatingin lang ako kay Lex habang seryosong-seryoso ang mukha niya.

"I like you..."

O.O

"HAHAHAHAHAHA." >:D Tumawa ako ng pagkalakas-lakas. "Sinabi mo na sakin yan noon. Nukaba!" Sabi ko.
"Lex???" Narinig ko si Kyla sa likuran.

Bumalik siya?

"Summer..." Tiningnan ako ni Kyla.

Namumugto parin ang mata nito at parang mas lalo niyang dinamdam ang narinig niya.

"Kyla." Binitawan ni Lex ang braso ko. "I'm sorry. Dapat sana sinabihan kita tungkol dito."

Namuo ulit ang mga luha sa mata ni Kyla. Teka nga... nakakabanas na ang mga ito ah? Ba't parang naiipit ako? Tsaka, seryosohan na ba ito?

Nakatitig parin si Kyla sa akin.

"Te-teka, ano `to? Wala akong kinalaman dito." Sabi ko at umambang aalis.
"No!" Hinila ako ni Lex sa likuran niya.

Lex! Ano ba `tong ginagawa mo? Niloloko lang yata ako dito eh. Sa pagkakaalam ko, may problema silang dalawa ni Kyla. Sigurado akong tungkol iyon sa isang party (na narinig ko kanina sa usapan nila), at something like fiancee blah! Naguguluhan ako.

Nahihilo na ako. Nalilito pa. Pero di ako makaimik dahil out of place ako dito.

"That was the first time I heard you say that." Sabi ni Kyla habang tumutulo ang kanyang mga luha.
"A-Eh-Excuse-"
"Ilang araw pa ba kayong magkakilala? I can't believe this!" Todo na ang tulo ng mga luha niya. "Ginagamit mo lang siya, diba Lex?"
"No, I'm not. Sorry, Kyla." Sabi ni Lex in a calming tone.

Kyla shook her head then she walked away.

"Shucks!" Kinalas ko ang braso ko sa kamay ni Lex.
"Summer!" Hinawakan niya ulit ako.

Nakita kong mukhang frustrated na rin ang ekspresyon ng mukha niya.

"Can we talk?"
"Shut up, Lex! Hindi ko na alam kung anong pinagsasabi mo, naguguluhan na ako! Sobra~"
"Kaya nga, I want to talk to you!"

Kinalas ko ulit ang braso ko sa kamay niya.

Don't fool me.
I can't talk to him right now. Alam ko kung anong nangyayari. Sigurado akong ginagamit niya lang ako para mapagwalk-out ng ganoon si Kyla. Ako ang naiipit dito eh. Nakakainis lang dahil mejo nagugustuhan ko na siya at isang kalabit niya lang eh mukhang maniniwala na akong talagang gusto niya ako, pero HALATANG hindi dahil sa sitwasyon namin ngayon.

"Kyla!" Tinawag ko si Kyla.

Suminghap ako nang nakita kong tumigil siya sa paglalakad nang nakalabas na kami sa hotel at nakaharap na siya sa dagat.

"Kyla... Uhm, I'm sorry. Wa'g kang maniwala kay Lex. Hindi totoo yung mga sinabi niya kanina. I know what he's up to."

Hindi parin siya tumitigil sa pag-iyak niya.

"I knew it. Napansin ko na nung una ko kayong nakita... I'm pretty sure that he likes you, he's interested with you..."

Leche, naniwala!

"Uh. Hindi kasi... mali eh. Hindi yun totoo. Ikaw na nga yung nagsabi na isang buwan pa lang kaming magkakilala, kaya impossible."
"Alam ko," Humikbi siya.

Di ko alam kung mag-ooffer ba ako ng tissue o titingnan ko na lang siya. I'm doing this now because I want to correct my past faults. Ayoko ng mangyari ulit ang nangyari kay Lauren at Kevin.

"Hindi eh. I knew it. Ma pride siyang tao, at hindi mo maiisip kung gaano ka tayog ang pride niya." Humikbi siya. "I can't accept this, I've been with him for how many years... I've never seen him that way to any girl."

You have got to be kidding me! Ba't siya naniwala? Uto-uto din ba itong sang `to?

"Hindi, kasi Kyla... ginagamit... niya lang... ako."

Ang sakit palang umamin sa iniisip mo kung kasalungat yun sa tunay mong gustong paniwalaan. I wanna believe in Lex. But some part of me CANNOT.

SIGN 26~
Summer: Wa'g mo nga akong paglaruan!

"Mukhang gusto niyang iwan mo na siya kaya ginamit niya ako."

I don't even know what I'm talking about.

Hikbi parin siya ng hikbi. Tsk. Ba't ba lagi na lang akong nasasangkot sa mga iskandalong may kinalaman sa break-up at kung anu-ano pang tungkol sa lovelife?

"No sir! Well I don't wanna be the blame!!! Not anymore..."

Panay ang sigaw ko sa loob ng bathroom habang nagshoshower. Ang haba ng araw ko kahapon at mejo hanggang ngayon, hindi ko parin naiintindihan ang mga nangyayari.

Wala na akong nagawa kagabi kaya iniwan ko na lang si Kyla na umiiyak dun at sigurado naman akong pupuntahan yun ni Lex - dahil mabait siya. I just hope I'm right.

"That's what you get when you let you're heart win, whoa!!!!"

Tinanghali din ako ng gising dahil ang tagal kong nakatulog kagabi. Nagka insomnia na ata ako dahil sa mga nangyayari. Akala ko mabuti itong pagrehab dito, yon naman pala, palpak parin. May lalaki parin. May magugustuhan parin ako. Ang susunod kaya nito ay ang pagkasira ulit ng sira kong buhay? Wa'g naman sana.

I walked slowly as I passed through the cafe.

"Summer," May tumawag sakin galing sa loob.

Nakita ko si Lex at parang kanina niya pa ako hinihintay. Mukhang alam niyang kahit sinabing tatlong araw akong walang trabaho eh magtatrabaho parin ako. Hinanap ko sa paligid si Kyla, pero wala ito doon.

Di-deadmahin ko sana si Lex kaso, ayaw sumunod ng mga paa ko. Instead, I went up to him.

Umupo ako sa harapan niya.

Tahimik lang kaming dalawa habang nagtitinginan.

"Ba't mo ko tinawag?" I crossed my arms.

Binigyan niya ako ng isang envelop.

"Nu to?"

Di niya sinagot at binasa ko ang nakasulat... "60th birthday... who's Javier Santos?" Tanong ko.
"My dad." Sabi niya.

Binalik ko sa kanya.

OH NO! I think I know this.

"Next Wednesday yan. Anong araw this week, darating na ang mga kasama niya sa business world dito. Bigatin ang mga tao dun."
"Tapos?" Is he inviting me?
"Come with me."

My heart skipped a beat.

"Huh?" Nanlaki ang mga mata ko. "Ano bang gagawin ko diyan?"
"I want to present you to my parents." Sabi niya.

FCU...

"Who?"

Nakatingin lang siya sakin.

"Me?" Napatawa ako ng malakas nang di niya ako sinagot. "Wa'g mo nga akong patawanin!"
"Yeah, di ka naman naniniwala diba? Ba't di mo subukang sumama sakin bukas?" Seryoso parin ang mukha niya.

Napansin kong kanina pa seryoso ang mukha niya. Kinakabahan ulit ako. Seryoso siya.

"Lex, what're you talking about?"
"Pag mag eexplain ba ako ngayon sayo, maniniwala ka? Hindi diba?"

Oo nga naman! Pero nu bah to? Anong gagawin bukas at bakit parang malaking bagay kay Lex at Kyla yun. Kagabi ko pa naririnig yung mga party ah?

Di na ako makapag-isip.

"Talagang hindi! Lex, pwede ba, wa'g mo naman akong isali sa mga problema niyo oh! Kung may problema ka sa EX mo, kayo na lang nun, ba't kailangang manggamit ka pa ng tulad kong may sariling problema!" Tumayo akong bigla at aalis na talaga. "Ouch!"

Napasigaw ako dahil nasapul ng tray nung isang waiter ang ulo ko. Aroooy ko po! Napahawak ako sa ulo ko at pinakiramdaman kung nabasag ba ito.

Tinulak ni Lex ang waiter, "Mag ingat ka naman!" Sigaw niya.
"So-Sorry po."

Kinuha niya ang kamay ko at hinila niya ako malapit sa kanya. Nagpumiglas ako pero masyado siyang malakas, he hugged me.

"Lex!"

Nagagalit na ako. Ano bang pinaggagagawa niya? Hindi ko maintindihan! I can hear his heart beating very fast.

"I want to present the girl I want to marry on that party, please come with me." He whispered.

Nakita ng mga turista at mga crew ang nangyari samin at mukhang silang lahat ay natigilan. Kaya lang, ewan ko pero kumulo ang dugo ko. Paano niya nasasabi yung mga pinagsasabi niya ngayon? Ang bilis naman yata. This is a joke! You've got to be kidding me!

Pumiglas ulit ako at talagang buong lakas ko na ang ginamit ko. Paano kung andito si Kyla sa paligid? Mayayari na naman ako, masasangkot na naman ako sa isang krimen!?

"What are you talking about! Si Kyla ang i-present mo! Wa'g mo nga akong paglaruan! Di porke't boss ka dito, papayag na ako sa sinabi mo!" Sigaw ko.
"Apat na taon na kaming wala ni Kyla-"

Binuhusan ko siya ng tubig. Pasensya na~ Lex. I just can't believe you. And I want to stop you from explaining.

Nakita ko si Kate na nakiusisa sa malayo.

Napapikit si Lex sa ginawa kong pagbuhos ng tubig, mag wo-walk-out na sana ako, kaya lang hinila niya ako pabalik at hinalikan.

WAAAAAAAAAA~! What the hell?

"Summer!!!!" Tumatakbo si Kate habang sinusundan ako.
"ANO!?" Sigaw ko.

Nag aalburoto parin ang puso ko at mukhang maha-high blood na ako. Anong akala ni Lex sakin, cheap? Siguro katulad lang din siya ng mga lalaki diyan...

Nagwalk-out ako kanina dahil sa kahihiyan. Tumigil na lang ako sa paglalakad nang tinawag ako ni Kate.

*SLAPPPP!*

Natigilan ako.

"Pano mo yun nagawa sa kanya? Kung ayaw mo kay Sir Lex, ba't di mo na lang sinabi agad sa kanya? Ba't kinailangan mo pang ipahiya siya sa karamihan?" Naramdaman kong sobra-sobra ang hingal at namumula na rin ang pisngi ni Kate.

Di ako makasagot dahil nabigla ako sa nangyari. Ang tanging nararamdaman ko lang ngayon ay ang sakit ng sampal ni Kate at ang tanging naririnig ko naman ay ang mabilis na pintig ng puso ko.

"He chose you over Kyla! Mas pinili niya ang isang babaeng wala pang dalawang buwan niyang nakikilala sa babaeng tatlong taon siyang minahal, di pa ba sapat sayo yun?"
"Anong pinili? I don't believe him! Ginagamit niya lang ako. Can't you see?"
"'CAN'T YOU SEE!?' Kahit kailan, wala pang bumuhos ng tubig sa kanyang mukha sa harapan ng lahat ng tao na hindi niya pinaalis. For the first time in history binuksan niya

ang dibdib niya sa isang babae at nag tapat pa ng walang pag-aalinlangan sa harap ng mga tao. Can't you see that?"
"Impossible!"

Namumula parin ang pisngi ni Kate at galit-na-galit na talaga sakin.

Naguilty na rin ako sa ginawa ko kay Lex.

"Sa tingin mo, bakit umalis ang ex niya? Kasi, he chose you over that girl! At alam niyang kapag si Sir Lex na ang pipili, tunay yun dahil hindi siya sinungaling!"

Umambang sasampalin ulit ako ni Kate kaya pumikit ako para damhin ulit ang sakit nito. Kaya lang hindi dumapo ang mga palad niya sa pisngi ko.

"Tama na, Kate."

Nakita ko si Lex na nakatayo sa harapan naming dalawa at hinahawakan ang braso ni Kate.

"Sir! You should get rid of this girl. She is degrading you-"
"Ayos ka lang ba?" Lex touched my face gently. "Namumula ang pisngi mo."

Habang tinitingnan ko siya, naiiyak ako. Bakit niya ba `to ginagawa? Dapat galit na siya sakin diba?
Paano niya nagagawang mag-alala sakin kahit ilang beses ko na siyang sinaktan... physically... and maybe, emotionally.

Still, he achieved number 22. he'll choose me over another girl.

SIGN 27~
Summer: Bukas na yun?

Limang na ang nakalipas sa mga nangyari at dalawang gabi na rin akong hindi nakakatulog ng maayos. Gabi-gabi ko kasing naiisip ang mukha ni Lex nang binuhusan ko siya ng tubig, nang tinanong niya ako kung ayos lang ba ako... Hindi niya na rin ako tinatawag ngayon at di ko rin naman siya pinapansin. Alam kong pagkakamali ko yung mga nangyari kaso, sana maintindihan din niyang nabigla ako.

Limang araw ko na rin siyang nakikita with some girls. Minsan tatlong babae, minsan dalawa. Kumakain sila sa Cafe - kung saan ako nagtatrabaho. At kahit isang beses di ko

siya nakitang nakatingin din sa akin. As in, grabe... nakakainis nga dahil minsan isang oras ko na siyang tinitingnan at inaabangan kung susulyap ba siya ng kahit isang segundo sa akin pero di niya nagawa. Eto na siguro ang sinasabi nilang pride niya.

"Pssst. Anong order ng table na yun." Tinawag ko yung waiter na pinagalitan ni Lex nung isang araw.
"Bakit? Gusto mong ikaw ang mag serve sa kanila?"
"Pwede ba?"
"Oo." Sabat nung isa. "Sige, ikaw ang mag serve sa kanila. Ilang araw na kitang nakikitang lagi lang nakatingin kay Sir pero di ka pinapansin."
"Oo nga. Nasaktan ang ego nun, kaya mukhang impossible na atang pansinin ka pa niyan. Pero sinabi niyang mahal ka niya diba? Di ka matitiis nun."
"Mahal? Di niya naman sinabi." Sabi ko habang kinukuha ang papel at ballpen.
"Sige na~ Subukan mo, sisitahin ka naman siguro nun dahil alam niyang di ka waitress." Sabi nung isa.

Tumango ako. oo, seryoso na `tong gagawin ko ngayon. Magpapapansin ako. Kahit isang tingin lang sakin, masaya na ako.

"Anong order niyo?" Tanong ko ng nakaharap kay Lex at nasalikod ng mga babae.
"Kayo, anong order niyo?" Tanong niya sa mga babae.
"Uhhh, isang icetea po yung akin." Sabi ng isang babaeng mukha nasa late sixties na!

JOKE! AROOOOOY NOMON! Bakit na 'po' ako? Eh, mukhang 25+ na yung nag 'po' sakin. Hey, I'm 18!

Bahagya akong nairita kaya hinarap ko ang mga babae at nasalikod ulit ako ni Lex.

"Ano PO ulit yun?" Tanong ko.
"Uh-"
"icedtea daw." Sabi ni Lex.
"Ganun na rin siguro yung akin." Sabi nung isang babae.

I sighed.

Bumalik ako sa mga waiter. Jusko. Di ako nagtagumpay. Ni isang tingin, wala siyang nagawa. Nairita pa ako sa mga kasama niya. Arghhh!

Linagay ko ang papel at ballpen ng padabog sa desk ng mga waiter.

Nagtawanan ang mga waiter.

"Yoko na! Di naman umeepek eh." Sabi ko. "Kayo na lang!"
"Sige, kami na nga lang. Mukhang wala kang pag-asa eh." Sabi nung isa.
"Syempre, nainsulto si Sir."

I rolled my eyes. Yeah, whatever. Kasalanan ko na!

"YEHEY! Sige sige! Marunong ka palang mag pianooooo?" Tili ng babaeng kasama niya.
"Oo." Lex smiled at the girls.

Napatingin ako sa piano sa harapan ng table nila.

"Oi! Tutogtog ng piano si Sir oh!" Sabi ng isang waiter.

Lumapit si Lex sa piano.

Isang nota pa lang ang naitugtog niya napatunganga na ako. Kaharap ko kasi siya at pakiramdam ko ako ang kakantahan niya. Ang feeling ko naman.

Pamilyar ang intro ng kanta. Di ko alam kung kakanta ba siya o hindi na. Ilang sandali ang nakalipas, narealize kong di nga ata niya kakantahan.

Anong kanta ba yan? Pamilyar siya pero may feeling akong bata pa ako nung narinig ko yan. Anong kantaaa? Di ko alam. Di ko ma kuha.

Tumili ang dalawang babae sa table niya at panay ang picture kay Lex.

GRRR...

Hanggang ngayon, di ko parin makuha ang kanta. Sigurado akong alam ko yan, pero di ko talaga makuha. Nasa dulo na ng dila ko ang mga lyrics, pero ayaw lumabas.

Nabigla na lang ako nung kumanta ang isang waiter ng katono sa pini-piano ni Lex.

"I never know what the future brings. But I know you're here with me now. We'll make it through. And I hope you are the one I share my life with..."
Hindi na ako nag alinlangang isigaw ang title, "If you're not the one!"

Sumulyap si Lex sakin habang nagpi-piano siya. Napatingin din ang mga babaeng kasama niya sa akin. Nakakahiya kaya tinakpan ko ang bibig ko.

HAHA! Napatingin din siya sakin! Sa wakaasss~ I felt relieved.

Biglang nag shift ang tono habang nakatingin siya sakin. Para bang nag lip-reading siya sa bulong kong, "Ang luma naman...".

The tone changed. Tumindig lahat ng balahibo ko nang nakita kong di na niya inalis ang mga mata niya sakin habang tinutugtog ang "You found me..."

Tumunganga ulit ako hanggang sa natapos niya ang piece.

"Ang galing ni Sir no?" Sabi nung isang waiter.

Narinig ko ang malakas na palakpakan galing sa kabilang banda ng cafe. Nakita ko doon ang mga lagpas sampung tao at mukhang mga bigatin dahil sa soot nila.

"Lex! You've grown a lot!" Sabi nang isang babae.

Linapitan `to ni Lex at hinalikan, "Thanks tita."
"Mana ka nga sa dad mo." Sabi nung isa pa.

Nakipag kamayan naman si Lex sa iba pang mga kasama nung mga bigateng tao na nakita ko.

"Bukas na nga pala yung birthday ng papa ni Sir Lex, naku, busy siguro ngayon sa buong hotel at sa garden." Sabi nung isang waiter.
"Ha? Bukas na yun?"

Deadline na ba ng invitation niya sakin? Kailan ko na bang magdesisyon? Pero di niya naman ako tinanong ulit eh. At... mas lalong nakakatakot yon pag pumayag ako.

Lumipad ang isipan ko, mula sa mga signs, sa school, kay mama at papa, pabalik kay Lex. I think some decisions can really affect my whole life forever - and this decision is one of those.

SIGN 28~
Summer: Wa'g ka ngang bading...

Gabi na't hanggang ngayon, di parin niya ako pinapansin. Napapabuntong-hininga na lang ako habang tinitingnan yung bar sa malayo.

"Nasaan kaya yung kumag na yun."

Gosh, wala na ba talaga siyang balak na pansinin ako? Ayoko naman yatang ako pa yung mauunang pumansin sa kanya no! At mas lalong ayaw ko siyang pansinin para lang sabihin sa kanyang pumapayag ako or anything. It's not like he's waiting for my answer too.

"Susugal ba ulit ako..."

Naglakad ako patungong bar nang naliwanagan ako.

"...sa pag-ibig... na naman?"

Oo nga~ Umiibig na naman kaya ako?

*Never thought that I'll fall in love-love-love-looove...*

8:00pm, sa loob ng bar ako nagpalipas ng gabi.

Ganito, Summer. Kung di siya ka niya papansinin, wa'g kang pumayag. At kung papansinin ka naman niya, go na!

YES! Whatever. I think, I'll risk again. I hope it won't fail me anymore.

*Feels like insomnia...*

Dahil nabagot ako at nawawalan na rin ng pag-asang pansinin ni Lex sa araw na yon, naisip kong baka magka insomnia ulit ako at di ulit makatulog kaya iinom ako ng konti. As in konti.

Kaya lang, di ko namalayang habang iniisip ko si Lex at ang maaring mangyari ulit sa buhay ko, napapalagok ako ng mas madalas.

Nakakainis kasi ganito ako ka affected. Paminsan-minsan naman lumilingon ako sa paligid dahil akala ko naamoy ko siya o nakikita ko yung hikaw niyang kumikislap - yun pala, hallucination.

10:00PM.

Ubusan na yata `to ng sweldo at pocket money. Naisip kong tumigil na lang muna para ma ibalik ko ang sarili kong maayos.

"Excuse me, want a drink?" Sabay bigay ulit sakin ng isang baso.

Mabenta nga yata ako sa foreigner. Mukha ba akong nagch-chat ng mga ganyan? Ang kaibahan nga lang ngayon eh mukhang kaedad ko ang foreigner na `to.

"No, thanks!" Sabay tayo ko nang napagdesisyonan kong bumalik na sa kwarto ko.

Pero sobra yung pag-ikot sa paligid ko kaya di ko mapigilang matumba.

May sumalo naman agad sakin, akala ko nga yung foreigner eh. Di naman pala siya. Lumingon ako't mejo blurry ang mukha.

"Lex." Binanggit ko ang pangalan niya ng naamoy ko siya.

Narinig ko ang kanyang buntong-hininga.

Nagkamalay na lang ako nang nasa mga bisig niya na ako. Papalabas kami nun ng bar. OMG.

"Lex, ibaba mo ko." Sabi ko.

Gusto ko sana siyang sigawan kaso nawalan yata ako ng lakas.

Binaba niya naman ako nang nasa laabs na kami ng bar. Pinaupo niya pa ako sa isang upuan sa malapit. Linagay ko ang kamay ko sa noo ko at pinipikit lang ang mata.

Umupo rin siya sa harapan ko at tinitingala ang mukha ko, "Ayos ka lang ba?"
"O-Oo." At least no, mejo matino sagot ko.
"Please don't drink when you're not with me." Sabi niya ng mejo kalmado.
"I've been doing that all my life."
"You won't have to do it again anymore." Sabi niya ng mejo mas mahinahon.
"Duh! Kasi andyan ka? Asa..." Nang-iinis.
"Summer! Pwede bang umayos ka naman! What if I'm not here! Anong mangyayari sa'yo?" Napatingin ako sa kanya ng nakangiti.

Useless ang mga pagsigaw-sigaw niya sakin ngayon dahil puno ako ng positive energies at wala na ako sa matinong pag-iisip.

"Congrats ah! Another sign yata." Sabay tapik ko sa likod niya at may patawa-tawa pang nalalaman.

Pinilit kong titigan siya pero hindi makafocus ng mabuti ang mga lens ng mata ko.

"Ang seryoso nito." Tumawa ulit ako. "Nga pala... uy! Bukas na pala yung partey noh? i loooove parties." Sabi ko. "Sama mo naman ako!" Humagalhal ulit ang tawa ko.
"You're drunk!" Sabi niya habang yinuyugyog ang dalawang balikat ko.
"Tsaaah! Ayaw mo?" Pinilit ko uling i-focus ang mga mata ko sa mga mata niya. Ang seryoso niya at parang di siya naniniwala sa anyaya ko.

Halaaa. Halaaa... Shuckers.

"Ano?" I tried to focus on his eyes again.
"Seryoso ang mga sinabi ko sayo, wa'g mo naman akong biruin! Alam kong mabilis pero, ikaw ang gusto ko, mahal na yata kita eh. Wa'g mo naman akong tawanan, di ko alam ang gagawin ko eh." Sabi niya.

HALAAAA~ First time kong masasaksihan `to.

First time ko rin kasing magkaroon ng manliligaw, kung matatawag siyang manliligaw, na inaaway-away ko ng ganito.

"Oi! Umiiyak ka ba?" Hindi ko masyadong nakikita pero nakumpirma ko nang dumapo ang kamay niya sa pisngi niya.

Ang OA naman nito. Bading yata.

Pinunasan ko ang pisngi niya.

"I'll come with you tomorrow, but I won't defy my signs."

I hugged him. Kahit alam kong mejo malaki ang ginawa kong desisyon na yun, bahala na. This won't fail me anymore. Not with Lex.

"Wa'g ka ngang bading..." I laughed.

Hindi ko siya tinatawanan dahil sa pag-tulo ng luha niya, tumatawa ako dahil masaya ako't ilang signs na lang talaga, makokompleto niya na. LORD, THIS IS IT! Grabe, sobrang overwhelmed ako sa mga nangyayari! Mahal niya na daw ako. Mahal ko na rin yata siya. Ambilis naman yata! Whirlwind romance? Or Summer Love lang ba talaga? Kung ano man ito, I'll try to risk again for the very LAST TIME!

"Ba't ang bait mo? Ba't mo ko mahal? Ba't iba ka? Ba't di ko mapigilan?"

SIGN 29~
Summer: Lex! Te-teka!

Tanghali na ako nagising. Tumingin ako sa paligid ko, nasa kwarto naman ako at mag-isa. Nag-isip ako saglit habang iniinda ang sakit ng ulo ko.

"Totoo ba yung nangyari kagabi?"

Nakita kong nasa ibabaw ng mesa sa tabi ng kama ang cellphone ko. Kinuha ko ito at tiningnan. Kay daming missed calls at puno na rin daw ang memory card sa messages. Syempre, kaw daw ba yung halos dalawang linggo nang hindi pinapansin at china-charge lang pag naglolowbat. It's like I'm escaping reality.

Narinig kong may humahawak sa doorknob ng room ko at parang bubuksan, I lied then pretended that I'm still sleeping.

Hindi ko nakita kung sinong pumasok, pero naamoy ko ito. Si Lex, sigurado. Dumilat ako't nakita ko siyang nakadungaw sakin.

"Mabuti't gumising ka na." Sabi niya habang tinitingnan ang pagkaing dala niya.
"Kumain ka na." Sabi niya.

Napatingin lang ako sa kanya habang inaayos yung 'ipapakain' niya sakin.
Ang galing naman, feel ko prinsesa ako.

"Ako na Lex." Sabi ko nang umamba siyang subuan ako.

Binigay niya naman sakin ang kutsara at bumangon na ako.

Tiningnan ko siya habang sumusubo ako.

"Summer, naaalala mo pa ba ang sinabi mo kagabi?"
"Hmmm? Alin?"
"Yung lumabas tayo ng bar..."

Napaisip ako. Naalala ko pa naman pero hanggang sa pagyakap ko na lang sa kanya ang naalala ko.

"OMGEE! Bakit? May nangyari ba satin?" Napatingin ako sa mga damit ko.

So far, yun parin naman.

"Wala." Sabi niya.
"Bakit? May dapat pa ba akong maalala?"

Pinilit kong mag-isip pa ng mga pwedeng nangyari.

Tiningnan ko siya't hanggang ngayon hindi parin ngumingiti.

"Yung... sasamahan kita mamayang gabi?" Tanong ko.

Umaliwalas ang mukha niya, "Oo."
"Naalala ko pa naman."

Sumubo ulit ako.

"Hindi ka ba natatakot?" Tanong niya.
"Bakit? May monster ba sa party?"
He smiled, "Wala. Pero... di lang ako makapaniwala kasi sinabi mo noon na ayaw mo nang magkaboyfriend."

Grabe, tumindig ang mga balahibo ko at muntik na akong mabilaukan.

"Bakit? Sinong boyfriend ko? Ikaw?"

Tumango siya na parang hindi na sigurado kung bakit siya tumatango.

I laughed. "Sinong nagsabi niyan? No way! Hindi ako magboboyfriend hanggang di nauubos ang 24 signs!"
Tiningnan ko siya at naabutan kong umiiling.
"Tsaka... 24 years OLD ka na. Pwede bah." Humagalhal yung pagtawa ko.
"Ano naman ngayon kung 24 years young ako?" Tanong niya habang nagkakasalubong ang mga kilay.
"Basta... yun na yun..."
"Age doesn't matter."

Tumawa na lang ako ng tumawa. Nakakatuwa naman. Bakit nga ba? Ano naman ngayon kung 24 years old na siya. Basta. Di ko naiimagine yung sarili ko na nagkakagusto sa mas matanda ng halos 6 years sa akin.

"Ano bang nagustuhan mo sakin?" Tanong ko habang sumusubo.

Inabot niya sakin ang tubig. Grabe, ang sarap ng pagkain huh! Tsaka, maalaga siya, sobra. Nakakainlove naman. HAHAHA.

"Hindi ko alam."
"Hindi mo alam? Tapos may nalalaman ka pang ipapakilala mo sa parents mo ang babaeng gusto mong pakasalan?" I pouted.
"Siguro yung pagiging maarte mo. Ewan ko." He smiled. "Yung halatang pagseselos mo nung andito si Kyla. At ang pang-aaway mo sakin na hindi ko matiis."

Oi! Sana di ko tinanong. Uminit ang pisngi ko at nahihiya na tuloy ako sa kanya. Sumubo na lang ako ng pagkain. Sumubo ng sumubo at tiningnan ko lang ay yung mga kinakain ko. Para di niya mahalatang naiilang ako.

"Siguro din yung pagiging immature mo." He laughed. "Like now, you don't want to look at me because you're blushing."

Napatingin ako sa kanya then I saw his evil smile.

Tama na!!! Wa'g mo nga akong ngitian ng ganyan!

"I'm not blushing."
Nagkibit-balikat siya, "Isa pa yan~ Nagustuhan ko rin yan." He smiled again.

Umirap ako.

"Lam mo, di ibig sabihin na kung sasama ako mamaya sayo eh may gusto na ako sayo o mahal na kita ah-"
"Alam ko, nag-iingat ka ulit dahil ayaw mo nang masaktan. Hindi ako yung tipo na binabaliktad ang mga prinsipyo para lang di masaktan ang taong gusto ko. Pero this past few weeks, nagiging hobby ko na yata iyon. At kasalanan mo."
"So, yun ang parusa ko?" Tanong ko.
Tumango siya.
"May kasalanan din ako sa buhay ko." I smiled. "Di ako pwedeng mangako kahit kanino. Unless the signs are completed. That's the most important principle I have now."
Tumango siya at ngimiti ulit.

Tiningnan niya ang naubos na pagkain ko.

"Okay then, I'll complete those signs." Tinitigan niya ako. "Nagustuhan mo ba yung linuto ko?"
"Obviously! Naubos ko eh. Oh! Marunong ka palang magluto?"

Ack~ A sign!

Hindi niya pinansin ang tanong ko at hinawakan niya ang kamay ko. Hinila niya ako palabas ng kwarto at papasok sa kwarto niya.

"Lex! Te-teka!" Nakita ko sa loob ng kwarto niya ang sandamukal na damit at sapatos at isang bading na mukhang make-up artist.
"Pumili ka ng sosootin mo mamayang gabi, you'll face my parents. Then you'll dance with me tonight!"

Iniwan niya ako na para bang di niya ako narinig kanina.

SIGN 30~
Summer: Manang oh!

"Akala ko ba sa garden yung party?" tanong ko kay Lex Habang inaayos nung make-up artist ang buhok ko.
"Di pwede. Uulan yata ngayon eh." Sabi niya.

Nakatayo lang siya sa tabi at readyng-ready na. Naka black suit siya at napansin kong propesyunal na ang dating niya pag ganun ang soot niya. At as usual, mabangong-mabango. Ang gwapo naman ng mapapangasawa ko. HAHAHAH >:D Ang feeling ko

ah! Di pa nga niya nakukuha yung lahat ng signs eh. Pero syempre, may na achieve na rin naman siya at ang dami pa huh! Tsaka, ang bata ko pa huh! Kahit na 18 na ako at pwede nang maglakad sa simbahan, di pwede noh!

"Ang ganda mo." Sabi ni Lex habang tinatabihan ako nang tapos na akong na meyk-upan.
"As always." Sabi ko, kapal eh no?
Tumawa siya.

Ilang sandali lang ay tumayo siya at naglahad ng kamay.

"Tayo na, we're late."

Linagay ko ang kamay ko sa kanya.

Papunta kaming function room ng hotel. Grabe, si Kate nakasalubong namin. Speechless naman siya at mukhang binalewala lang kami. Mukhang alam niya na kung anong mangyayari. Gumamit kami ng elevator kasi sa itaas pa ng kwarto namin ang function room. I leaned on the elevator habang tinitingnan ko siya. He smiled.

"Kinakabahan ka?" Tanong niya.
"hindi... masyado."

Pinunasan niya ang noo kong mukhang nahalata niyang pinapawisan na.

Awww. Gusto ko ng lalaking tulad niya forever. Sana maputulan ako ng takong dito... sana ma achieve niya lahat ng signs. Nasasanay na ako masyadong nakukuha niya ang signs kahit di niya naman alam na sign na iyon. Perfect! He's a perfect man, he won't cheat - like what AJ did; he won't deny - like what Dave did; and he won't leave me for another girl - like what Kevin did.

He is the sweetest person I've ever known and I want him in my life. I know it's too fast but that's what I'm feeling.

Lumabas kami ng elevator na hinahawakan niya parin ang kamay ko. Papasok na kaming dalawa nang napansin kong maraming nakatingin sa amin.

Nininerbyos na ako dahil may tumawag pa sa kanyang grupo ng lalaki at mukhang executive na ang mga dating.

"Lex!!! Kamusta!?" Sabay tingin sa aking nakakapit na kamay sa braso ni Lex.

Hinila pa ako ni Lex ng mas malapit sa kanya at hinawakan ang kamay na nakakapit sa braso niya.

"Ayos lang pare."
"Oi! Sino siya?" Tanong nung isa.

"Her name's Summer Romero."

I smiled at them. Isa sa kanila ang tiningnan ako mula ulo hanggang paa.

"hello!" Bati ko.

"Summer? Wow. You and your name sounds hot." Nagtawanan silang tatlo.
"She's my girlfriend." Nakita kong biglang naging seryoso ang mukha ni Lex.

I squeezed his arms. GIRLFRIEND KA DIYAN! FEELING MO AH!

"Ow..." Hindi siya nagpahalata.
"Awww. Yes of course, errr. She looks... younger."
"Sige pare, pasok na muna kami."
"Sure!"

Umalis sila sa daanan.

"Sino yung mga yun? Ba't mo sinabing tayo? Hunghang." Bulong ko kay Lex.
"Kaklase ko yun nung high school, mga babaero yun. Kungdi ko sasabihing tayo na, siguradong ha-huntingin ka nila."

Umirap ako. Pumasok na kami at nabigla ako nang nakita kong puno ng mga tao ang loob. May mga matatanda, may mga ka-age ni Lex. Wala man lang ka-age ko. Ako yata ang pinakabata dito.

May nakita akong group of girls, or err, women sa daanan naming dalawa.

"Batiin mo, mga kaklase ko yan sa college." Bulong ni Lex sakin.

Mukhang maarte at sosyalera ang mga girls na pinapabati niya sakin. Nakatingin pa sila sa amin. May isa pa sa kanilang hini-head-to-foot ako at mukhang nangmamaliit.

"Yoko nga."
"You jealous?"
"Of course not!"
"tsss." He chuckled.

"Hi Lex! Who's she?" Sabi nang isang babae.

Hinawakan niya ang baywang ko at mas lalo akong napalapit sa kanya.

"Summer, my girlfriend."
"Ohhh. So, hindi na pala talaga kayo ni Kyla?" Tanong nung isa.

"Anong natapos mo?" Sabay tingin sakin.

"Uhhh-"
"She's still in college." Sabi ni Lex.

Nag-iba ang mga mukha ng mga babae.

"A business administration major?"
"Hindi. Hotel and room manangement." Sabi ko.
"Ahhh."

Ibinaling nila ulit ang tingin nila kay Lex.

"Sige, pupunta lang kami kay Dad ah."

Tumango sila at parang nanghihinayang pa. Pinandilatan ko sila isa-isa at bumehlat pa ako sa matanong na babaeng yun. Kaya napairap sila.

"You really have a thing for cat fights noh?" bulong ni Lex sakin.
"Hihihi. Kainis eh."

We are so in the middle of the dancefloor. Kahit walang sumasayaw at mukhang busy ang mga tao. Nakikita ko parin ang mga matang nakatingin sa amin. Tumingala ako at nakita ko ang isang malaking chandelier at mas maraming tao sa taas na nakadungaw sa amin at inaabangan si Lex.

"Dad... Happy birthday."

Nabigla na lang ako nang banggitin ito ni Lex kahit nakatingala pa ako. Tumingin agad ako sa taong nasa harapan namin. Whoaaa! So this is his Dad, then his mom?

"Mom... Si Summer po."

Ngumiti ang papa at mama niya sakin. Sobrang akala kong tough ang mama at papa niya, buti na lang at ngumingiti sila.

"How unexpected." Sabi ng papa niya.
"Unexpected? As promised, I'll introduce someone special on your 60th birthday." Sabi ni Lex.
"Ang ibig kong sabihin, eh yung babaeng pinakilala mo. I thought it will be Kyla."

Tahimik lang si Lex at hinintay ang idaragdag ng papa niya.

"Where did you met him?" Sabay tingin ng mama niya sakin. Jusko. Tough pala talaga.
"S-Sa... dito po." Nauutal na ako.
"Ohh~ A costumer?"
"Actually, pinsan po siya ni Aliyah."
"Ohhh!" Tumango ang mama niya at ngumiti sakin.

"Aliyah? Yung pamangkin mo?" Tanong nung dad niya.
"Oo." Sagot naman ng mom niya.

"Summer..." Napalingon ako sa likuran ng mama niya nang narinig ko ang maliit na tinig na bumabanggit ng pangalan ko.

Si... Manang Alicia.

Natigilan ako. Di ako makapag-isip ng mabuti.

"Excuse me lang po..."

Bumitiw ako kay Lex at pupunta na sanang CR.

"Saan ka, Summer?" Tanong ni Lex sakin at mukhang nabigla.
"CR lang muna ako." Sabi ko. "Excuse me. And, happy birthday nga po pala."

Tumango naman ang papa at mama ni Lex.

Nagmadali na ako sa CR. Sinalubong naman ako ni Manang Alicia.

"A-Ano pong ginagawa-"
"Kami ang nag si-serve ng pagkain dito. Ikaw! Anong ginagawa mo dito, ha, Summer?"
"Po? kasi po.. dinala ako ni Lex eh."
"DINALA? Pinakilala ka ni Sir Lex sa mga magulang niya!"

Natahimik ako nang may dumaang mga tao na papuntang CR. Nakakahiya naman, pinapagalitan pa ako ni Manang sa ganitong lugar.

"Tapatin mo nga ako, may relasyon ba kayo ni Sir Lex?"
"Wal-"

Nakita ko ang mga babaeng sumalubong samin kanina ni Lex.

Hindi ko na tuloy alam kung anong isasagot ko.

"Ano, Summer, may relasyon ba kayo ni Sir Lex?"
"Manang..."

Napatingin ang mga babae kay Manang at sa akin.

"Meron po." Sabi ko habang nakatingin sa mga babae.
"Nakuuu! Ikaw talaga!" She sighed.

Hinila ako ni Manang sa mas pribadong lugar.

"Summer," Umiling siya. "Sasabihin ko `to sa mama mo."
"Wa'g pooo, manang!"
"Hindi! Sasabihin ko `to. Kilala ko si Sir Lex, mabait siya at di pilyo."
"Iyon naman po pala eh! Ba't kailangan niyo pa akong isumbong!?"
"Kasi, yun na nga eh... Di siya pilyo. Seryoso siya sa inyo! At malinaw na sinabi ng mama mo na di ka pwedeng lumapit sa lalaki o magboyfriend!"
"Di naman po kami-"
"Kita mo na! Mag sisinungaling ka? Masama na ito..." Umalis si Manang at mukhang papuntang kusina.

"Manang!" Tawag ko.

"Summer?" Si Lex!

"Manang oh!" Sinigaw ko parin kahit malabo nang lingunin niya ako.

"Anong problema?" tanong ni Lex sakin.

SIGN 31~
Summer: 24 signs of Summer?

Kinuwento ko kay Lex ang lahat ng sinabi ni Manang.

"Ganun ba? Wa'g kang mag-alala." Sabi niya sakin.

Nakita niya kasing halos di ko magalaw ang pagkain ko dahil sa kakaisip. Tuliro parin ako at kinakabahan na. Dapat kasi dinala ko yung cellphone ko dito.

"Don't worry, okay?" Naglahad siya ng kamay. "I'll face your parents if that happens."

Tumingala ako sa kanya, nakatayo kasi siya habang naglalahad ng kamay. Bakit? para saan?

"May i have this dance?"

Tumingin ako sa paligid, wala namang sumasayaw. Yung nakita ko lang ay ang mama at papa niyang nakatingin sa amin at ang mga taong kulang na lang eh pumalakpak sa nakikita.

"Huh? Wa'g mo nga akong ipahiya? Walang music, wala pang sumasayaw."

Nabigla ako nang biglang may nag violin at cello.

Nakalahad parin ang kamay niya hanggang ngayon at ako'y kinakabahan na. Nakakahiya naman.

Linagay ko ang kamay ko sa kamay niya - gently. Agad niya naman itong kinuha at hinila pa ako para isayaw ulit.

I'll Be pa ang tono ng violin at cello. Kaming dalawa lang ang sumasayaw at ayoko na ring tumingin sa paligid dahil mas lalo akong ni-nerbyosin.

Another sign.

"Wa'g ka nang mag-alala." Sabi niya with his assuring tone.
Tumango ako.

Tinitingnan ko siya sa mga mata niya. His eyes were very promising. It's like he's telling me that he loves me more than I do. Promise, magbabagong buhay na ako. Kung siya naman pala ang magiging part sa buhay ko, walang problema! Isusuko ko na ang mga kaba ko. He will definitely not cheat. The signs were slowly being achieved, and that's because we are destined. We are meant to be.

"Lex, sabihin mo nga... ba't ba ang bilis ng porma mo sakin? Ginawa mo bang deadline ang party na `to?" Tanong ko.
"No, it wasn't like that." Umiling siya. "I wanted someone like you since then. Kaya lang wala akong mahanap." he laughed a bit. "To be honest, I'm a hopeless romantic."

Napatawa din ako ng bahagya.

"Di nga lang ako naiinlove. Will it be wrong if I tell you now that it's my first time to love a girl the way I loved you?"

I'm still so confused and I can't understand it in any way.
Maybe because, people cannot perfectly understand each other.
No matter how much he tries to convince me about his feelings for me, I still can't get him. Why'd he love someone like me? That fast?

Or maybe, I can't understand him because I've been too scared to hear things like this again. I've been too insecure with my self.

But Lex is different. He is achieving the signs flawlessly.

Napangiti ako.

"You know what? I loathe you, because I can't fall in love but you made me fall." Sabi ko.

He smiled. Alam ko, umamin ako eh.

Tumingin ako sa paligid. Akalain niyo, nakita ko si Kyla.

"Are you jealous of Kyla?" Tanong niya nang nakita niya rin si Kyla.
"Nooo." I laughed. "... I was..." Sabi ko.

Nakakainis lang dahil hindi ko man lang nakitang nagselos siya nang nagpunta dito si Dave.

"Akala ko noon, loving should be like loving sunsets."
"Hmmm?"
"You love sunsets, but you can't own it. Everyone loves sunsets, but noone owns it. Narealize kong, minsan mali ang paniniwala ko. Minsan, di mo mapipigilang angkinin ang talagang gusto mo. Selfish, isn't it?"

Lumakas ang tibok ng puso ko. I PROMISE! I'LL GIVE IN TO HIS LOVE! BAHALA NA SI DARNA!!!

"And too immature. Just like you..."
"Why are you always calling me immature? Di ako immature ah!"
"Kasi naman... may pa signs-signs ka pa. Destiny is fake - there's no such thing as that."

Sumimangot ako. Pero bago ko pa maisip ang sandamukal kong violent reactions-

"But I'll definitely complete your signs." Napangiti na lang ako.

Ilang sandali ang nakalipas, umupo na kaming dalawa. Pinaligiran naman kami agad ng mga tita at tito niya. Kaya lang, di ako mapakali. Kinakabahan parin ako at gusto kong makausap si mama.

"Lex... can I... go out?" Tanong ko.
"Why? Saan ka pupunta?"
"Kukunin ko lang ang cellphone ko sa kwarto ko. Baka kasi tumatawag si Mama."
"Samahan na kita..."
"Wa'g na, marami kayong bisita. Ako na lang..."

Natigilan kaming dalawa.

"Promise, saglit lang `to!"

Halos half-running akong umalis sa function room. Nainip din ako sa bagal ng elevator. Muntik na rin akong madapa sa kakalakad patungon kwarto ko.

"Asan ba yunnnn!"

Kainis, kung kelan ko hinahanap ang cellphone ko, saka naman na mi-missplace!

Natigilan ako nang naalala kong mukhang nadala ko yun kanina sa kwarto ni Lex. Lumipat ako ng kwarto.

Nabigla ako nang nakapatay ang ilaw. Ako pa mismo ang nagbukas ng ilaw at... tenenenentenen!

"Summer."

I saw Kyla on LINGERIE.

I pretended that I did not care, hinanap ko ang CP ko kung saan saan sa kwarto. Kaya lang, nag iba ang itsura ng kwarto - maayos na. Maayos at parang di ako dito nagbihis kanina. Sigurado naman akong tama ang kwartong pinasukan ko. Pero talagang nag-iba. Humalimuyak pa ang bango ng scented candles.

"Ma-May hinahanap ka?" Tanong ni Kyla.
"O-Oo eh. Yung phone ko." Pag kasabi ko nun, nakita ko naman agad ang phone ko sa isang mesa.

Nakapatong `to sa isang papel na may nakasulat, di ko pinansin.

"Summer," Tawag ulit ni Kyla.
"Ano?" Napatingin ako sa mga nakahilerang scented candles at roses sa tabi-tabi.

OH GOSH! I know this.

"Pinakilala ka na ba ni Lex sa parents niya?"
"O."
"Tinanggap ka ba?"
"Di ko... alam."
"Dapat sinigurado mo. Kasi pagkatapos ng gabing ito, kami na ni Lex ang magkakatuluyan!" Sabi niya.

Sumikip ang dibdib ko sa sinabi niya.

"Bakit? You'll seduce him?" Tanong ko.
"Because this isn't a joke. Hindi ito laro. Narealize kong summer love lang iyang nararamdaman mo, at si Lex? Pinaglalaruan ka lang niya. He is playing with your heart because he knows you like him."
"HINDI GANYAN SI LEX!"

First time kong pinagtanggol si Lex. Grabe. Syempre no! Destiny na yata ang naglalapit sa aming dalawa! Kahit sinabi niyang walang Destiny kanina, di niya lang alam... gumagawa na ang destiny ng paraan para maging kaming dalawa dahil sa mga signs!

Nabitiwan ko ang cellphone ko. Pinulot ko naman agad. Kainis, ang dami pang nagtitext at mga missed calls. Nasulyapan ko ang papel na nasa mesa.

Kinuha ko ito nang napansin ko ang pangalan ko ang nakasulat sa headings.

"24 signs of Summer?" Binasa ko ito.

Hindi ako nakahinga ng limang segundo habang tinitingnan ko ang papel na naka crash-out na ang ibang signs. May nakalagay pa sa ibaba ng papel, "Konti na lang. Signs 8, 9 and 11 will be achieved at the... party."

"Ano yan?" Tanong ni Kyla habang tinitingnan akong tulala sa papel na nakuha ko.

He... cheated...

SIGN 32~
Summer: paki bilisan!

Namuo agad ang luha ko at parang nawalan na ako ng lakas. BETRAYED! Yan ang salitang nasaisip ko habang tumutulo ang luha ko.

Umalis ako sa kwarto ni Lex.

"Summer!" Tawag ni Kyla sakin.

Natigilan ako at, "Mag pakasaya kayo ni Lex tonight." Napasinghap ako.

Pumunta ako sa kwarto at kinuha na ang mga damit ko sa closet. Di ko na kukunin ang toothbrush ko at kung anu-ano pa... bahala na. Kailangan ko ng umalis-

*KRRRRIIIINGGGGG*

"Hello!?"
"Hello, ma?" My voice broke.

"Ano ka ba! Narinig ko kay Manang na may boyfriend ka ulit diyan! Ikaw talaga! Di ka na natuto! Umuwi ka na! Uuwi ka na bukas!"

Hikbi parin ako ng hikbi. Tinakpan ko na ang bibig ko para pansamantalang tumigil naman ang paghikbi ko.

"Uuwi ka bukas! Kundi ipapasundo kita sa kuya mo at sa papa mo!"
"Uuwi ako ngayon!" Sabi ko.
"Ha? B-Bak-"
"Basta ma! Uuwi na ako! Yoko na dito!" Di ko na mapigilan ang luha ko.
"Anong nangyari Summer? Yan na nga ba ang sinasabi ko!"

Pinatay ko ang cellphone ko at tinapos ang pag-iimpake. Wala na akong pakealam kung anong hitsura ng nasa loob ng bagahe ko. Hinubad ko na rin ang soot ko at pinunasan ang mukha ko.

Nga naman! Napakatanga ko talaga! Ang tanga tanga ko. Ba't nga naman ako maniniwala kay Lex? Kaya naman pala flawless yung pagkuha niya sa mga signs dahil alam niya pala yun. Bwueset! Ang sakit ha! Paniwalang-paniwala na ako ha! Kala ko na talaga. Kala ko pang forever na - may pakilala pa sa parents? Kaya niya siguro ako pinakilala dahil andun sa signs no? Siguro atat na siyang ma-inlove ako sa kanya. Siguro pinagalaruan niya lang ako.

Dinala ko ang bag ko't umalis na sa kwarto. Di na ako magpapaalam kay Manang in person. Nag-iwan na lang ako ng note sa kwarto.

Umayos ako nang nagkasabay kami ni Kate sa elevator.

Tumigil ako sa pag-iyak at inayos ko ang mukha ko. Kaming dalawa lang sa elevator. Siguro na-weirduhan iyon dahil dala ko ang bagahe ko.

"Ako muna ang mauna ah? Sa taas ako. Sa function room." Napatingin siya sa bagahe ko.

Thank God di niya pinansin. Kaya tumango ako.

I got my fone. I deleted all the messages. majority of the messages are from Kevin, Aliyah and Nadine. Di ko na binasa.

"Uh... Are you going home?" Tanong ni Kate.
"Hindi."

*TINNNG!*

Bumukas ang pintuan ng elevator, agad kong kinlick ang ground floor.

Nakita kong papapasok din si Lex sa elevator. Tumigil sa pagtibok ang puso ko.

"SUM-!"

I closed the door after Kate went out.

"BILIS NAAA!" Hindi ko na rin pinapasok si Lex.

Alam kong alam niya kung anong gagawin ko. Pero ewan ko lang kung alam niya kung bakit.

*TINGGG!*

Nagmadali akong lumabas ng hotel... Bushettt. Umuulan pa! Tumigil ako sandali pero di ako nagdalawang isip na umalis na.

Naiisip ko si Kyla na naghihintay kay Lex. Naiisip ko kung anong mga iniisip ni Lex nang ina-achieve niya ang signs. Nahalata niya kaya na kinilig ako? Bwusit siya! Di ko siya mapapatawad.

Sumugod na ako sa ulan.

Bigla na lang may humila sakin habang nagdadrama ako sa gitna ng maulang gabi. Si Lex.

He kissed me.

Tinulak ko siya.

Sinampal ko na rin.

"Summer! Where are yo-"
"Para saan yung halik, ha, Lex? Para may ma achieve ka namang sign?"
"Anong pinagsasab- Let me explain-"
"HEEEXPLAIN? Explain what? That there's no such thing as destiny????"
"There is no such thing-"
"OO! LEX!"

Umuulan ah! Nababasa kami. Buti na nga lang at di niya mapupunasan ang mga luha ko dahil di niya naman nakikita kung alin doon.

"Well! As for me, I'm immature... I believeD in destiny! And I believed that this summer love isn't just summer love because it was meant to be. Pero, Salamat ah! I was wrong... again. Akala ko iba ka sa kanila!"

Sinampal ko sa mukha niya ang papel na linagyan niya ng signs, basang-basa na.

"I'm sorry-"

GRRRR... I walked away.

"Summer!" He hugged me from the back.

Tinulak ko siya.
At sinampal ulit.

"Manyak ka! Nakakainis ka! ARGHHHH! I don't wanna see your face again! I loatheee you, forever!" Sabi ko.

Mas lalo akong nagngitngit sa galit nang nakita kong may dalang payong si Kyla, naka lingerie at bathrub pa.

OH GOD! I'm a LOSER!

"Summer, I love you~"
"HAAAAAAAAAH! Oo nga no! Shut the fcuk up! Matatanda na kayo, mag sama kayong dalawa!"

I ran through the rain.

OMG. May taxi! Sumakay agad ako.

"Manong, pier." Sabi ko.

Tiningnan ko si Lex na nasa labas na ng taxi at hinabol pa ako.

"Manong, paki bilisan!"

Tumakbo siya. Tiningnan ko sa likuran. Pero di niya naabutan. Sana di niya na ako susundan. Dahil pag nagkataon, baka dalawang beses pa akong matalo.
Walang hiya talaga oh, niloko ako. Pinaasa. Pinapaalala ko sa sarili kong kasalanan ko ang lahat. Wa'g kang umiyak Summer, kasalanan mo yan kasi naniwala ka, kasi di ka nag-iingat, di ka natututo. Pero naiisip ko parin si Lex. It`s because he was soooo true. Hindi ko na tuloy alam ang kaibahan ng peke sa tunay. May ibang mga pekeng mukhang tunay talaga. At siguro, wala nga talagang tunay sa mundo.

I cried on the taxi, sinamatala ko nang basa ako't di mahahalata ng kahit sino ang mga luha ko. I'm going home. I'll face reality. My Summer love is over. And it's just... Summer love. Nothing more.

SIGN 33~
Summer: Umitim pala ako

Leche naman. Umuulan pa. Sana naman di tumaob ang barkong sinasakyan ko. Hanggang ngayon tulala parin ako habang pinapatuyo ang sarili.

*KRIIIIINNNNGGG*

Nakanang...

"HELLO~"

Hindi ko kilala ang number na tumatawag sakin kaya nasungitan ko sa 'hello' pa lang.

"Imposibleng makuha ko ang signs kung di ko naman alam kung anu-ano ang mga ito."

Si LEX! Paano niya nakuha ang number ko? Kay Manang?

Hindi ako umimik. Eh hindi ko ine-expect na gaganun-ganunin na lang niya.

"Summer!"
"I`m going home. Goodbye, Lex." Iniwasan ko ang pagsinghap ng mas matagal dahil ayaw kong bumuhos na naman ang luha ko. "I`m not running away from you. I`m going back to reality. And you..." Hindi ko mapigilan ang mga luha ko. "...were never real."

Pinatay ko ang cellphone ko. I`m really going home now. :'(

I think I need to change my number.

Hindi ako nakatulog kahit buong gabi akong walang ginagawa at binabantayan lang kung kelan malulunod ang sinasakyan ko. Ano kaya ang ginawa ni Lex at Kyla buong gabi? Kung mahal talaga ako ni Lex, baka may nangyari na sa kanila. Kung hindi niya naman ako mahal, baka may nangyari parin sa kanila. Nakanamannnn!

Sa wakas, naapakan ko na ang islang kumukonekta sa syudad na pinanggalingan ko. Agad akong sumakay ng bus.

Hindi parin ako nakatulog sa bus kahit anim na oras akong tulala. Minsan, feeling ko naamoy ko si Lex kaya napapatingin ako sa mga taong nakasakay sa bus. Wala siya. Shucks! What a traumatic experience.

Ilang milyong kilo na ba ang timbang ng kasalanan ko`t ba`t parang sinasakluban na ako ng langit at lupa?

Siguro, kailangan ko ng magpakabait. Kailangan kong sundin sina mama at papa nang di naman ako makarma ng ganito. Kailangan kong ayusin ang pag-aaral ko at ang buong buhay ko. Hihingi ako ng tawad kay Lauren. Didistansya ako kay Kevin. Hahayaan ko na ang mga tao sa paligid ko, mag babagong buhay na ako. And I`m back home.

"Summer!" Aliyah hugged me.

Kinabahan ako. Kasi, si Aliyah - at si - Lex.

"Anong nangyari?" Tanong ni Nadine.

Tulala parin ako habang nakatingin kay Aliyah.

"Alam ko. Alam din ni Nadine. Di ko sinabi sa mama mo." Sabi niya. Tumango naman si Nadine.
"Ayoko nang pag-usapan `to. Nagkamali ako."

Siguro tinawagan din siya ni Lex.

"Summer," Nakasimangot na si mama habang sinasalubong ako.
"Ma,"

Kinuha ng kuya ko ang bag ko. Nakauwi na pala si Kuya galing New York?

"Sasama ka sa kuya mo."
"Ha?"
"Sa New York!"
"Ha? Ma!"

Useless. Walang kwenta kung mag babago ako ng number kung aalis ako puntang States.

"Hindi ka muna mag-aaral. Hanggang ngayon, di mo parin natututunan ang leksyon mo!"
"MAAA, gusto ko na pong mag aral!"
"Hindi. Kung gusto mong mag-aral uli, prove to me that you're serious. Go to New York, be independent for 6 months. No boyfriend for 6 months! Saka kita ibabalik ng Pilipinas."
"Pero ma, I`m so behind!" Sabi ko.
"So? Schooling is not a race! I want you to learn the lessons at school and in real life thoroughly."

Napasinghap na lang ako habang nakikinig sa sermon ni mama.

"Umitim pala ako, mejo." Sabi ko sa sarili ko habang nakatingin sa mirror.

Habang tinitingnan ko ang mga mata ko, nakikita ko ulit ang mukha ni Lex. Then I realized how much I'm missing him. I touched my lips. Nahalikan niya ako bago umalis ng Sortee. Why do I have to think about this things? I HATE HIM!

"Summer! Alis na tayo."

Today is the first day of school. Pero sad to say, hindi ako mag-aaral. Ngayon ako aalis papuntang New York. Grabe, dalawang linggo lang ako dito, alis naman agad. May sunburn pa nga ako galing sa Sortee eh. Dalawang sunburn. Ang isa, sa likuran ko - mahapdi. Ang isa, sa puso ko - masakit. Ang nasa likuran ko, mapapawi lang. Ang nasa puso, ewan.

After 6 months sa New York, napansin kong halos araw-araw akong bumibisita sa isang boutique na puro mamahalin ang mga bilihin. At alam niyo ba kung bakit? Kasi binabalikan ko yung perfume na katulad ng amoy ni Lex.

Ngayon ko lang na realize kung gano parin ako kagalit sa kanya. Pero di ko parin makuhang ideny na namimiss ko siya. Araw-araw.

"Enrolled ka na!" Sabi ni Nadine habang linalapag sa mesa ang schedule ko.
"Thanks."

Umupo silang dalawa sa harapan ko.

"Tanggalin mo nga yang hat mo't naalibadbaran ako." Sabi ni Aliyah.

Tinanggal ko naman at linapag katabi ng coffee na inorder ko. Nasa isang coffee shop kami ngayon at kasama ko ang dalawa kong pinsan.

Kahapon lang ako nakarating galing New York. Di na rin ako pumayag na ako ang mag-enrol sa sarili ko dahil ayon kina Nadine at Aliyah bulong-bulungan daw sa school na umalis ako dahil buntis ako. Akalain niyo yun? Galing no? Ang galing ng issue ko. Sinong hibang kaya ang nagpakalat nun. Ayon pa sa balita, di na raw nalaman kung sino ang ama ng dinadala ko. Ang galing talaga.

Pero kahit andito na ako, hindi ko parin maramdaman kung ano nga ba ang inuwian ko dito. Parang may kulang. Kung ano man yun, hindi ko na kailangang malaman pa.

"Sows talaga. Siguradong yung kaibigan mong si Lauren ang nagpakalat nun. Kutusan mo pag nagkita kayo ah!" Tumawa si Nadine.
"Ikaw talaga. Seryoso yun no! Akala talaga nilang nabuntis ka. Halos 9 months ka pang nawala. Nakupo." Sabi ni Aliyah. "Pag may nagtatanong sakin kung sino ang ama ng

dinadala mo, sinasagot kong pinsan ko lang. HAHAHAHA >:D " Tumawa si Aliyah ng mas malakas.

Napatigil naman siya ng natitigan ko siya.

"Sorry, tao lang." Sabay pakita ng peace sign.

Kinalimutan ko na si Lex. Kinalimutan ko na ang lahat ng tungkol sa love. Yoko nang magpakagaga at magpaka tanga. Now, I'm trying to face reality.

SIGN 34~
Summer: mabango naman ako,

"They say summer love is fleeting. But sometimes what starts as a fling can lead to the real thing. A simple trip to the beach could be all it takes to clear our heads and open our heart. And, write a new ending to an old story. There are those who got burned by the heat. They just want to forget and start over. While there are others who want each moment to last forever.But everyone can agree on one thing: tans fade. highlights go dark and we all get sick of sand in our shoes. But the end of summer is the beginning of a new season, so we find ourselves looking to the future. Good Morning! Goodluck Arianne Summer Romero."

Eto ang text ni Gette na bumulagta sakin sa pagkagising ko sa unang araw sa school. OMG! Wala. pagligo at paglabas ko ng bahay binabasabasa ko `to.

This is it! This is really is it. LOL

Parang naninibago ako habang tinatahak namin ang daanan papuntang school. Si Aliyah pa ang nagdi-drive - para namang nakainom `to kung makadrive.

"Dahan-dahan naman dyan! Natutusok naman yung mata ko ng eyeliner dito." Sabi ni Nadine sa likuran.
"Sa bahay ka kasi maglagay ng make-up, duh!" Sagot ni Aliyah.

Sa labas lang ako nakatingin habang papapasok kami ng gate sa school. Noon kasi, nagji-jeep o taxi ako. Ngayon naman, naregaluhan ng sasakyan `tong pinsan ko, kaya naninibago ako. Pero tama lang yun dahil kung sa gate pa eh may nakakita na sakin, baka pagkaguluhan lang ako dun.

Tiningnan ko si Aliyah habang pinapark ang sasakyan niya sa parking lot.

"Wa`g kang mag-alala, reresbakan ka namin pag aawayin ka nila. Tsaka," Sumulyap siya sakin. "di ko rin sinabi kay Lex na nasa Pinas ka na. For the life of you, I will not." Tumawa siya habang papalabas kami ng sasakyan niya.

Kumaway na lang ako pag-alis ko. Whatever. Dapat lang. Tsaka, ano naman ang gagawin ni Lex kung malaman niyang andito na nga ako, aber? Whateverrrr.

I checked my phone. There was a missed call from Lex. OH SHET MADAPAKA. In speaking of him, baka akala niya nasa Pinas na ko, waaa~ Makabili nga ng new sim mamaya.

"Summer," Napatingin ako sa dinadaanan ko at nakita ko si Kevin.

Pag tingin ko sa kanya, agad niya naman akong yinakap. Nakakabigla.

"You`re back!" Sabi niya.

Kinalas ko ang pagkakayakap niya. Tiningnan ko ang mga tao sa paligid at panay ang titig nila sa akin. Nagbubulung-bulongan pa sila. YEah, alam ko ang iniisp nila.

"Akala ko di ka babalik. Salamat naman..." Sabi niya.
"Hindi kita binalikan, Kevin. Hindi ikaw ang binalikan ko. But, thanks anyway."

Linagpasan ko siya. Mas lalong dumami ang nagbubulung-bulongan. Grrrr. Sabunutan ko kayo diyan.

"Summer, alam ko... I`m sorry. I just want to be you`re friend for now. Alam kong nasira ko ang pangalan mo sa skul..."

Tumango ako habang pinapansin parin ang mga weirdong tingin sa akin.

"Salamat." I smiled.

Pumasok na ako sa room. Nabigla ako nang pumasok din si Kevin.

"We`re classmates?" Tanong niya.

Tinabihan niya ako sa napili kong upuan.

"Paano nangyari yun? Back subjects ko yun-"

Natigilan ako nang nakita kong may dalawang subjects akong hindi back subjects.

"Well, whatever." Sabi ko.

"Summer!" Tinawag ako ni Nicole galing sa likuran. "Saan ka galing? Anong nangyari sayo?" Sumulyap pa siya sa tiyan ko bago umupo sa tabing upuan ko.
"Wala. Pumunta akong New York. Nagtrabaho." Sagot ko.
"Owww. Talaga? Di ka ba na... ano?" Gumuhit siya ng pabilog na hugis sa tiyan niya.
Umiling na lang ako.
"Sabi na nga ba. Hindi totoo yung balita." Sabat ni Kevin.

"Summer!" Tawag ni AJ sumulyap din siya sa tiyan ko.
"Yes..." Ngumiti ako.
"You`re back!" Sabay yakap sakin.
"Of course!" :)

Nagdatingan narin ang ibang kaklase ko noon at silang lahat ay pinagkaguluhan ako.

"You have got to be kidding me. Summer is not back. That is so impossible!" Narinig ko ang sigaw ni Lauren sa labas ng classroom.

Nang pumasok na siya sa loob kasama ang mga kaibigan niya at nakita ako, "Or maybe, I was wrong. So, Summer. Was it a girl or a boy? Yung anak mo..." She asked sarcastically.
"Bakla, tomboy..." I laughed. "Sino bang lokoloko ang nagpakalat na buntis ako?"

Natahimik ang lahat ng tao sa room at sa akin lang nakatoon ang atensyon nila.

"Ano bang mga iniisip ninyo? Di pa naman ako pinapasukan ng espirito santo para magkaanak o mabuntis ako bigla. At malabong mangyari yon dahil di ako santa. Pwede ba... O baka naman, kala niyo nag a-asexual reproduction ako? Di ako magaling sa biology or science, di ako marunong nun."
"Ows really? O baka naman tinatago mo lang ang anak mo? Walang masangsang na amoy ang naitatago." May pa lapit-lapit effect pa si Lauren sakin habnag nakahalukipkip.
"Oo nga! Walang ganun. Eh mabango naman ako, di naman masangsang ang amoy ko tulad ng bunganga mo."

She tried to slap me but Kevin stopped her.

"Tama na, Lauren. Tama na yung insecurities mo kay Summer."
"Oh my God." Naluluha si Lauren. "He`s defending the kabit." Sabi niya. "Nga naman... kaya ka siguro hindi pa nabubuntis, Summer, kasi di ka pinapatulan ni Kevin no?"

ABAH NAMAN TALAGA! Ba`t ganito usapan namin.

Sinampal ko na! Yan ang bagay sa yong taena ka.

Sasampalin niya din sana ako, pero napigilan ulit siya ni Kevin.

SIGN 34~
Summer: anong nangyari sa kanya...

"I`ll change my number." Sabi ko kay Kevin at Nicole habang kabibili lang ng isang sim card sa canteen.
"Bakit?"
"Awww. Wala lang."

Wala kaming pasok kanina sa first period. Ganito talaga pag first day of school. Nababanas naman ako dun sa classroom kasi andyan si Lauren at yung mga tingin ng classmates namin kaya lumabas ako. Pero ngayon ko lang nalamang mas mapapahamak ako dito sa labas.

"Summer! Nanganak ka na?" Sigaw nung isang classmate ko nun.
"Ughhh." Umirap ako.
"Sinong ama?"
"Di ako nabuntis." Sabi ko.
"Awww. Sorry. Di nga? Eh, kala ko ba... dinig na dinig sa school eh." Sabi niya.
Napailing ako.
"Di nga siya nabuntis!" Sabat ni Kevin.
"Kita mong ang sexy sexy na nung tao." Dagdag pa ni Nicole.

Umalis naman yung ex blockmate ko.

"Ano ba talagang nangyari, Summer? Lammo, lahat ng tao sa skul paniwalang-paniwala na nabuntis ka." Sabi ni Nicole habang umuupo kami sa upuan sa canteen.
"Di nga kasi... Basta, pumunta ako ng New York at nagtrabaho. My mom punished me." Sagot ko.
"Pero, tinatawagan kita nung summer ah?"

Lumakas ang tibok ng puso ko pagkabanggit niya ng summer.

"Sumasagot ka naman. Asan ka ba nung summer?"
"Ahhhh."

Errr.

"Nasa isang... island. Somewhere."
"Oww? Bora? Anong ginagawa mo dun?"
"Nope... Uhm, nagtatrabaho."

"Maraming bang gwapo dun?" Tanong ulit ni Nicole.
"Ewan ko. Uhhh, di naman kasi ako gumala masyado."
"Ahhhh."

Tumango naman silang dalawa. Salamat naman at mejo hindi na nila ako kinulit.

Ganyang ganyan lang ang nangyari sa buong araw. Nakakainis pa nga kasi halos 90% ng klase ko, wala akong kilala. Pero may mga nakakikilala naman sakin.

"Ms. Romero. So, what can you say?"
"Uh... Ma`am... wala po akong masabi. Di pa ako nakaexperience eh."
"Ohhh. I`m sorry. So... Sorry. Mali pala yon." Linagay ng prof ko ang kamay niya sa noo.

Tinatanong pa kasi ako kung anong feeling ng nanganganak. Mga walang heya. LIBELOUS!

Napasinghap ako pagkatapos ng isang buwan kong pag-aadjust muli sa buhay estudyante.

Kahit na mejo pinag-iinitan parin ako nina Lauren, di ko na lang pinapansin at nag co-concentrate na lang ako sa pag-aaral.

I glanced at my cellphone, "Tagal naman ng mga bruhang yon."
"Summer," Kaway ni Aliyah.

Andito na sila. Makakauwi na ako. Umayos ako sa pagtayo at di na ko sumandal sa kotse niya.

Pumasok na kaming tatlo sa loob, front seat ulit ako.

"Kamusta?"
"Ganun parin, as usual." Sagot ko.

Isang buwan na ang nakalipas. Hayyy, I`m doing well. I`m not really skipping classes. Dalawang klase lang ang nakakapagpakaba at nakakapagpaexcite sa akin - yung mga hindi back subjects ko. Mabuti na ang ganito no.

"Uhhh, kamusta na si Lex?"

Ack~

Muntik pang tumilapon ang bag ko sa harapan nang biglang nag break si Aliyah dahil sa traffic at dahil din yata sa tanong ko.

"Ha?" Sabay tingin niya sakin.
"Nagpakasal na ba sila ni Kyla?" Nakatingin lang ako sa harap.
"Uyyy, Summer~" Sabat ni Nadine.

"Di naman... Ewan ko, wala akong balita masyado sa kanya. Lam mo naman yun, busy sa pamamahala ng Sortee."
"Ahh. Di ba siya umaalis sa islang yun?"
"Huh? Umaalis naman, halos every month pa nga. Depende. Hindi naman kasi taga dun yung taong yun."
"Awww. San ba siya nag college."
"Ahhh. Graduate ng UDP yun."

Nosebleed. UDP is an amazing school.

"Summa Cum Laude pa nga yun. HAHAHA Grabe." Sabi niya. "Kaya yun ma-pride dahil marami naman talaga siyang pwedeng ipagmayabang sa katawan. Daming naghahabol dun pero wala naman siyang liniligawan. Weird. Kaw lang yat- errr..."

Di na lang ako nagsalita nang nakita kong nag green ang light. Kahiya naman, Summa pala siya... LOL. Nu naman ngayon? Ba`t ko nga ba tinatanong `to? EERRRR.

"Miss mo na ba siya?" Tanong niyang seryoso.

Naabutan ko pa si Nadine na nakatingin sakin through the mirror.

"No. Gusto ko lang malaman kung anong nangyari sa kanya..."

Magkatabi lang yung subdivision namin at ang subdivision nina Aliya at Nadine kaya nakakasabay ko sila pauwi. Hinatid nila ako ng bahay pagkatapos nun.

Sineryoso ko na ang pag-aaral ko ngayon. Talagang gumagawa na ako ng assignments kung meron. Gumagala ako minsan pero hindi ngayon dahil mejo nagiging busy na kasi papalapit na ang midterms.

SIGN 35~
Summer: Lex,

"Okay, next week nga pala class, I won`t be around. Siguro mga one month..." Sabi ng prof ko sa Philo class - ang isa sa dalawang klase kong hindi mga back subject.

"YEEEAH!" Nag hiyawan ang mga kaklase ko, pati sina Kevin at Nicole.

Mejo napapalakpak pa nga ako dahil sa tuwa.

"Pero! I`ll be leaving some assignments and you will still report here. Depende na yun sa napag-usapan namin ng head sa school, okay?"

"AAAAAAAAAAAWWW."

Kainis naman. Sayang! HAHA

"Summer."

Napalingon ako kay Kevin.

"May klase ka pa ba?" Tanong niya sakin habang papalabas kami ng room namin sa Philo.
"Wala eh, pero, may lakad ako." Sabi ko.
"Awww. Sayang naman."
"Bakit? Wala kang pasok sa next class mo?"
Tumango siya.
"Naku, sorry. May pupuntahan talaga ako eh."

Nagdalawang isip pa ako kung pupuntahan ko nga ba sina Aliyah at Nadine na naghihintay sakin sa Starbucks na mejo may kalayuan sa school namin.

"Aw... pero... Bakit? Wala kang kasama?" Tanong ko kay Kevin pagkatapos kong kumbinsihin ang sarili kong masyadong malayo yun para lakarin ko at masyadong malapit para magjeep ako.
"Oo eh... Pero- okay lang..." He smiled.
"Di na, sina Al-"

*KRRRRRRRRRRRRRRRRRRRRING!*

"Excuse me. Hello?" Sinagot ko ang phone ko.
"Jusko. Icheck mo naman minsan ang phone mo no. Sino ba ang kasama mo? Ba`t ang tagal mo?" Sabi ni Nadine.
"Aww. Si Kevin. Sorry. Uh-"
"Lika na dito! Bilisan mo ah! May sasabihin kami sayo."
"Importante ba yan?" Tanong ko habang sumusulyap kay Kevin.
"Uh. Idunno. I don`t think that this lil piece of information can be substantial to your very existence." Sarcasm ba yan? Ano ba yung importanteng yun?
"Ugh! Okay, papunta na ako-"
"ALONE!" Sigaw ni Nadine sa phone pagkatapos binaba.

Hindi kasi yun approve kay Kevin eh.

"Sorry, Kev. Kailangan ko raw pumunta eh. Importante. Family gathering."

FAMILY GATHERING! Para di na siya magbalak pang sumama.

"Oww. Okay lang. Pero, next day din kasi wala akong pasok..."
"Awww. Maybe I can be with you na~" I smiled.
Tumango naman siya at umalis.

Nagmadali narin akong umalis sa school. Nakasalubong ko pang umiirap si Lauren, di ko na pinansin.

What kind of information can be substantial to my very existence ba? Errr.

Ang init huh, naglalakad ako dito tapos andami pang jeep na nag i-air pollution. Buti na lang may panyo ako. Grabe, sana tigilan na ang pag gamit ng mga may CFC para di na mag global warming. Errr.

*PEEEEEEP-PEEEEEEEEEEEEP*

Nakaharang ba ako sa daanan? Lumingon ako sa likuran at di naman ako nakaharang ah? Nagpatuloy ako sa paglalakad.

*PEEEEEEEEP-PEEEEEEEP*

Lumingon ulit ako at hinarap na yung sumusunod na... SPORTS CAR (?) sakin. Whatdahell? A YELLOW LAMBORGHINI!?

Tiningnan kong mabuti ang driver sa loob. Naka polo shirt... May shades pang mukhang ginamit ng Eraserheads noon. Sino itech?

Lumabas siya sa sports car niya at tinanggal ang shades. He crossed his arms then smiled.

As if I was waiting for this PRECIOUS MOMENT to come, napanganga ako habang binabanggit ang pangalang matagal ko nang hindi naitatawag kahit kanino.

"Lex," My voice broke.

OH NO! I HATE THIS. I don`t like this! Why is he here? OH MY!

SIGN 36~
Summer: sa katatakbo ko

Half-running akong umalis. Dumami ang taong nakasalubong ko kaya kahit todo ang tawag niya sakin at habol, di niya parin ako naabutan.

"Bwusitttt..."

Nabigla na lang ako ng may humarurot na sasakyan sa likuran ko. Lumabas ulit siya sa soprtscar niya. Kakahiya na, andaming taong nakatingin.

Patuloy ako sa paglalakad, pagtakbo.

"Summer! Sandali!"

Sumakay ulit siya ng sasakyan. Parang gag0 `to. Ayyyy, yung signs ko pala. GRRRR.

Signs parin ba ang iniisip niya kaya niya `to ginagawa? This is sign 1 and 2... Shucks! Ang kapal kapal naman talaga ng mukha niyang isipin pa ang mga signs sa lahat ng nangyari samin. C`mon!

"Aaaahhh! Shiyeeet!"

Natanggal ang takong ng wedge ko. Grabe naman. Wedge na nga, matatanggalan pa ng-

"Aaaah!" Mahuhulog-
"Dahan-dahan kasi."

Mahuhulog ako.

4 signs in a row. This is so Lex. Grrrr. I hate him!

"Bitiwan mo nga ako!"

Pinutol ko na rin ang isang takong ng wedge ko. Ang hirap ah! Superrr no. Lalo na pag pinipilit mong putulin ang isang takong.

"Bili na lang tayo ng sapa-"
"Shut... UP! Don`t get near me... Lex. If you think that I`m still up with the signs, then you`re wrong."

Tiningnan ko ang paligid and my God, pinapaligiran na kami ng mga usisera at usisero.

"Wa`g mo kong sundan!"

Iniwan ko siya ng tinatawag parin ako, "Summer~!"

Tumakbo na ako. Tumakbo. Tinanggal ko na ang wedge ko`t paa na lang ang gamit ko para di niya talaga ako masundan.

Umikot pa ako sa malayong part at di ko na inisip na mainit. Sa wakas, di niya naman ako nasundan. Nakarating na ako sa Starbucks. Errr.

Naguilty naman ako dun kaya wala akong iniisip habang papasok ako ng Starbucks kundi yung ginawa ko. Pwede namang sinabihan ko siyang ayaw ko sa kanya, hindi yung sinisigaw-sigawan ko pa. Anyway, mabuti na rin yun para malaman niyang seryoso ako. And hell, why is he here? Shucks! Tumindig ang balahibo ko.

"Summer! Anong nangyari sayo?" Tumawa si Nadine. "Para kang na rape ah?"
"Wala..." I sighed. "Naputol ang takong ko."
"Owww. Tapos? Bili ka ng bago... Paano na yan."
"Teka... Ba`t ba yan naputol?" Tanong ni Aliyah.

Natigilan ako at inisip ko kung ano ba yung importanteng sasabihin niya.

"Ano yung sasabihin mo sakin?" Tanong ko.
"Omy God! Buti pinaalala mo. Sabi ni mama, si Lex dawww nandito sa syudad!"

Napasinghap ako.

"Ano naman daw ang gagawin niya dito?"
"Sabi ni mama, may importante daw siyang business at mukhang matatagalan siya. Grabe."
"Saan siya tumutuloy?"
"Sa subdivision din namin, may bahay din sila dun eh."

Napabuntong-hininga ulit ako.

"Ba`t di ka nabibigla?"
"Nagkita na kami kanina. Kaya nasira ang wedge ko dahil sa katatakbo ko. langya. Bumili pala siya ng sportscar?"

Bumili na naman siya para makuha ako? Errrr.

"Ahhh. Yun ba? Last year niya lang yun binili. Ay... Oo nga pala. Di niya yun dinala sa isla eh. Nasa garahe lang yun ng bahay nila dito."
"Whattttt?"

"Oo."

Hindi niya yun sinadya? Whatever! May mga signs na sinadya niya, may mga hindi naman...
Tsaka, ba`t ko naman iisiping bumili siya ng sports car para sa signs ko? Hindi naman ako ganun ka importante para gumastos talaga siya ng ganun pabigla-bigla.

Nagkataon lang yun. Grrrr. And my God! What will happen to me if Lex is around the city?

SIGN 37~
Summer: I`M SORRY, Sir.

Naman! I need to be different. Dalawang araw na akong weird ang kinikilos - kailangan eh. Kailangan kong mag-ingat, baka bigla akong makita ni Lex. Kaya di ako umaalis ng school kung di rin aalis sina Aliyah at Nadine gamit ang sasakyan niya. Ayokong maglakad-lakad sa labas at baka makita ako ni Lex. Kahit dito sa skul na di umanoy di nakakapasok ang mga outsiders ay di parin ako mapakali.

"Ang tagal..." Sabi ko habang bumibili ng Zagu.

LOL. Alam kong may pasok ako ngayon sa Philo, pero wala naman yung prof ko kaya di ako masyadong nagmamadali kahit 15 minutes late na ako.

Pagkatapos kong binayaran ang Zagu, umalis na ako sa canteen at dumiretso sa classroom. Sorry, matagal pa akong dumating kasi mejo mabagal akong mag lakad.

Sa labas ng classroom, nakita kong tahimik at nakatunganga ang classmates ko sa blackboard. Yung iba, nakangiti... yung iba nakanganga...

Agad naman akong pumasok ng walang pag-aalinlangan.

Pagkapasok ko, may naamoy akong isang pamilyar na amoy. Nostalgic ang amoy at parang ang dami kong naaalala.

I sipped on my Zagu as I tried to sit beside Kevin, nakatalikod parin ako sa board na tinutungangaan ng mga kaklase ko.

"May substitute teacher." Bulong ni Kevin.

Agad akong lumingon sa black board. Una kong nakita ang nakasulat na "Lex Andrew Santos or Sir Lex." Na nakasulat sa pisara.

And the next... of course... who else would smell that way? And who else would write that name on the board?

Napanganga ako habang nakikita kong nakahalukipkip at tumititig sakin si Lex. Ang mga nakangangang classmates ko naman ay tumingin na rin sakin at tumawa pa sila.

"Anong oras palang nag s-start ang klase dito?" Tanong ni Lex.
"Nine-thirty, Sir." Sigaw ng mga kaklase ko.
"Anong oras na? Miss Romero." Sabi niya ng seryoso.

"Owww. Kilala siya." Bulong nung isang babae sa likuran ko.

Di ako nakapagsalita at hanggang ngayon nakatayo parin ako. OMG! This can`t be happening! I don`t like this! Magiging prof ko siya? Lanya? Di nga? OMY.

"Uh, Sir... It`s 9:55 when she arrived." Kevin pulled me down to my seat.

"Errrr, defending the kabit..." Bulong ni Lauren sa unahan habang napapailing.

"The instructions weren`t clear kasi... Sabi ni Sir na wala daw siya kaya-"
Tumango si Lex then he looked away.

"Omyyyy..." Bulong ko sa sarili ko. He can`t be my prof! No way...

"So, san na nga ba tayo? Yeah, you can call me Sir Lex or Sir L if you want..."

Sir L mukamo!

"And... I`ll be your substitute teacher for this subject, Philosophy of Man..."

Blablah...blah! Batuhin kita ng Zagu diyan!

"Summer, kilala mo siya?" Tanong ni Kevin nang napansing todo ang gigil ko sa Zagu ko habang nakatingin kay Lex.
"Uh, nope." Huminahon ako.

"And-"
"Sir, may GF ka na ba?" Tanong ng kaklase kong babae.

Sows. Kaya naman pala manghang-mangha sila kanina pagkapasok ko dahil may Lex Luthor palang nakatayo sa pisara. Naku, kung alam niyo lang kung paano siya manloko. Nakakabwusit. Errr. Di na ba pwedeng lumipat ng section? HUHU

"Uh.. Wala pa... But I`m taken." He smiled to that girl.
"Awww." Hiyaw ng mga kaklase kong babae.

"Ang gwapo naman niyaaa." Bulung-bulongan sa likuran ng mga babae.

"Summer, gwapo niya no!?" Nicole said.

Di na lang ako umimik.

UGH. Why am I feeling something? It`s weird? Para akong batang inaagawan ng kendi. Ewan ko.

"Ano pong ibig sabihin nung taken?" Tanong ng babae.

Humiyaw ang buong klase...

"UYYYY. Anong takennnn?"
"My heart`s taken." Sabay turo sa dibdib niya. "But we`re not together."
"HAAAAA?" Sumobra na talaga ang hiyawan ng mga kaklase ko.

Napailing na lang ako. Loko! Grrrrr. Feeling ko naman ako.

"Ba`t naman, Sir?" Tanong nang isa pang kaklase kong babae.
"Ganyan talaga, class. If you love someone, you should love them like loving sunsets. You love sunsets, but you don`t own them. Everyone loves sunsets, but nobody owns them."
"Awwwww."

Peste. Kilala ko yung line na yun ah. Napainom ulit ako ng Zagu. Ha-high bloodin yata ako dito.

"Naku naman, Sir... Paano yan? Edi walang mangyayari niyan?"
"Oo nga!" Hiyaw ulit ng mga kaklase ko.
"Hindi... kaya nga nandito ako, narealize kong kailangan ko siya... sa buhay ko."
"AWWWWWWWWWW!" Sumobra ang hiyawan.

Napaubo ako dahil nasobrahan ang pag-inom ko ng Zagu. Nabigla yata ang voicebox ko kaya napaubo ako.

"Summer, okay ka lang ba?" Sabay himas ni Kevin sa likuran ko.

Napatingin halos lahat ng kaklase ko sakin kaya, "Excuse me." Ang weird.

"ehem, by the way... Di ba bawal ang kumakain o umiinom habang may klase?"

Lalo pa akong naubo sa sinabi niya.

"Sorry," Sabi ko habang tumatayo.

"tssss. Buti nga!" Bulong ni Lauren.

"Itatapon ko lang `to." Sabay turo sa labas.
"No... Next time na. Ayaw kong may bigla na lang lumalabas sa klase ko."

Napaupo ulit ako.

"Sana wa`g niyo siyang tularan class... Wa`g kayong mag dala ng pagkain sa klase..."
"I`M SORRY," Kainis! Nang-iinsulto pa yata. "Sir." Tumaas pa ang kilay ko habang hinawakan ni Nicole ang braso ko, tanda ng pagpapahinahon sa highblood na ako.

Sir... Sirrr? Napatalon lahat ng balahibo ko dun ah?

SIGN 37~
Summer: Napahiya lang ako,

Buong period akong nakatunganga dahil masyado akong di makapaniwala na si Lex nga ang magiging prof ko for Philo.

Nagpapirma pa siya ng kung anong attendance-paper para sa aming lahat.

"Summer, di mo yata nalagyan ng number mo..." Sabi ni Nicole.

Tinuro niya ang column ng CellPhone number sa diumano`y attendance sheet.

"Ah... Wa`g na... Pwede naman sigurong wala na..." Palusot ko.

Syempre... maaring modus lang ni Lex ang attendance sheet na ito. Ayoko nga no!

"Okay..." Tapos pinirmahan na ni Nicole at linagyan na rin ng number.

Binigay niya sa mga tao sa likuran para mapirmahan narin nila.

"Magkaibigan pala sila ng dating prof natin... Summa Cum Laude pala si Sir Lex." Bulong ni Nicole sakin habang nakapangalumbaba sa desk ko.
"Owws. Talaga?"

Naninibago pa ako sa pagtawag niya kay Lex na 'sir' dahil ang alam ko, mga taga Sortee lang na empleyado ang tumatawag sa kanyan ng ganun. Ngayon, pati mga classmate ko - pati ako.

"Oo. Sana linagay mo yung number mo dun, malay mo itext ka pa niya... nakuha mo attensyon niya kanina eh... diba?"

Tinitigan ko si Nicole, magpo-protesta na sana ako sa sinabi niya kaya lang...

"Malabong mangyari yan..." Sabat ni Kevin.

Oo nga. Epal naman `tong si Kevin, pero may point siya.

Sasagot na talaga sana ako pero...

"Romero... Arianne... Summer?" Sabi ni Lex habang nakatingin sa papel na di umano`y attendance sheet.

"Si-Sirrr?" Whoa... Sir again!

Time na, SIR!

"You did not provide your cellphone number." Sulyap ulit sa akin at sa papel.
"Uh.. Kasi sir, wala akong cellphone."

Natigilan siya.

"Asus. Ang feeling naman..." Bulung-bulungan ulit sa likuran.
"Tama na yung side comments please." Parinig ko sa mga nagbubulung-bulungan.

Pero ewan ko kung sinadya ba nung mga tao sa likuran, hinulog o nahulog ang bag ko kaya tumilapon din ang mga gamit ko, pati ang cellphone ko.

"Gosh!" Pinulot ni Kevin ang mga nahulog.

Ang cellphone ang una kong pinulot.

"I`m not getting your numbers for personal purposes, class." Sabi niya habang nagsusuplado at ni di ngumingiti.

*Ding-Dong-Ding*

"Class dismiss."

Napairap na lang ako pagkatapos mapulot ni Kevin lahat ng gamit ko.

"Summer, mauna na ako... may klase pa." Sabi ni Nicole.
"Sure."

Umalis na lahat ng kaklase ko.

"Summer, I think you need to put your number on Sir L`s attendance sheet." Tumango ako kay Kevin, ayaw ko rin naman kasing magduda sila.

Nagmartsa na ako patungo sa kay SIR Lex na inaayos pa ang gamit niya sa harapan at di pa nakakaalis.

"Sir, ilalagay ko na ang number ko." Sumulyap pa ako sa gilid ko kung saan nakatayo si Kevin.

Sumulyap pa si Lex kay Kevin habang binibigay sakin ang attendance sheet.

"Tapos na." Binigay ko ulit ang papel sa kanya.

Kinuha niya naman agad.

"Kev, alis na tayo..." Sabi ko.

Sumulyap pa ako kay Lex bago kami lumabas ni Kevin. At talagang nakatitig pa siya saming dalawa habang papalabas kami.
Grabe, para akong kinakagat ng mga langgam kung saan saan paglabas ko nang classroom.

"GRRRR. Kakainis! Bakit ganito?" Linagay ko ang kamay ko sa noo ko.
"Bakit, Summer? Okay ka lang ba?" Tanong ni Kevin sakin.

Tumango naman ako. Nakita ko rin sa ekspresyon ni Kevin ang pagtataka sa weirdong kinikilos ko.

"Napahiya lang ako, kaya naiinis ako sa bagong Prof natin." Sabi ko.
"Okay lang yan, mejo di ko rin gusto ang tono niya eh. Mukhang hobby niya yata ang pang-iinsulto at masyadong mayabang pa..."

Natigilan ako sa sinabi ni Kevin.

"Hindi naman ganun si Le-... I mean, di naman siguro-"

Anuuu ba, Summer? ERRRR.....

"Excuse me..." Sabi ni Lex habang dumadaan sa gitna namin ni Kevin.

At talagang dumaan pa siya sa gitna ah! Sa laki ng daanan, sa gitna pa talaga siya dumaan.

Oppps, narinig kaya kami?

Hindi naman siguro, dahil di naman kami pinansin.

SIGN 38~
Summer: Bakit, Nicole?

Naramdaman ko ang pag vibrate ng phone ko. Nagmadali akong kunin `to.

"Kala ko tinapon mo ulit sa basurahan ang phone mo."

Yun lang ang nakalagay.

"Sino yan?" Tanong ni Kevin sakin habang naupo kami sa isang table sa canteen.
"Di ko alam..."

Deny ko yun. Alam na alam ko kung sinong nagtext nito.

Reply ko: Please stop texting me. I`m not interested.

"Patingin nga ng number, baka kilala ko..." Sabi ni Kevin.
"Wa`g na... Errr. Na delete ko na."

Ano kayang magiging reaksyon nila kung malaman nilang si Lex na Sir nila... eh... eto?

"Summer!" Sigaw ni Aliyah at Nadine habang papunta sakin.

Nakita agad ni Kevin ang dalawa kaya, "Summer, alis muna ako."
Tumango na lang ako.

Napairap pa ang dalawang pinsan ko kay Kevin.

"You are not dating him!" Sabi ni Aliyah.

Wow? Ano yun? Interrogative or Declarative sentence?

Napailing na lang ako.

"Anyway, Summer! Ano na? Yiii!" Sabay pakita ni Nadine ng peace sign.
"Anong ano na? Wala eh.. Mag su-suicide na ako. Bakit siya andito? My god!" Sabi ko habang ginugulo ang buhok ko.
"OA mo ha..." Aliyah said. "Andito siya, para magturo, ano pa ba?"
"Hindi eh... Sinabi niya kanina... sa klase, na andito siya para kunin kung ano man yung kailangan niya sa buhay niya."
"Di nga?"
"Wow... mukhang pipikutin ka yata ng pinsan ko ah." Sabay halakhak ni Aliyah. "Sinabi niya yun? Edi may gusto nga siya sayo?"
"Ano ba!"
"Anong masama dun?" Sabat ni Nadine. "Sabagay, he cheated on you... pero... yeah, di rin kita masisisi. Pero kung gusto mo rin naman siya..."
"Ano ba? Mag-aaral ba ako o magboboyfriend ulit?" Umirap ako.
"IKAW!" Sabay pa silang dalawa.
"Mga loka kayo..." Umiling ako.

Nag vibrate ulit yung phone ko. Binasa ko naman agad nang umalis ang dalawa para bumili ng pagkain.

Lex: Ibagsak kaya kita sa Philo mo?

Kainis!

Reply ko: Subukan mo lang...

Kainis. Peste.

Pero may mas nakakainis pa se last reply niyang "Ibagsak kaya kita sa Philo mo?". Yung masaklap na katotohanang hinintay kong magtext ulit siya hanggang 12 midnight nang gabing iyon. Kapeste talaga, hindi siya nag text. Ano kayang ginagawa niya? errr..

At ano na naman `tong ginagawa ko?

Sometimes the things that you`ve decided to avoid are those things that are happening again and again.

"Uhhh. Di ako nagbasa..." Yun lang ang nasabi ko pagkatapos akong tawagin ni Lex para sagutin ang isang tanong na hindi ko lubos maintindihan.
"May libro ka ba?" Tanong niya.

Napailing ang mga classmates ko.

"Meron."
"Asan ba?"
"Nasa locker."
"Ano yun? Pinapabasa mo ang locker mo nang libro?"

Umirap na lang ako habang umupo.

"Ako sir... Nagbasa ako!" Sabay pataas ng mga bruhang babae na kaklase ko.

OO NGA SIR! Ba`t di sila ang tawagin mo. Kalokohan naman talaga ito. Grrr... Ibababgsak niya kaya ako kung patuloy ko siyang di-deadmahin? I sighed.

"Napahiya ka na naman kanina ah. Paborito ka na yata ni Sir!" Sabi ni Nicole.
"Oo nga. Nakakainis, mukhang ayaw niya sayo kaya lagi ka niyang pinapahiya Summer. Sarap upakan eh. Di naman siya ganun ka tanda satin."
"O siguro naman nagandahan yon sayo kaya ka ginaganoon."

Napailing na lang ako habang sumasandal sa punong kahoy. Si Nicole naman at Kevin ay nakaupo sa bench. Nakita ko si Lex na dumaan sa 2nd floor ng kaharap na building namin.

Napatingin pa siya sa banda ko at kumaway pa ito. Arooooy. Pa kaway kaway pa. Weirdo. Napatawa akong bahagya... napakapursigido naman talagang pikutin ako. Kainis!

Pero kung inaakala niyang nasisiyahan ako sa mga pinaggagagawa niya, nagkakamali siya. Kung pursigido siya, mas lalo akong magpupumiglas.

Sa mga sumunod na araw, napagdesisyonan kong magdadala ng libro ngayon para di na ako ma special mention ni Lex. Humanda siya. Kinuha ko ang libro sa locker ko nang may napansin akong isang heart-shaped na Ferrero Rocher.

My heart skipped a beat.

Ang nasa note lang nito ay, "Kilala mo na kung sino ako."

Walang heya! Kilalang kilala ko nga. Nasa signs ito diba? Hindi ko nga lang alam kung aling sign doon. Kinalimutan ko na ang signs na yon. Pero... bwisit. Pursigido parin ba siyang tapusin ang signs kahit ayoko na talaga? Akala ba niya makukuha niya ako sa mga ganito niya? Kala niya ba makukuha niya ako kapag makuha niya na ang signs? Nagkakamali siya.

Padabog kong sinarado ang locker ko. All the way to our room in Philo, nakasimangot ako`t lahat-lahat na.

Humanda talaga yung Lex na yun sakin! Pasalamat siya`t di ako makapagpalabas ng kahit anong ekspresyon mamayang klase namin dahil ayokong malaman ng classmates ko ang mga nangyayari.

Pagdating ko sa room, magulo at maraming nakatayo sa upuan ko. Ano yun? Tsaka, wala pa si Lex ah?

"Summer,"
"Bakit, Nicole?"

Umalis ang lahat na nakatayo sa upuan ko`t nakita kong bigla ang tatlong rosas na nakalagay sa desk ko.

"May secret admirer ka?" Tanong ni Nicole.

Lumingon ako kay Kevin, umiling siya.

Of course! Di ko iniisip na si Kevin ang naglagay nito dahil tulad kanina, alam ko na rin kung sino ang naglagay nito dito. At di pa siya dumarating hanggang ngayon. GRRRRR. Humanda na talaga siyaaaa!

SIGN 39~
Summer: just, stop this!

Linagay ko sa upuan ni Nicole ang three roses na nasa desk ko.

"Ano yan?"
"Di yan akin." Sabi ko.

Nagkagulo ulit ang mga tao sa room dahil sa paghahanap ng kanikanilang upuan dahil dumating na ang pinakahihintay nating Sir Lex!

"Sayo yan, Summer." Sabi ni Nicole sabay lagay ulit ng three red roses sa desk ko.
"Errr." Linagay ko na sa sahig na daanan ng mga tao.

Para pag maapakan yan, wala na akong problema diba?

"Okay, let`s start our class with a recap. And then, we will have a long exam."

Napanganga ako sa sinabi ni Lex.

"Yes! Buti nag-aral ako." Sabi ni Nicole.

Ganun narin ang nasabi ng mga blockmates ko sa likuran. I bet nag-aral silang lahat dahil si Lex ang prof. Paano ako? Pero, siguro naman may matino akong maisasagot kahit papaano. Errr.

"Mr. Asuncion..." Sabi ni Lex.

Napatingin ako kay Kevin.

"Can you give a brief recap about our last session?"
"Uhhhh..."

Dumaan si Lex sa daanang sinasabi ko. Then he stared at the three red roses on the floor.

"We discussed about the..." Blablablahhh.

Di na ako nakinig sa mga sinabi ni Kevin at mukhang ganun din si Lex dahil panay ang tingin niya sa red roses na nasa sahig.

"Mr. Asuncion, nakita mo ba ang mga basurang nasa paligid mo lang?" Off topic na tanong ni Lex.
"Huh?" Napatingin din si Kevin sa sahig at nakita niya ang 'basurang' sinasabi ni Lex - ang roses.

"Class, sana bago tayo magsimula, kung may nakikita kayo sa paligid niyong mga basura... linisin niyo naman!"
"Yesss, sirrr." Sabi ng ibang kaklase ko.

Pupulutin din sana ni Kevin ang three red roses pero naunahan na siya ni Lex.

"Okay. Let`s start our long exam!" Sabi niya at nag-iba pa talaga ang tono ng pagsasalita niya.

"Kainis talaga! Ang yabang!" Sabi ni Kevin. "Upakan kita diyan... Kala mo kung sino."
"Cool ka lang Kev." Sabi ni Nicole.
"Bwusit eh! Ano bang excuse yung sinabi niya para mapagalitan pa ako? Kainis..." Pumula na talaga ang mukha ni Kevin.
"Kev, sorry. Kasalanan ko. Ako yung naglagay ng roses dun eh..."

"Okay lang, Summer. Eh hindi niya naman kasi kailangang pagalitan pa ako dahil lang dun!"

"Shhhhhh!" Tinitigan ni Lex si Kevin. "We are to start our long exam, please stop talking Mr. Asuncion."

Para akong binagsakan ng langit at lupa. Loko `tong si Lex ah!? Mukhang pati si Kevin pinag-iinitan. Humanda siya!

"Summer, mauna na ako? May klase pa ako. Good luck." Bulong ni Kevin sakin-

"Shhhh! Wa`g nyong kausapin ang mga hindi pa tapos!" Sigaw ni Lex.

Talagang nakikita kong nag-iinit na ang ulo ni Kevin kay Lex. Kaya nung papaalis na si Kevin, nagkatitigan pa sila ni Lex.

GRRRRR... Tapos na ako pero di ko pa ipapasa dahil kailangan kong mahuli. Hanggang sa tatlong tao na lang ang naiwan.

DALAWA na lang...

Yung isang naiwan, ay isang kaklase kong tahimik. Tiningnan ko siya at halos batuhin ko na ng ballpen dahil sa tagal matapos pero nabigla ako nang nakatingin din siya sakin at mukhang gusto niya rin yata akong batuhin ng ballpen.

Nabigla din ako nang bigla na lang siyang linapitan ni Lex at, "Tapos ka na ba?"

Nakanganga ang babaeng tahimik na kaklase ko, "Ye-Yes, Sir." Ngumiti siya`t parang natataranta.
"Ang tagal mo yatang natapos? Mahirap ba?" Ngumiti rin si Lex.

Ngayon, silang dalawa na ang gusto kong batuhin ng ballpen.

"Me-mejo po." Binigay nung babae ang testpaper niya`t tumayo ito.

Tumayo ako para sana ibigay na rin ang test paper ko, kaya lang bigla na lang siyang kumaripas ng takbo at binangga pa talaga ako. Tumilapon ang ballpen at test paper ko.

"So-Sorry!" Patuloy siya sa pagtakbo habang namumula ang pisngi.
"Shucks! Pwede ba! Wala namang asong humahabol sayo!" Sigaw ko.

Pinulot ko ang testpaper pero hinila ni Lex ang braso ko.

"Ayos ka lang ba?" Tanong niya, seryoso.
"O-Oo." Errr. Speechless?

Di ako makatingin sa kanya.

Siya na ang pumulot sa test paper at ballpen ko. Napansin kong may nahulog na isang note galing sa kamay niyang nakahawak sa test paper ng babaeng bigla na lang tumakbo kanina.

Pinulot ko `to.

"Princess - 09161234561."

Err. Now I know. Siguro, nahiya yun kanina. Kaya siguro yun tumakbo dahil dito. Sobra naman yata ang sex appeal ng gunggung na to`t dami niyang nabibiktima.

Binigay ko sa kanya ang note.

Kinuha niya tapos linagay sa bulsa.

Err. kala ko pa naman itatapon niya.

"Tagal mo yatang natapos?" Naglakad siya patungong teacher`s table kaya sinundan ko siya.

I need to regain my madness.

"Sinadya ko yun para makausap kita!" Pinilit kong magalit.

At talagang natuluyan ang galit ko dahil naalala ko yung mga pagpapahiya niya sakin at kay Kevin.

"Tungkol saan?"
"Tungkol sa pagiging presko mo`t pagpapahiya mo sakin at kay Kevin!"
"Pinahiya ko ba si Kevin?" Tumaas ang kilay niya.
"Don`t play dumb! At ako? Pinahiya mo ko ah!" Suminghap ako. "Lex," Tinuro ko ang roses. Kinuha ko rin ang heart-shaped na chocolates na nakuha ko sa locker. "tigilan mo na ang mga signs ko dahil matagal ko nang kinalimutan yon!"

May kinuha siya sa ilalim ng teacher`s table. And tenenenentenen... Guess what? A baloon. shucks!

"Yoko nga." Ngumiti pa siya habang inaabot sakin ang baloon.

Napailing ako, "Lex, please stop this." Sabi ko, seryoso. "You can fail me in this subject... just, stop this!"

Naging seryoso din ang mukha niya.

"Naniwala ka naman? Di kita ibababagsak, dahil ayokong ako naman ang bumagsak sa puso mo."

Gumalaw mag-isa ang nagkakasalubong kong kilay. Takte~!

SIGN 40~
Summer: Tigilan mo na ako!

I hate this! Nakakainis naman siya! Alam niya namang gusto ko siya kaya ganito siya ka pursigido sa signs ko. Eh wala naman akong pakealam sa signs ngayon eh. Bwusit talaga.

Umalis ako sa classroom. Nagwalk-out na ako. Panglimang balloon na yung binigay niya kanina sakin at halos 3 weeks na rin siyang parang gag0ng nagdadala ng balloon araw-araw. Di ko kasi tinatanggap.

Nabigla ako nang nakita kong nakatingin ang halos lahat ng estudyante sa akin.

"Summer," Sigaw ni Lex galing sa likuran ko.

OH NO~! Wa`g niyo sabihing may balak pa siyang ipahiya ang sarili niya sa school? Com`on! Kung may balak nga siya, wa`g naman sana akong idamay.

"Summer,"

Tumakbo ako ng pa simple tapos naglakad ulit para hindi weird. Sobra nang kahihiyan ito, grabe na ang ginagawa niya.

*KRRRRRIIING*

"He-hello?"
"Summer, nasaan ka?" Tanong ni Kevin. "Ikaw ba yang hinahabol ni Sir Lex?"

Napatigil ako sa paglalakad at lumingon ako kung saan-saan para hanapin si Kevin. Nasa itaas siya ng isang building. Nakita ko siyang hawak ang phone at parang nagtataka sa mga nakikita niya.

Binaba ko ang phone.

Sobrang pinagpapawisan na ako dito-

"Summer..."

"YIIIII!" Sigaw nang isang grupo ng estudyante sa tabi ng tinatayuan ko.

"Bwusit-"

Naglakad ulit ako.

Sobrang iskandalo `to. Isang teacher na nagdadala ng balloon at hinahabol ang estudyante? WTF?

"Lex, what are you..." Napasinghap ako.

Naisipan kong tumakbo ulit papuntang library. Sana i-hold siya ng guard dahil sa balloon na hawak-hawak niya at tuluyan na siyang di papasukin.

Pumwesto ako sa library nang naiwala ko siya.

"Loko yun." Shyet.

Ilang sandali ang nakalipas, naamoy ko na naman siya.

Nakita ko siyang umupo sa harapan ko - salamat naman at walang dalang balloon.

"Desperado talaga `to." Sabi ko sa sarili ko.

Inintindi ko na lang ang mga librong dala ko at nagsimulang mag basa. Wow, milagro, nagbabasa pala ako ng libro no?

"Pssst."

Ayan na naman si Lex! Tiningnan ko siya.

"One week nalang." Ang nakalagay sa likuran ng notebook niya.

Umiling ako.

"Please forgive me."

Bwusit. Gusto kong tumawa. Ang kornix talaga ng matandang ito.
Ang sarap mag dirty finger minsan dahil sa kakornihan niya.

"Ehe-ehem!" Hirit ulit ni Lex para matoon ang tingin ko sa direksyon niya.

Ang nakalagay na naman sa notebook niya, 'Seryoso ako... sa`yo... di mo ba nakikita?' Napakamot ako sa ulo.

Agad siyang sumulat ulit sa notebook niya gamit ang isang marker.

'12, 16, 19, 20, 24... and kulang.'

'You'll pass 3 subjects naman siguro ngayon, let`s crash-out the 12th."

Umiling ulit ako at nagbasa.

"Psssst..."

Di na ako tumingin sa kay Lex.

"Pssst. Pssssstttt!!!"

NAKAKAINIS NA AH! Tiningnan ko siya. Masyado na akong galit kaya pinakita ko talaga sa mga mata ko.

"hehe" lang ang nakalagay.

ARGH! Di ba naiintindihan ng mokong na `to ang sinasabi ko? Leche!!!

'Tanggapin mo ang balloon, titigil na ako ngayon pramis.'

Linigpit ko ang gamit ko`t umalis na ng library. Tumigil din ako sa paglalakad para hintayin si Lex at ang sinasabi niyang balloon. Seryoso `to! Tatanggapin ko `to para wala ng gulo ngayong araw na `to. Ang kulit niya, sobra.

Nakangiti siya habang dala-dala ang balloon.

"Wa`g mo kong sundan, Lex! Tigilan mo na ako!" Sabay kuha ko ng balloon.
"Titigilan lang kita pag sasabihin mo sa harapan kong di mo ko mahal."

Umalis siyang bigla. Masyadong salida `to si Lex. May pa kondisyon-kondisyon pa siya. Errrr. As if naman... gagawin ko yun.
I mean, leche, bakit ganun? Seryoso ba siya dun? Sasabihin ko ba yun? Kaya ko ba? At kapag kaya ko nga... tototohanin niya kaya?

SIGN 41~
Summer: alis na muna ako ah.

Umabsent ako ng dalawang meeting sa Philo dahil sa inis ko kay Lex at dahil sa takot ko.

"Summer," Tawag ni Kevin sakin galing sa likuran.
"O?"
"Ba`t di ka na pumapasok sa philo?"
"K-Kasi... sumakit yung tiyan ko nitong nakaraang araw eh. LBM." Sabi ko habang inaayos ang mga gamit ko.
"T-talaga? Wala ba itong koneksyon sa kay Sir..."
"Wala!" Sabi ko.

Umismid ako sa sarili ko. Masyado ko yatang na lagyan ng emosyon ang sagot ko.

"Mag... kakilala ba kayo ni Sir?" Tanong niya sakin ng seryoso.
"Hindi." Tiningnan ko rin siya ng seryoso at... "Tayo na Kev, baka mahuli tayo sa Philo."

Naglakad na kami patungong classroom. Marami na namang nakatingin sa akin. For sure, kaya ganito makatingin ang mga taong `to dahil nakita nila si Lex na hinahabol ako. Shucks.

"Summer," Humihingal pa si Nicole at sumabay samin.
"Ano?"
"Binigyan ka raw ng balloon ni Sir Lex? Bakit? Totoo ba yun?"
"Ahhh. Yun ba? Ehhh kasi... Yung pamangkin ko kasi, may birthday. Eh kilala niya, kaya binigyan niya ako ng balloon para iabot sa pamangkin ko."
"Kelan ba ang birthday ng pamangkin mo? Diba last last week lang dinadala ni Sir yung balloon?"
"Ahhh. Yun ba..." Wala na akong maisip na palusot. "Ehhh ewan ko. Basta."

I ignored them until we arrived at our classroom.

"Uyyy. May birthday pala yun sa pamangkin ni Summer kaya ganun."

Kay lakas ng boses ni Nicole habang nakikipagkwentuhan siya sa ibang kaklase ko.

I glanced at that Princess-girl na nagbigay ng number kay Sir Lex. And my God, nakatingin siya sakin. Nakakatakot naman.

"Ewan ko. Siguro hilig lang talaga ni Sir ang mga bata... AYYYY..." Sobrang kilig ang nadarama ng mga kaklase ko habang pinag-uusapan si Lex.

Napailing na lang ako.

Napansin kong kanina pa tumitingin si Kevin sa akin habang pinaglalaruan ang ballpen niya.

"OKAY CLASS!"

Para akong napatalon sa kinauupuan ko habang tinitingnan kung saan galing ang nagsalitang iyon. Syempre si LEx. Napalunok ako.

Lumingon ulit ako kay Kevin at nakita kong nakatingin parin siya at parang binabasa ang mga galaw ko. I acted normal.

"Since this is my last day... I`ll check your attendance na lang..."

Nag rollcall siya.

Napalunok ulit ako ng ilang beses para lang ma maintain ang state of mind ko.

"Reyes, Angela... Ro-mero, Arriane Summer." Tumigil siya sandali. "Present ba?"
"Yes."

Natahimik ang mga kaklase ko.

Tumango siya kaya napabuntong-hininga lang ako nang pinagpatuloy niya na ang rollcall. Akala ko may mga comment na naman siya.

"Santiago, Princess Mae..." Tumigil ulit siya at hinanap yung nasabing Princess.

Nagpataas ito ng kamay at ngumiti. Nginitian din ni Sir Lex ito.

May kaonting hiyaw akong narinig sa likuran galing sa mga kaibigan yata nung Princess.

Nagpatuloy siya sa rollcall.

"Gag0 tong Lex na `to, kung paano kung may makahalatang- ARGH!" Sabi ko sa sarili ko.

Paano kung may magsumbong na ganyan yung trato niya sa mga estudyante? Shucks.

"Di ako magtatagal, class. Marami pa akong aasikasuhin. Uhhh, Dismiss."

Nagkagulo na at marami nang lumalabas. Ewan ko kung bakit ayaw ko pang lumabas.

"Uh, by the way...." Tumigil yung mga kaklase ko at nakinig kay Lex.

Sobrang masunurin yata ng klase pag si SIR LEX na?

"Ms. Santiago, please remain." aniya.

Nagpatuloy sa pag-alis ang mga kaklase ko pero ako, wala parin... di parin nakakatayo.

"Summer, di ka pa ba aalis?" Tanong ni Nicole.
"Hindi."
"Bakit?" Si Kevin naman.

Nakatingin parin ako kay Lex. Lumingon naman ako kay Princess at nakaupo parin siya mag-isa sa upuan niya.

Nagkasalubong na talaga ang mga kilay ko.

Ano bang plano ni Lex? Papatulan niya ba yung babaeng yan? Eh... pucha naman... Di ba niya nakikitang pwede siyang ipatapos sa school. Sa bagay, di naman siya talagang teacher dito pero napaka walang hiya niya naman yata kung ganun ang gagawin niya. Kapal ng libag niya para pumatol ng estudyante.

"Summer?"
"O!" Nalagyan ko ulit ng maraming emosyon ang sagot ko.

Si Lex, Nicole, Kevin, Princess at ako na lang ang natitira sa room.

"Ehe-ehem..." Lex broke the silence.
"Ah. Yeah, tayo na..." Sabi ko.

Para kasing sinasabi ni Lex na 'leave us alone...' or what. Okay! Kung di niya yun kayang sabihin, edi ako na ang magsasabi.

"We are going to leave you alone." Sabi ko. Masyadong clear ang pagkakasabi ko.

Pero pagkatapos ko `tong sabihin, may napansin ako sa sarili ko, may mga naitanong ako sa sarili ko.

Sobrang bilis yung lakad ko papalabas at para akong pumutok na bulkan. BAKIT BA, SUMMER? O SIGE! MAHAL MO SIYA! SELOS KA LANG.

Ganun ba yun? Peste naman o. Last day niya na ngayon, paano niya makokompleto ang signs?

KITA MO NA? Yan pala yung tunay na iniisip mo, ang galing ah? HAHAHA. Nabubuang na yata ako.

"Summer?"

Kanina pa pala ako tinatawag ng dalawa.

"May problema ba?"
"W-Wala."
"O sige, alis na muna ako ah. May semi-final exam ako sa isang subject ko." Sabi ni Nicole.

Umalis siya na parang may halong weird-look sa mga mata niya.

"Summer, seryoso `to..." Napasinghap si Kevin. "Magkakilala na ba kayo ni Sir Lex noon?"

SIGN 42~
Summer: Siguro... kaya mo ko pinipilit

Ilang sandali ang nakalipas, lumabas si Lex sa classroom. Magkasabay pa sila ni Princess. And then again, dumaan siya sa gitna naming dalawa ni Kevin.

"Sir! Wala bang excuse?" Sabi ni Kevin.

Napalingon ang ibang mga tao sa hallway.

Naabutan ko ring nagwalk-out si Princess at parang umiyak yata. Anong nangyari dun?

"Sorry." Yun lang ang sabi ni Lex kay Kevin.

He glanced at me then left afterwards.

Anong nangyari dun?

Anyway, I`ll escape.

"Sige Kev, alis na ako ah... magkikita pa kami ng mga pinsan ko." Kinuha ko ang cellphone ko sa bag ko.

"Summer, di mo pa sinasagot yung tanong ko."

Di ko na siya pinansin. Nagtataingang-kawali ulit ako para di mabuking.

Tinext ko ang dalawang pinsan ko pero walang nagreply.

Kainis. Kaya ako lang mag-isa ang naglalakad-lakad.

Hanggang sa natapos na ang whole class ko for today, aalis na sana ako pero may nagtext.

Kala ko naman sina Aliyah at Nadine na pero mali ako. T`was Lex.

Lex: Puntahan mo ko sa parking lot.

Kapal muks ng matandang ito.

Me: Why would I?
Lex: Arte mo ah. Lagi naman eh. Diba nga, may sasabihin ka?

Anong sasabihin ko? Tse!

Lex: O baka naman... di mo kayang sabihin?

Abahhh! Mapuntahan nga`t sasabihin ko sa mukha niya yung 'di kita mahal, kaya tigilan mo na ako.'

Pumunta na agad ako sa parking lot at sinigurado kong walang nakasunod na estudyante dito. Di bale nang gabihin ako tonight, Sabado din naman bukas eh. Malayo pa lang siya, amoy na amoy ko na ulit.

May psychological effect kaya sakin yung perfume niya? Parang lumalambot ako eh.

He was leaning on his sportscar and he was waiting for me.

Tumayo ako sa harapanb niya at sinasabi ko sa sarili kong sasabihin ko na talaga.

Kaya lang, bigla niya akong tinulak papasok sa sportscar niya tapos umikot na siya`t nag drive bigla.

"Lex! Ano ba!"

Ambilis niyang mag drive, siguro dahil sa sportscar `tong dinadrive niya o baka naman nagmamadali siya? :o

"Saan tayo pupunta?"
"Kung saan mahal ang pagkain..." Sagot niya.

Lumingon siya sakin...

"Ang tagal mo, kailangan ko tuloy magmadali..."
"Huh?"
"Seatbelt mo..." Paalala niya.

Di ko naman ginalaw ang seatbelt ko.

Bigla na lang siyang nagbreak at... sinuot niya para sakin ang seatbelt ko.

"Ano ba... Sabi ko, nagmamadali tayo, seatbelt mo." Sabay lock sa seatbelt ko.

Pinaandar niya ulit ang sasakyan niya. Grabe, feeling ko kung di ako nagseatbelt eh baka tumilapon na ako somewhere. Ambilis niyang magdrive.

"Bakit ba? Saan ba tayo pupunta?"

Grrrr.

"Tsakaaaa.... Anong nangyari kay Princess kanina?" Ack~ Ba`t bigla ko yung naitanong.

Di siya sumagot.

"Siguro... kaya mo ko pinipilit sabihin sayo yung di kita mahal kasi may nakita ka nang ibang babae no?"

WAH! Ano daw? HAHAHAH Ba`t bigla ko yung nasabi?

Tinigil niya ang sports car sa isang mamahaling restaurant.

Huminga siya ng malalim at...

"I am not... like that..." Tinitigan niya ako.
"Huh?"

Tiningnan niya lang ako. Tinitigan. Ano ba `to?

"Summer, I have never been this selfish in my life, and it scares me."

Parang napatili ang sistema ko.

"That`s why I`m doing everything this way."

Hinawakan niya ang kamay ko.

"That`s why I cheated..."

May mas gagandang dahilan pa ba sa pagcheat sa sinabi niyang iyon?

SIGN 43~
Summer: Ba`t po kayo nandito?

Pumasok kami sa restaurant. Inakbayan niya pa ako. Umismid na lang ako saka niya tinanggal ang kamay niya sa shoulders ko.

"Lex," Tawag ni Aliyah.

Ang mga pinsan ko? ANDITO!

Nakangiti pa ang dalawa habang tinitingnan kami...

"Sorry, Summer. Si Lex kasi..."
Tumango na lang ako kay Aliyah.

Siguro nang blackmail siya... Errrr. Desperado... ever...

Kaya lang. Okay na sana ang lahat eh. Kaso, sa malayo...

"Kanina pa sina Tita... Grabe, Lex... nahirapan kami ni Nadine dun ah."
"Onga! Stricto kasi sila. Siguradong galit si Tito ngayon..." Nadine said.

Sa malayo... nakikita ko si Mama at Papa na nakaupo sa isang table. WAAAAH~ Talaga palang desidido siyang tapusin? OH MY GOD!

Kinabahan na ako. Sobrang kaba ang nadarama ko lalong lalo na nung nakita ko si Papa na nakatingin sa akin. Tinuro ako ni papa at lumingon narin si Mama sa akin.

Agad akong pumunta sa kanila, dahil sa kaba ko.

"Ma... Pa... Ba`t po kayo nandito?"
"Summer, sabi kasi nina Aliyah na gusto daw kaming makausap ng prof mo. Hindi ko nga alam kung bakit sa ganitong lugar pa. Di ba pwedeng sa school na lang kami pumunta?" Tanong ni Papa habang umiinom ng tubig.

PATAY! LAGOT! LAGOT NA TALAGA...

Si Lex naman, nakikipag-usap pa kay Nadine at Aliyah.

"Ma, Pa... alis na po tayo...." Sabi ko habang kinukuha ang mga kamay nila.

"Bakit? May problema ba, Summer?" Tanong ni mama. "Siguro may kalokohan ka na naman sa school no kaya natatakot kang makaharap namin ang prof mo?"
"Ano ba yun, Summer?" Tanong ni papa.

Joskopo. Pinagpapawisan na ako ng malamig dito. Di ko na yata kaya itong nangyayari.

"Wala po. Pramis, wala akong ibabagsak..."
"Kung ganun, bakit parang natatakot ka?"
"Wala naman po kasing problema-"

Nakita kong papunta na si Lex sa amin.

"Kung ganun, ba`t nga kami pinatawag?" Tanong ni papa.

"Excuse me, Mr. and Mrs. Romero." Sabay lahad ng kamay ni Lex sa papa ko. "I`m Lex Andrew Santos..."

OMY GOODNESS. Ano `tooooo?

Nakataas ang kilay ni mama at papa habang inaabot din ni papa ang kamay niya.

"Santos... Lex... The owner of Sortee Beach?" Tanong ni papa habang tumatayo at nakikipagshakehands.

Napabuntong-hininga na lang ako, umiling, at umupo sa tabi ni mama.

"Yes, Sir. Ako po yung boss ni Summer sa SBClub."

Pinaupo ni papa si Lex sa harap ko.

"Your father and I are good friends..." Sabi ni papa.
"Oo nga po. Kilala din po kayo ni Dad."
"Ikaw ba yung binaggit ni Manang Alicia na pinagbilinan niya kay Summer?" Tanong ni mama habang nakataas parin ang isang kilay.
"Opo."
"Etong anak ko kasi, pinauwi ko na noon. Imbes na 8 months dapat siya sa Sortee, pinauwi ko kasi may nagustuhan daw at nainlove..."

SHET. SHET. SHET. MAAAAAAAAAA~!

Tinitigan ako ni Lex. Tumaas narin ang kilay nito at para bang gusto pa nitong tumawa. GRRRR.

"Nga pala... Summer, asan na yung prof mo?" Lumingon si mama sa paligid.
"Ahhh. Oo nga po pala. Ako po yung prof ni Summer. Substitute Teacher po ako sa school nila."
"Ha?"

Napanganga si mama at papa.

SHUCKS! Tapos, Lex? Sige... magsalita ka pa. Di ko na alam ang gagawin ko. Nagkakagoosebumps na ako.

"Ahhh. Ilang taon ka na nga pala hijo?" Tanong ni mama habang umiinom ng tubig.
"Twenty-four po."
"Oowww. I thought you`re nineteen or twenty..."
"Bakit, Lex? Ano bang problema sa anak ko?" Tanong ni papa.

Napainom ako ng tubig sa kaba.

"Kasi po... I like your daughter."

SIGN 44~
Summer: Hindi po siya... prof...

Muntik ko nang maibuga ang tubig na ininom ko sa mukha ni Lex. Paano niya biglang nasabi yon? Di ba niya nakikita o naririnig sa tono ng mga magulang ko na ayaw nila na magkaboyfriend ako?

Hindi nagsalita si mama at papa.

Walang nagsasalita. OMG. WALA.

"Uh...-"

Tumango si papa, "Ikaw ba yung nagustuhan ng anak ko habang nasa Sortee siya?"

Napalunok ako ng limang pusa.

"Hindi po ako sigurado." Tumingin si Lex sa akin.

Lumingon din si papa sakin at...

Tinanong niya ang pinakanakakasira ng dignidad na tanong...

"Siya ba yun, Summer?"

Napapikit ako.

Hindi po. Yung lifeguard, yung securityguard, yung waiter, yung manager, yung receptionist... hindi yung may-ari!

"Uhh--"

Nakatingin si Lex sakin. Pati na rin si Mama.

Bumuntong-hininga si papa.

"Alam ko na ang sagot... Ngayon, bakit gusto mong makipag-usap sa amin?" Tanong ni papa.

Umiinit na ang usapan. Kulang nalang kurutin ni mama ang hips ko dahil sa gigil sa akin. Ako naman, magbibigti na yata.

"Gusto ko lang po sanang, ipaalam sa inyo." Sabi ni Lex, seryoso.

Tumango si papa.

"Alam mo ba kung bakit ko pinadala si Summer sa Sortee?" Tanong ni mama.

OMG. Si mama naman ngayon. Matalas pa naman ang dila neto.

"Opo." Sabi ni Lex.
"Ilang beses nang nasira ang buhay niya dahil sa pag-i-pag-ibig na yan. Walang kwenta yan para sa kanya dahil masyado pa siyang bata para umibig... noon... Pero, wala parin akong tiwala sa kanyang mga gusto hanggang ngayon."

So, Ma? Ano po ba ang ibig sabihin nang sinabi mo?

"Alam kong hindi parin ako makakasiguro kung seryoso ka sa anak ko... at di ko rin masasabing payag ako sa inyo."

Tumingin si Lex sakin...

"Po? Ma... Di po kami... or what..."

Lumingon si mama at papa sakin.

"Summer`s eighteen. Maybe she can decide properly now. Siya na ang bahala. Kung gusto ka niya, then... Kung ayaw niya naman, it`s her choice. I`ll try to believe in her now since she`s been through a lot." Tiningnan ako ni mama.

Tumango si Lex.

"Ikaw... ang prof niya? Diba bawal sa school yun?" Tanong ni papa. "Hindi ako papayag."

OMG. LOL. Ano daw?

"Hindi po siya... prof... I mean, substitute lang..." Ayun. Ako pa ang nanindigan.

Tiningnan ako ni papa.

"Sorry." Scary naman.

"That is something we should discuss as family..."

Biglang uminom si papa ng tubig at... "Maiwan na muna namin kayo. Pagod ako sa trabaho... pati na rin ang mama mo. Sasabay ka ba?" Tanong ni papa habang tumitingin sakin.

Tumayo si Mama at naghanda sa pag-alis.

"Po?"

Sasama ba ako?

Tumayo si Aliyah at Nadine at kinawayan kami sa malayo. Parang sumisenyas na aalis na sila. At nakita ko ngang lumabas na sa restaurant ang dalawa. Takot yatang mapagbuntunan ni mama at papa.

"Ako na lang po ang maghahatid sa kanya..." Sabi ni Lex kay papa.

Tumingin si papa kay Lex at umiling.

"Before 12midnight." Naglahad ng kamay si papa tanda ng pamamaalam.
"Opo." Tumayo narin si Lex para makipagshake hands.

Napabuntong-hininga ako.

"Summer, usap tayo sa bahay." Pahabol ni mama bago sila umalis.

Shucks. shucks. Scary.

"O-opo."

Then I looked at Lex. He was looking at me too.

Uminom siya ng tubig at pinagmasdan ang pag-alis ni mama at papa.

"Pumasa ba ako sa mama at papa mo?"

Ano? Pumasa kaya siya?
LEX CAN PERFECTLY CONTROL EVRYTHING!

SIGN 45~
Summer: Nagjeep na po ako...

Nakatingin lang ako sa kanya habang tinatapos niya ang pagkain.

"May dumi ba ako sa mukha?" Tanong niya.

Umiling na lang ako.

"Natatakot ka ba na baka pagalitan ka ng mama at papa mo?"

Umiling ulit ako.

"Lex, ano ba `tong ginagawa mo?"

Nakatingin lang siya sakin at naghihintay sa mga idaragdag ko.

Tinitigan ko na lang rin siya.

"Bakit ka nga pala nag absent ng dalawang meetings?" Sabay inom niya ng tubig. "Buti wala akong quiz sa mga time na yun..."

Napahinga ako ng malalim.

"Lex, don`t talk to me like everything`s okay."
"Bakit? Ano pa bang problema, Summer?" Tanong niya.

Katahimikan.

"I completed the signs... I talked to your parents... I did everything to get you back... ano pa ba ang problema?" Tanong niya.

Ano nga ba? Maybe I`m just scared. Natatakot akong sumugal ulit. Sumugal ulit sa pag-ibig... sumugal ulit sa kanya.

Ayokong mabigo ulit ako sa pag-ibig.

Ayokong masira ulit ang buhay ko.

Natatakot ako... dahil mukhang seryoso siya. At seryoso din ako... pero paano kung wala rin palang mangyayari? Ano na ang gagawin ko pag mabigo ulit ako?

"The last sign? Ba?"

Napalingon ako sa kanya.

"Kailangan pa ba yun?"

Anong last sign? Di pa ba niya nakokompleto lahat?

"Sign twenty-four... Pupunasan ko ang luha mo kapag iiyak ka..." Tiningnan niya ako. "I don`t wanna make you cry..."

AWWWW. AWWWW.

"Hi-Hindi yan ang ibig sabihin ko..." Sabi ko.

"Kung ganun, ano?"
"Paano ako nakakasigurong di mo ko sasaktan?" Tanong ko sabay duda-looks.

Bwusit ka, Summer! Ayan ka na naman. Parang sasagutin mo yata yan bigla ngayon ehhh. Alam kong kahit natatakot ako ngayon, sigurado ako sa sarili kong mahal ko nga siya.

Hindi siya umimik.

"Nga naman... paano ba yun? Hindi naman ako makakasiguro eh, kahit ikaw... di ka rin makakasiguro nun." Sabi ko.

Tumayo ako at nagbalak umalis, pero hinila niya ang braso ko.

"Why do you always have to ask for something so ideal?"

Binawi ko ang braso ko.

Naglakad ako paalis ng restaurant.

Di niya naman ako sinundan...

Bakit nga ba? Bakit nga ba... ganito na lang ako kahigpit ngayon?
I love him... and I don`t wanna be hurt anymore.

Padabog akong pumasok sa bahay. Nag jeep na ako. Di talaga ako hinabol ni Lex eh. Siguro, may inisip din siyang mabuti. Siguro... ayaw niya na sakin at naiinis na siya dahil masyado ko siyang pinapahirapan... Pero... KASALANAN KO!

Di ulit ako pwedeng umiyak dahil kasalanan ko.

Kasalanan ko dahil masyado akong takot.

"Summer," Nabigla ako dahil si mama at papa ang tumambad sakin sa sala.

Nagmano ako.

"Po..."
"I can see that that Lex is a good man. Tsaka, matured na siya.... Bagay sayo ang mga matured na lalaki dahil masyado kang immature." Sabi ni mama.
Tumango ako.
"Hinatid ka ba niya?" Tanong ni Papa.
"Hindi po..."
"Bakit?"
"Nagjeep na po ako..." Sagot ko nang walang kabuhay-buhay.

"Ay naku, Summer! Gusto mo ba siya o hindi. Kung ayaw mo, edi wag. Kung gusto mo siya... tapos ganyan ka... mabuti pang wa`g na lang! Sinasabi namin `to ngayon dahil ayokong masira ulit ang buhay mo. Kung sisirain din ng Lex na yun ang pag-aaral mo, ako na mismo ang maglalayo sa inyo! Naiintindihan mo ba yun?"

Ayan. Napuputakte tuloy ako dahil sa ka-walang-gana kong sumagot.

"Opo.." Tumuloy na ako sa kwarto at magdamag nag-isip.

SIGN 46~
Summer: Bitiwan niyo nga ako.

Hindi niya rin ako tinext ng dalawang araw.

"Ano ba, Aliyah!" Saway ni Nadine habang nagpapark ulit kami at papasok sa school.
"Sorry na... Imamaster ko pa yan..."
"Ilang buwan mo nang mina-master ang pagpapark eh. Malapit na ang Summer, tapos hanggang ngayon, walang pagbabago."
"Tssss." Tiningnan ako ni Aliyah. "Oy, Summer. Tulala ka na naman diyan!"

Napatingin ako sa kanila.

"Diba wala na si Lex sa school? Kaya ka siguro lonely jan no?"
I shook my head.
"Di ko na kasi alam kung anong gagawin ko..."

Nagkatininginan silang dalawa habang sa labas naman ang tingin ko.

"...ayokong masira ulit ang buhay ko."
"Edi... wa`g mong sirain! Gaga." Sabi ni Nadine.
"Oo nga..."
"Alam niyo naman diba? Alam niyong paglovelife na... lagi na lang akong nagkakamali..."

Nagkibit-balikat ang dalawa nang may dumapong papel sa mirror.

"Single mother... nilalandi ang isang teacher..."

May picture pa ng di umano`y BABAE kaso blurred. Pero alam na alam kong ako yung nasa picture! Sino pa ba ang ganun ang ayos at tinatawag na single mother? SHUCKS!

Nagsilabasan kaming tatlo sa sasakyan at binasa ang pamphlet.

"Ikaw `to, Summer ah!" Sinabi pa ni Nadine.
"Patingin!" Kinuha ni Aliyah. "OMG. Ikaw `to... Tsaka... Si Lex yata ang tinutukoy nila..."

Napailing ako.

"Ang sabi pa... kahit na umiiwas si Sir... lumalapit talaga ang malandi..."

Kinuha ko ang papel at umalis sa parking lot. Humanda yung gumawa nito`t babaliin ko ang kuko niya!

Nakikita ko na ang mga tingin at bulung-bulungan ng mga tao. Bwisit.

"Si Summer Romero yata yung tinutukoy eh."
"Oo nga... Wala nang iba..."

Hinanap ko kung saan marami ang pamphlet.

"Oh my God! Sabi na nga ba eh... Ang landi niya talaga~" Kahit mahina ang pagkakasabi nun, kilala ko kung sino yun - si Lauren!

Lumingon ako sa kanya at naabutan kong nagtatawanan sila ng kaibigan niya.

"Summer!" Tawag ni Kevin sabay hila sa braso ko...
"Ano??!"
"Totoo ba `to?"
Napailing ako.

Hindi ko na talaga siya sinagot at sinugod na si Lauren.

"Ikaw ba ang may pakana nito?" Napatayo ang mga kaibigan niya.

Nakita ko rin si Princess na hindi makatingin sakin.

"Bakit? Guilty ka ba? Tsaka... teka nga... ano ngayon kung ako? Wala namang sinabi diyan na ikaw ang pinag-uusapan diba? Ang guilty mo!" Sabi niya.

Sasapakin ko sana pero inawat ako ng mga kaibigan niya.

"Walang hiya ka! Wala kang alam kaya wa`g mo kong biruin ng ganito!"

Nakahawak parin ang dalawang kaibigan niya sa mga braso ko.

"Bitiwan niyo nga ako."

To the rescue naman si Kevin kaya nakawala na rin ako.

"Bakit, Summer? Totoo naman diba? Sino bang umalis dito dahil nakipaghalikan sa boyfriend ng iba---at kaibigan niya pa ha?" She crossed her arms. "Sa bagay... di mo naman siguro ako tinuring na kaibigan no? Kaya siguro madali lang sayo yun?"

Bwusit talaga. Feeling ko pinagpipyestahan na ako.

"Sabi ni Princess... May gusto ka raw kay Sir Lex. Pasalamat ka`t wala na siya dito... Tapos... may nakakita pa sa inyong nakasakay ka sa sportscar niya... Grabe ka naman kung makapanglandi Summer!"

Sobrang distorted na ang ekspresyon ko. Ang sarap niyang sapakin. Sobraaa. Sobraaaa talaga!

Tiningnan ko si Princess at di siya makatingin sakin.

"Siguro may relasyon kayo ni Sir Lex no? Wa`g mo nang ideny! Di naman kasi yun shocking news kasi ganyan ka naman simula`t sapul diba?"

*SLAPPPP*

180 degrees yung slap na yun kaya talagang nadapa si Lauren.

SIGN 47~
Summer: nilalandi ko ang substitute prof namin.

"Summer, tama na!" Awat ni Kevin. "Nasa school tayo."

"Ikaw, bwusit ka! Wa`g kang magsalita na parang alam mo ang lahat huh!" Sabay turo ko kay Lauren na hanggang ngayon ay di pa nakakatayo.

Pinunit ko lahat ng pamphlet na nakita ko. Tinapon ko na rin yun kay Lauren.

"Ano? Masaya ka na... dahil nasira mo na ang pangalan ko?"

Nagwalk-out ako.

Sumunod naman si Kevin sakin.

"Summer-"
"Kev... Tama na muna please..." Sabi ko.

Kaya lang sinundan niya parin ako.

Hinarap niya ako.

"Summer, ano bang tinatago mo? Ano ba ang relasyon mo kay Sir Lex?" Yinugyog niya ang braso ko.

Tahimik lang ako at tinitingnan ko lang si Kevin.

"Sagutin mo ko, Summer. Ano ba talaga ang nangyayari?"
"It`s none of your business." Sabay tingin ko sa kawalan.
"Summer, mahal parin kita... kailangan kong malaman kung ano ang nangyayari sa`yo!"

Napatingin ulit sa kanya.

I guess... wala na akong kawala. Sinabi ko kay Kevin ang lahat. Lahat lahat... Para matahimik na siya. Iniwan niya na lang ako sa bench na kinauupuan namin habang kinwento ko ang lahat. Ayun, nawalan ba ako ng kaibigan?

May dumapong pamphlet sa tabi ko, pinunit ko naman...

"Nawalan na nga ng kaibagan, nasira pa ang image ko..." I sighed.

"Miss Arianne Summer Romero, please report to the DSA as soon as possible." Yun ang narinig ko sa buong eskwelahan.

Nagkagoosebumps ulit ako. Bakit na naman ba? Ano na naman ba ang mangyayari?

Ang dami kong naisip na posibilidad at dahilan sa pagpapatawag sa akin.

Ang pinaka ayaw ko nang isipin ay ang ipa-expel ako. Hindi ko na yata kaya yun. Kung ipaexpel ako, may tatanggap bang school sakin? PAANO NA YUN?

*tok-tok-tok*

Kumatok ako sa DSA office at binuksan ang pintuan.

Nakita ko doon si Princess, Lauren at dalawang Discipline Officers ng school namin.

"Pinatawag niyo raw po-"

"Siya po... siya po yung nang iskandalo sa amin kanina." Sabi ni Lauren habang tinuturo ako.

Ano? Napaupo ako sa harap ni Lauren.

"Ano? Anong pinagsasabi mo?"
"Ms. Romero. Bakit mo naman yun ginawa? Nakipagsampalan ka raw..." Sabi ng isang discipline officer.
"P-Po? Hind- I mean..."
"One week na lang at finals na... Nakita ko sa records mong binagsak mo ang lahat ng subjects mo last year... tumigil ka ng isang sem... at ngayon, maayos naman ang standing mo sa klase, except for this incident. Bakit?"

Napasinghap ako... Kung alam niyo lang! GRRRR....

"Di mo ba naiisip na pwede naming i-suspend ang final exams po as punishment?" Tanong nung isang opisyal.
"P-Po? Wa`g po."

Napatingin ako kay Princess na hanggang ngayon eh walang kimi sa tabi ni Lauren.

"Kung ganun... ano ba talaga ang nangyari?"
"K-Kasi po... si Lauren!" Tinitigan ko si Lauren. "Pinakalat niya through pamphlets na may anak na daw ako at nilalandi ko ang substitute prof namin."

Nag-iba ang ekspresyon ng mukha ni Lauren.

"Totoo ba yun?"
"Totoo po. Totoo naman kasi yung mga sinabi ko eh."

SIGN 48~
Summer: di na bumabalik yung tao!

"Anong totoo? Hindi po. Sige nga... anong ibidendya mong may anak ako?"
"I did not say anything like that. Ang ibig kong sabihin ay totoong nakikipaglandian ka sa kay Prof Lex, diba Princess?"

Tumango naman si Princess. Pucha!

"See?"

"Hindi po totoo yun."

Tiningnan ako ng dalawang opisyal.

"Hindi po totoo yun!"

Grabe... Grabe... Kinakabahan na ako.

"Kung hindi yun totoo, eh ano `to?" Sabay abot sa mga opisyal ang lagpas sa limang litrato namin ni Lex.

Yung nasa library... Yung hinabol niya ako with the balloon... and etc. SHET!

"Ano `to?" Sabay abot ng discipline officer sakin.

Bahagyang nakangiti pa si Lauren sakin.

Napapikit ako, "This is a misunderstanding..."
"Kailangan naming ipatawag yung substitute professor na ito..."

"Wa`g na po!"
"Bakit? May tinatago ba kayo?"

Nagkatinginan sina Lauren at Princess.

"O sige! Ano naman ngayon kung may relasyon kami?" Bwusit! Kainis na mga taong `to.

Expel na kung expel! Sira na naman buhay ko. Pucha naman talaga `tong mga taong `to.

"May gusto siya sakin kaya hinabol niya ako... Ganun lang yun... At ano naman ngayon kung ganun nga?"

Tiningnan ako ng dalawang opisyal. Ewan ko ba kung nabigla sila o namangha sila sa sinabi ko.

"Happy now?" Sabay tingin ko kay Lauren at Princess.

Lalong lalo na kay Princess! Siya yata yung naglaglag sa akin dito.

"Ano naman ngayon? Bakit? Siya pa ba ang prof ko? di na diba?"
"Okay... Miss Romero. we`ll have to contact Mr. Santos, come back here this afternoon."
"Sir, wa`g na po!"
"We need to contact him! Para malaman natin kung nagsasabi ka ba ng totoo."

Umismid ako nang lumabas na kami sa office.

"Ano Lauren, Princess? Masaya na kayo?"
"Oo!" Sagot ni Lauren sabay tawa.

Ang peste talaga ng babaeng `to.

"Ano ba talagang problema mo, Lauren? Galit ka parin ba dahil ako ang dahilan ng paghihiwalay niyo ni Kevin?"

Nakangiti parin siya habang nagkikibitbalikat.

"Ikaw naman, Princess? Anong problema mo sakin, huh?"

Di siya umimik.

"Bagay lang yan sa`yo dahil malandi ka..." Sabi ni Lauren.
"Kung bagay `to sakin... Eh ikaw? Bagay lang sa`yo yung nangyari sa`yo noon dahil napaka suwapang mo!"

She slapped me.

"Sige pa! Magalit ka pa! Guilty ka lang eh! Ipagpatuloy mo yan, Lauren! Para lalong di ka na balikan ni Kevin... Kung tutuusin, sayong sayo na siya eh... kahit ngayong andito na ako. Pero dahil sa ugali mo, di na bumabalik yung tao!"

Umalis na ko. I didn`t bother to slap her back. Wala na akong time para makipag-away muli sa isang bitter na tulad niya.

SIGN 49~
Summer: He denied me.

Sa labas pa lang ng office, may kakaiba at pamilyar na amoy na akong naaamoy.

Sa labas pa lang, may aura na akong nahahagilap.

"Andito na si Ms Romero..."

Pumasok ako sa DSA office. Nakita ko si Princess, Lauren, TATLONG DISCIPLINE OFFICER, Ang Prof namin sa Philo at syempre... Si Lex.

OMG! Eto ang pinakaunang pagkakataong nagkita kami simula nung nagtalo kami sa restaurant.

Nagkatinginan kami. I looked away. I don`t know if he did too...

"Mr. Santos.. Kilala mo ba si Summer Romero? Estudyante mo siya nung substitute ka diba? Sabi ni Ms Lauren Garcia, may relasyon daw kayo ng estudyante mo... totoo ba ito?

Kinabahan ako ng sobra-sobra.

Kung sasabihin ni Lex na meron, masisira ako. Kung sasabihin niyang wala... hindi niya naman siguro ako ide-deny... diba?

"Wala."

DIBAAAA?

"Wala po kaming relasyon." Straight ang tingin niya sa discipline officer.

WHAT?

OKAY!

WHAT?

Pati yata sina Lauren ay nabigla.

"Ganun naman pala eh..." Sabi ng Prof namin. "Edi walang problema. Simpleng cat fight lang yun ng mga estudyante."

Tumango ang discipline officer.

"Kung ganun, ano `tong mga larawan na ito?" Sabay abot sa mga larawang galing kay Lauren.

"Binigay ko lang po yung balloon para sa pamangkin niya. At nakipagkwentuhan lang ako sa library."

Panay ang titig ko kay Lex kahit di siya makatingin sakin.

"Wala po kaming relasyon. We hardly know each other." Dagdag niya.

Tumango ang tatlong officer.

BAKIT LEX? Anong nangyari? Anong nangyayari?

Natulala ako sa mukha ni Lex. Hindi ko namalayang napaluha ako, agad ko `tong pinunasan habang wala pang nakakahalata.

"Okay, you can now leave... except for Ms. Romero..."

Umalis si Lex nang di man lang tumitingin sa akin.

Umalis na rin ang prof ko, kasama sina Lauren at Princess.

Tulala ako sa kinauupuan ko habang nakakaharap ko ang mga opisyal.

"Are you trying to destroy someone`s name, Miss Romero?" Tumaas ang tono ng boses ng opisyal.

Oo nga! Pinoprotektahan ba ni Lex ang kanyang pangalan kapalit sa akin? Ganun ba yun?
Sa bagay, sino nga ba naman ako para protektahan niya kapalit ang dignidad niya bilang tao?

Ang tanga tanga ko talaga. Syempre... di niya kayang sirain ang pangalan niya para sakin. Syempre... sino ba ang gagawa ng ganun para sa aking ang selfish-selfish?

Napahagulhol ako sa loob ng office kahit di ko pa sinasagot ang tanong nila.

"You ALMOST brought someone`s name in vain! Do you think that`s good? Masisira ang pangalan ni Mr. Santos kung hinayaan ka naming magsalita kanina without calling his attention!"
"Sir-" Hinihingal ako habang humihikbi.
"What do we do now? Suspend you from the classes? Suspend you from the final exams? Expel you!?"

Hikbi parin ako ng hikbi.

Hindi ko na alam kung bakit ako umiiyak. Dahil ba nadeny ako ni Lex? Dahil ba nasaktan ako sa sinabi niya? Dahil ba natatakot ako sa mga sinasabi ng discipline officers? Bakit kaya?Siguro dahil lahat yata ng pagkakamali ng mga ex ko ay nagawa ng taong pinakamamahal ko - hindi ko pa yun inaasahan.

Natatakot na akong... masira ulit ang buhay ko. And the root cause of this things right now... is LOVE... again...

This is the greatest... and the worst... destruction of my life ever.

And Lex was the greatest... and best... love I have ever found in my entire life.

He cheated. He lied. And still, I`m loving him now.

Pero sobra sobra na yata `to. If I want a peaceful life, I should give up something great. And that is... him.

Hindi ako pumasok sa klase. Kahit next week na ang finals, di ko na ininda yun. Ayokong pumasok dahil kahit sa mismong corridor namin ay marami ng nakikiusisa sa akin, paano kung papasok pa ako sa room.

Nakasalubong ko si Kevin, di niya ako pinansin.

Argh!

Tapos, sina Nadine at Aliyah.

"Summer, saan ka pupunta?" Napatingin sila sa bandang likuran ko. "4pm na ah. Diba may pasok ka pa?" Tanong ni Aliyah.

Napatingin din ako sa likuran, I saw Lex`s sports car.

So, he`s still here. Tamang-tama. Lalabas ako sa school na `to. Sana makulong na siya dito at magpakasaya dahil hindi tuluyang nasira ang dignidad niya. That`s not sarcasm, okay?

"Di na muna ako papasok. I`ll be fine." Linagpasan ko silang dalawa. "He denied me." Dagdag ko.

SIGN 50~
Summer: I LOVE YOU, LEX ANDREW SANTOOOOOS!

Umalis na ako sa school. Pati yata security guards eh kilala ako dahil panay ang titig nila sa akin. Kulang na lang akusahan nila akong nag-iwan ng bomba sa loob ng school.

Napaupo ako sa isang tagong coffee shop - at talagang sa pinakaside pa nito para walang makapansin. I faced the wall and I stared on my phone.

*KRIIIING!*

Gette`s calling.

Nagsimula na namang tumulo ang mga luha ko.

"He-llo Gette?" Napahikbi ako.
"Summer, are you okay? Nalaman ko kina Aliyah na-"

Narinig niya ang paghikbi ko.

"Gette, di ko na kaya. I give up."
"Shhh. Summer?"
"I give up with Lex! He is one of those guys..."
"Bakit? Anong nangyari?"
"He denied me. Napahiya ako. Nasaktan ako." Sabi ko.

Di ko na narinig ang boses ni Summer. Mukhang hinayaan niya na lang muna akong umiyak.

Ilang sandali, nagsalita siya...

"Summer, tahan na. Umuwi ka na lang muna sa inyo. Pupuntahan kita diyan. Tsaka, the thing about your school... lumipat ka na lang ng school. Okay?"

Hindi ako makasagot dahil hindi ko naman alam kung anong sasabihin ko.

"W-Wait... Asan ka ba? Umuwi ka na muna. I promise, I`ll go there. Rico will drive for me."
"Okay, Gette."

Binaba ko na ang phone ko at nag-isip kung uuwi na ba talaga ako.

Kaya lang, naabutan ako ng 6PM sa coffee shop na iyon. Gabi na sa labas at dumarami na rin ang tao dito.

Lumabas na ako sa coffee shop para uuwi na sana. Kaso, wala akong mahanap na taxi dito at kailangan ko pang maglakad papunta sa sakayan ng jeep.

*Krrrriiing!*

Kinilabutan ako nang nakita kong si Lex ang tumatawag. Pinatay ko ang cellphone ko at naglakad patungo sa sakayan ng jeep.

Gabing-gabi na. Busy ang mga taong nakakasalubong ko. Ang sakit na ng mga paa ko. Ang sakit na rin ng puso ko. Feeling ko, eto na yata ang time na pinakanabigo ako.

A yellow lamborghini parked at the jeepney stop. Agad akong nag panic at gusto kong tumakas.

Pero agad naman lumabas yung driver para hilahin ako.

I slapped him. I slapped Lex.

Hindi siya agad nakatingin sakin.

"Okay! I`m sorry. Hindi ako galit sa`yo." Sabi ko habang nararamdaman na naman ang pagpo-produce ng luha ng mga mata ko. "Alam kong... wala naman talaga akong halaga sa`yo. At kasalanan ko kung ba`t pa ako umasa. Just leave me alone. Don`t just pull me when you want to!"

Tinalikuran ko siya pero hindi ako makapagwalk-out dahil hawak parin niya ang braso ko.

"Lex! Tama na. Please." Umiiyak na ako ng todo ngayon.

Umamba siyang pupunasan ang luha ko pero sinapak ko ang kamay niya.

"Ano, Lex? Kaya mo ba ako dineny kanina dahil gusto mo lang makuha ang last sign?"
"NO!" Sabi niyang bigla.

Umiling siya.

"No!"

Tulala siya sa kawalan.

Binawi ko ang kamay ko.

Hinawakan niya naman ang magkabilang braso ko.

"I told you, I will never do anything like that. Hinding-hindi ko ko-kumpletuhin ang signs dahil ayoko sa sign na yun!"
"Then why did you deny me? Para masaktan ako?"
"I denied-"
"Oh yes! Of course, sorry Lex." Iniba ko ang tono ng boses ko. "Sorry. Alam kong masisira naman talaga yung pangalan mo kung hindi mo yun ginawa. Pero... nasaktan ako. I`m sorry."

Nagtangka ulit akong bawiin ang mga braso ko sa pagkakahawak niya pero masyado `tong mahigpit.

"I denied you because I thought it was the best thing I can do for you. Kung inamin ko bang gusto kita, anong mangyayari sayo? Aakusahan kang malandi? Tapos, maeexpel ka? I would never let that happen."

Natigilan ako.

"I told them everything." Tinitigan ko siya.

Nakikita ko sa mga mata niyang pinipigilan niya ang mga luha niya. Naalala kong mejo iyakin siya dahil nung nasa resort pa kami, umiyak siya sa harapan ko.

"Sinabi nila, sinungaling ako... dahil gumagawa ako ng istorya. I-I know, I`m not blaming you. I blame myself for being so stup1d!"

Bigla niya akong hinalikan. Unti-unti ko yatang nakalimutan na nasa kalsada kami, di man sa gitna, may mga tao paring nakakita.

"That`s enough, Summer."

Umiyak parin ako kahit pagkatapos ng halik niya.

He looked so weak right now. And I pretended that I`m strong and firm.

"I love you so much." Sabi niya. "Narinig mo naman siguro ako diba, I love you... I`ve never been this selfish in my life, and it scares me. I love you too much to let go."

Nagtangka ulit siyang punasan ang luha ko pero sinapak ko na naman ang kamay niyang paparating sa pisngi ko.

I would never let him complete the signs.

Though, I`m in love with him too.

"Kahit kailan, di ko pa naramdamang ganito ako ka desperado sa isang babae. Sa isang babae pang katulad mo na ayaw na ayaw ko noon. You stomped on my ego, you are hurting me physically... and emotionally. Kung ibang babae ka, siguro matagal na kitang iniiwas-iwasan. Kaya lang, ano `tong ginagawa ko? Sinasadya ko ang lahat para lang makita ka ulit."

Umiyak pa ako lalo habang pinapakinggan ang eksplenasyon niya.

Para kaming mga gag0 dito sa kalsada, nagdadramahan.

"And now, narealize kong..."

Kinabahan ako.

"Narealize kong... dahil sa pagiging selfish ko, dahil sa pagiging desperado ko... nasasaktan na kita. I`m sorry."

He hugged me.

Pumiglas ako pero wala na akong lakas para makawala sa hipit ng yakap niya.

"Please, tell me you love me!" Sabi niya habang tinitingnan ang lumuluhang mga mata ko.

And for the third time, he tried to wipe away my tears, but I did not let him again.

"Alam ko. I ruined your life. I`m guilty. Alam kong importante sayo ang schooling mo."

Tulala siya habang umiiyak parin ako.

"Do you think you`d be better off without me?" His voice broke.

Pinunasan ko ang luha ko. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko.

Mahal ko siya. Mahal na mahal-

"I think you`d be better off without me." Yumuko siya at yinakap ulit ako. "Pasensya na kung masyado akong makasarili. Go on with your life now."

Tiningnan niya ako. It was like he was seeing me and looking at me for the last time.

He sighed.

Tinalikuran niya ako. Umiyak ako lalo. Tinalikuran ko na rin siya. Hindi ko kayang makita ang sportscar niyang tumakbo sa kabilang direksyon sa tinatahak ko.

I was crying still...

Tiningnan ko ang paligid, maraming taong walang pakealam. They`re going on with their life without knowing that I`m here... losing my life. Losing Lex.

Habang naglalakad ako, naisipan kong tumingin sa likuran. Wala na ang sportscar niya. Tiningnan ko ang mga tao, wala na rin siya.

"Bakit ko ba siya pinakawalan?" Tanong ko sa sarili ko. "I said because he was ruining my life?"

Ang tanga ko. Paano masisira ang buhay ko? Dahil ba sira ang pangalan ko sa eskwelahan namin? Ganun ba yun?

Hindi naman yung paaralan ang buhay ko eh. And I slowly realized, that Lex was part of my life... He played the biggest part of my life... AT KAPAG WALA SIYA, MAWAWALA NA RIN ANG PINAKAIMPORTANTENG PARTE NG BUHAY KO.

"Para!" Pumara ako ng jeep.

Loka! Ba`t papara ka ng jeep? Taxi dapat. Hinayaan ko ang sarili kong sumakay sa jeep na papunta sa daanang tinahak ng sportscar ni Lex.

"Manong, matagal ba `to?" Tanong ko habang traffic.
"Oo eh. Nagmamadali ka ba hija?"
"Opo."

Lumabas ako sa jeep at pumara ng taxi.

"San ma`am?"
"Uh.. Nakita mo ba yung yellow lamborghini? Yung sportscar na-"
"Ahhh. yung nakapark dun kanina?" Sabay turo sa kinatatayuan namin kanina ni Lex.
"Opo. please? Saan yun pumunta, manong?"

Nag drive naman siya agad.

Binuksan ko ang phone ko. May tumatawag agad. It was Gette! I cancelled her call then I turned to Lex.

"Sh1t~ Patay ang phone niya."

I cancelled another call from Gette.

"Manong saan po ba yun pumunta?"
"Uhh. Dito yung daan niya kanina eh... Sana na traffic yun. Bakit ba hija? Ay ayun-" Tinuro niya ang sportscar ni Lex sa unahan namin.

Nag green ang lights kaya nag GO!

"Manong, bilisan niyo po!" Sabi ko.

I`m getting impatient.

I tried to call Lex again, wala parin.

"Shucks!" Nag red ang light!

Taena! We`re caught up in trafic.

"Hija, maabutan ulit yun ng traffic dun sa kabilang kanto-"
"Okay manong, hahabulin ko na lang po!" Inabot ko na ang lahat ng pera ko sa driver.

Wala na akong pakealam.

Tumakbo ako ng tumakbo. For God`s sake! I felt happy nung mejo natagalan siya dahil sa ibang sasakyan.

"LEEEEEEEEX!" I know, right! I`m stup1d!

Ba`t ko ba tinatawag eh di rin ako maririnig! Takbo ako ng takbo. Hindi ko na nararamdaman ang pag hingal ko o kahit anong pagod sa paa. Tumatakbo ako habang umiiyak.

"LEEEEEEEEEX!" Nasira na talaga ang vocal chords ko.

Nasa gitna na ako ng kalsada.

"LEEEX~!"

Tumigil ako sa pagtakbo.

"LEX~!"

Nakita kong tumigil ang sports car. I was so happy. This is the happiest moment of my life! Sobra!

"Nakita kong lumingon siya sakin."

I gave him the sweetest smile. Kahit na umiiyak ako at di na ako sigurado sa itsura ko, bahala na.

"I LOVE YOU, LEX ANDREW SANTOOOOOS!" Bahala na kung mawalan ako ng boses forever. Ang importante, nasabi ko yun.

His car drifted. Nag u-turn kahit di pwede. Pumunta siya sa kabilang intersection, I watched him as he drifted his car very fast... Ambilis.

He was heading this way. Mali yung ginagawa niya dahil sa one-way ang kalsadang tinatayuan ko.

ONE-WAY ANG KALSADANG TINATAYUAN KO!

I turned around... May nakita akong truck... It was, I`m sure, heading towards me. Habang papalapit `to sakin, nakikita ko ang driver nitong natutulog. I AM TOTALLY DEVASTATED.

Lumingon ako sa sportscar ni Lex, it was gone. And the next second... It was crashing with the ten-wheeler truck that should, in any minute now, kill me.

"Lex~" My tears flowed.

Ang sportscar niya ay nagmula sa right side ko, binangga ang truck sa harapan ko at tumilapon ang dalawa sa left side ko. THIS HAPPENED ALL BEFORE MY EYES.

Habang tinitingnan ko ang sportscar niyang binabangga ang truck na nasa harapan ko na ng mga oras na yun. AKO DAPAT YUNG NASAGASAAN! BAKIT NIYA BINANGGA!?

Nag slowmotion sa akin ang lahat ng nangyari. I cannot imagine this. I cannot believe this. Can someone wake me up from this nightmare?

Nakanganga lang ako at tulala. Ito ang gabing umiyak ako ng sobrasobra. Ito ang pinakamaraming luha na naiyak ko sa tambuhay ko. Habang nakikita ko ang mga police na dumarating at nagtatraffic. Marami na ring sumasaway sa akin na umalis na sa kinatatayuan ko.

I glanced at the sportscar. It was totally destroyed by the tenwheeler truck.

May mga ambulansyang dumating... naglakad ako patungo sa sportscar at tenwheeler na nagsalpukan. The policemen stopped me.

And I saw blood... from the sportscar.

Last Sign~

Dumilat ako at naamoy ko ang pabango ni Lex. Mataas na pala ang araw. Kahit tinatabunan ang araw ng mga dahon, nakikita ko parin ito. Gumalaw ako para makita ang kasama ko.

"Good morning!" Ngumiti si Lex.

Ngumiti rin ako.

Summer na at nasa Sortee ulit kami ni Lex.

Nakaligtas siya sa aksidente. Nahospital naman siya pero milagrong walang malaking damage sa kanya. Buti na lang talaga, dahil kung hindi, baka mawalan na ako ng pag-asa.

Umupo ako ng maayos sa duyang hinihigaan namin. Ginawa ko palang unan ang braso niya. Kawawa naman siya, kagabi pa kasi kami dito at di ko namalayang nakatulog na pala ako. Linagyan din pala niya ako ng kumot, kaya pala wala akong naramdamang lamig.

"Ah..." Sabi niya sabay kuha sa braso niyang ginawa kong unan.
"Sorry..." I rubbed my eyes.

Umupo na rin siya.

"Ba`t di mo naman kinuha kagabi? Sana di mo ko hinayaang makatulog ako sa braso mo, yan tuloy-" Tiningnan ko siya pero nakangiti lang siya sakin. "-ano? May dumi ba ako sa mukha?"

He shook his head.

"Ayan ka na naman ah... Nakakainis ka na. Ginagawa mo na ang lahat ng gusto ko. Di ka ba natatakot na baka ma-spoil mo ko niyan?"
"Hindi naman... Gusto ko rin naman yun eh."

Napailing ako.

"Since di ko na complete ang 24 signs, gagawin ko na lang ang lahat na gusto mo." Sabi niya.
"Ang OA mo... di mo naman kailangang makuha ang signs eh. Nasa akin parin ang huling desisyon..."

Tinitigan ko siya.

"Di mo naman kailangang kumpletuhin yun eh, kasi... mahal na kita."

Ngumiti siya at niyakap ako.

Pagyakap niya, hindi ko alam kung bakit ako napaluha. Nakapagtataka, dahil masaya naman ako... pero umiiyak ako.

"B-Bakit?" Tanong niya habang hinaharap ako.

I wiped my tears.

"Wala. hehe. Drama lang. Masaya lang ako."

He looked at me straight in the eyes, then he tried to wipe my tears.

Ngayon, hinayaan ko na siyang punasan ang mga luha ko. It was... the moment... I`ve been waiting for.

"Ganito lang ang gusto kong mangyari... ang punasan ang luha mo dahil masaya ka. Ayokong nakikita kang nasasaktan... lalong lalo na, kapag ang dahilan ay ako."

Hunghang talaga `tong boyfriend kong `to. Kung gusto niyang magsama kami ng mahabang panahon, hinding hindi niya yun maiiwasan... kahit di man niya ako sasaktan, di niya maiiwasang makita akong umiiyak.

"Kaya... Summer, please, if you can, hold your tears when your sad. Because I don`t think I can forgive my self if I see you crying."

Tumawa ako pero mas lalo akong naluha.

"gag0, di naman yun maiiwasan." Tumawa pa ako.

Seryoso naman ang mukha niya.

"O sige na... Kakayanin ko yang hinihingi mo. Tingnan ko lang kung kaya ko. Siguro, kaw naman `tong iyakin eh." Tumawa ako.

At yinakap niya ulit ako ng mahigpit.

I hugged him back.

Pinikit ko ang mga mata ko para maiwasan kong lumuha ulit. I wanted him on my life... and I`ll do everything to make him stay on my life.
Even if it means everything. And that is the only thing I can promise him.